


Maliwanag na sinasabi sa atin ng Ebanghelyo na sa kabila ng pagpapahayag ni Jesus ng pagdating ng Paghahari ng Diyos sa kanyang maliit na bansa, binigyang-pansin din niya ang paghubog sa mga "apostol" o mga isinugo niya upang palaganapin ang mensahe sa buong daigdig dahil sila ang pundasyon ng kanyang Iglesya.

Ano ang nangyari mula sa mga apostol hanggang sa atin? Mangangailangan tayo ng maraming libro para maisalaysay ang buhay ng ating mga kapatid sa pananampalataya sa loob ng dalawampung dantaong pagpapatuloy ng Iglesyang itinatag ni Kristo. Huwag tayong magtaka na walang sigla ang maraming Kristiyano: ito ang kalagayan ng tao. Ang mga karanasan at mga gawa ng mga tunay na sumasampalataya, ang mga apostol at mga martir, ang talagang mahalaga sa atin. Ang *Mga Gawa ng mga Apostol* ang unang aklat na nagsasabi sa atin tungkol dito. Sinulat ito mismo ng ebanghelistang si Lucas. Dito sinasabi sa atin ni Lucas ang tungkol sa mga unang yugto ng Iglesya sa mga taong kasunod ng muling pagkabuhay ni Kristo.

Interesado rin tayo sa aklat ng Mga Gawa sa isa pang dahilan: sa kasalukuyang mga taon, nasasaksihan natin ang pagbagsak ng maraming istrukturang dahilan ng pagiging malaking-malaking institusyon ng Iglesya. At may kutob tayo na muli lamang magkakaroong-sigla ang napakalaking katawang ito sa pamamagitan ng pagyabong at pagdami ng mga tunay na pamayanang Kristiyano. Itinuturo mismo sa atin ng aklat ng Mga Gawa kung paanong lumitaw ang mga unang komunidad sa pamamagitan ng paggawa ng mga apostol at pagkilos ng Espiritu Santo.

Hindi nasaksihan ni Lucas ang simula dahil pagano pa siya noon at nakatira sa labas ng Palestina sa Antiokiya. Ngunit nang maging Kristiyano siya, sumama siya kay Pablo sa mga misyon nito mula sa taong 50. Kayat parang may dalawang bahagi ang aklat ng Mga Gawa. Sa unang bahagi, mga kabanata 1-15, tinipon ni Lucas ang lahat ng puwede niyang malaman tungkol sa unang dalawampung taon ng Iglesya. Sa ikalawang bahagi naman, mga kabanata 15-28, iniwan niya sa atin, higit sa lahat, ang ulat tungkol sa nakita niyang ginagawa ng kanyang gurong si Pablo. Nagtatapos ang aklat sa taong 62.

**Iniakyat sa langit si Jesus**

**1** • 1 Sa unang aklat, Teofilo, tina-
lakay ko ang lahat ng ginawa at
itinuro ni Jesus mula sa simula 2 hang-
gang sa araw na iniakyat siya. Ngunit sa
pamamagitan ng Espiritu Santo, tina-
gubilinan niya ang mga apostol na
kanyang pinili.
3 Pinatunayan niya sa maraming pag-
kakataon na siya ay buhay matapos
siyang maghirap. Napakita siya sa kanila
sa loob ng apatnapung araw at nagturo
siya sa kanila ng tungkol sa Kaharian ng
Diyos. 4 Minsang salu-salo sila, inutusan
niya sila: "Huwag kayong umalis sa
Jerusalem, hintayin ninyo ang pangako
ng aking Ama. Ito ang tinutukoy ko nang
sabihin ko sa inyo: 5 nagbinyag sa tubig si
Juan, pero sa loob lamang ng ilang araw
ay bibinyagan kayo sa Espiritu Santo."
6 Nang minsang magkakasama sila,
itinanong nila sa kanya: "Panginoon, sa
oras na ito mo ba itatayong muli ang
Kaharian ng Israel?" 7 Sumagot siya:
"Hindi para sa inyo ang malaman ang
mga panahon o araw na itinakda ng Ama
sa sarili niyang kapangyarihan. 8 Ngunit
palalakasin kayo sa pagdating sa inyo ng
Espiritu Santo, at kayo ang magiging mga
saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea,
pati sa Samaria, at hanggang sa dulo ng
daigdig."
9 Pagkasabi niya nito, iniakyat siya ha-
bang nakatingin sila, hanggang ikubli siya
ng ulap at mawala sa kanilang paningin.
10 Nakatitig pa sila sa langit nang may
tumayong dalawang lalaking nakaputi sa
tabi nila at nagsabi: 11 "Mga taga-Galilea,
bakit kayo nakatingala sa langit? Itong
Jesus na kinuha sa inyo at iniakyat sa
langit ay babalik din sa inyo, kung paano
ninyo siya nakitang pumunta sa langit."

**Hinihintay ng mga alagad ang Espiritu Santo**

• 12 Bumalik sila sa Jerusalem mula sa
tinatawag na Bundok ng mga Olibo, na
mga labinlimang minuto ang layo.

---

• **1.**1 Si Lucas ang sumulat ng Mga Gawa. At inihahandog niya ang librong ito kay Teofilo na siya rin niyang pinaghandugan ng kanyang Ebanghelyo (Lc 1:1).

Sa unang pahinang ito, hindi na si Jesus na naglakad kasama ng kanyang mga apostol sa Palestina ang nagsasalita kundi si Jesus na Muling Nabuhay. Siya pa rin siyempre iyon. Pero ganap nang nalampasan ni Jesus ang mga pinto ng kamatayan at nakikibahagi sa Luwalhati ng Ama. Subalit gusto niyang magpakita sa Kanyang mga alagad sa loob ng ilang araw at ibigay sa kanila ang kanyang mga huling tagubilin.

Natupad na ang misyon ni Jesus sa piling ng mga tao, at dumating na ang panahon ng Espiritu. Isusugo ni Jesus ang kanyang Espiritu sa mga sumasampalataya upang maipagpatuloy nila ang pagpapahayag ng Mabuting Balita sa daigdig. Ang pagtatatag ng Iglesya ang siyang unang gawain ng mga apostol. Ang kamatayan ang pumigil kay Jesus sa pagtatatag ng Iglesyang ito; at sa kanyang pagkamatay, inihabilin niya ang malaking proyektong ito sa mga kamay ng kanyang Ama.

Hindi na ngayon nakikita si Jesus sa ating piling, at ito'y sa ating kapakinabangan din (Jn 16:17), sapagkat kailangan nating akuin ang ating mga responsabilidad. Subalit nadidiskubre ng pamayanang Kristiyano, nang may pagkabigla sa simula at pagkatapos ay may galak, na ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu ni Jesus, ay kumikilos sa kanilang piling.

*Sa oras na ito mo ba itatayong muli ang Kaharian ng Israel?* Ipinagkakamali pa rin ng mga apostol ang kaharian ng Panginoong Diyos sa pagpapalaya sa Israel na kanyang bayang banal. Ang totoo'y higit na mas malawak ang layunin ng Diyos. Babaguhin ng Ebanghelyo ang kasaysayan ng sangkatauhan at bawat tao, pati mga kultura. At ang Ama lamang ang nakaaalam ng mga takdang panahon at mga kahihinatnan ng kasaysayang ito, na siyang higit na pinagkakaabalahan ng mga tao sa ngayon.

*Iniakyat siya.* Ganito ang paraang ginusto ni Jesus para iwan sila ayon sa kultura ng panahong iyon. Sapagkat iniisip ng mga tao noon na ang Langit ay nasa itaas ng lupa. Ngunit alam nating wala sa itaas ni sa ibaba ang Langit at wala saanman sa buong sanlibutan. Nasa sentro-espirituwal na iyon si Jesus – si Jesus nga mismo ang sentro-espirituwal, at nagmula rito ang kasaysayan ng mundo.

• 12. Naintindihan ng mga apostol ang mga paunawa ni Jesus. Hindi nila masisimulan ang misyon na ganoong kahirap na ipinagkatiwala niya sa kanila hangga't hindi pa natatanggap ang Espiritu Santo. At dahil nagawa na nila ang lahat ng dapat nilang gawin bilang paghahanda sa kanilang misyong ito, inilalagay nila ang kanilang mga sarili sa kamay ng Diyos. Kaya dapat nilang matanggap ang panahong kanyang itinakda: ang Espiritu ay kaloob ng Diyos na hindi sapilitang mahihingi ninuman.

13 Pagdating nila sa lunsod, pumanhik sila
sa silid sa itaas ng bahay na kanilang
tinutuluyan. Sila sina Pedro at Juan,
Jaime at Andres, Felipe at Tomas,
Bartolome at Mateo, Jaimeng anak ni
Alfeo, Simong Makabayan, at Judas na
anak ni Jacobo.
14 Nagkakaisa sila ng diwa at patuloy
na nananalangin, kasama ang ilang babae,
pati si Mariang ina ni Jesus, at ang
kanyang mga kapatid.

**Napili si Matias**

• 15 Nang panahong iyon, tumindig si
Pedro at nagsalita sa mga kapatid – mga
sandaa't dalawampu sila. Sinabi niya:
16 "Mga kapatid, kailangang matupad ang
Kasulatan tungkol kay Judas. Sinabi nga
ng Espiritu Santo sa pamamagitan ni
David ang tungkol sa kanya na siyang
naghatid sa mga dumakip kay Jesus.
17 Dati'y isa siya sa amin at kasama naming
tinawag sa paglilingkod.
18 (Gaya ng alam ninyo, ibinili niya ng
lupa ang bayad sa pagkakasala. Dito siya
bumagsak na una ang ulo, pumutok ang
kanyang tiyan at lumuwa ang mga bituka.
19 Nabalitaan iyon ng lahat ng nasa Jerusalem,
at tinawag nilang Akeldama ang
lugar na iyon sa kanilang wika, na ibig
sabihi'y, "Bukid ng Dugo.")
20 Nasusulat sa Aklat ng mga Salmo:
*Wasakin ang kanyang tirahan nang
di na matirhan ninuman.* Ngunit sinasabi
rin namang: *Ibigay sa iba ang kanyang
tungkulin.* 21 Kaya kailangang pumili tayo
ng isang lalaki sa mga kasama natin sa
buong panahong gumawa ang Panginoong
Jesus sa piling natin, 22 mula sa
pagbibinyag ni Juan hanggang sa araw na
iakyat siya. Isa sa kanila ang dapat maging
saksing kasama natin sa kanyang
Muling Pagkabuhay."
23 Dalawa ang iminungkahi nila: si Jose
na tinatawag na Barsabas na may palayaw
na Justo, at si Matias.
24 Nanalangin sila: "Panginoon, alam
mo ang puso ng bawat isa. Ipakita mo sa
amin kung sino sa dalawang ito ang iyong
hinirang 25 maging apostol na gaganap sa
tungkuling tinalikuran ni Judas patungo
sa dapat niyang kalagyan."
26 At nagpalabunutan sila, at si Matias

---

Pansinin na naroon din si Maria pati ang mga "kapatid ni Jesus" na mabagal maniwala sa Kanya ngunit ngayo'y ginagamit ang kanilang pagiging mga kamag-anak niya't mga kababayang taga-Nazaret.

Mahalagang papel ang ginampanan ni Mariang ina ni Jesus noong mga araw na iyon. Noon sinikap ng mga apostol na sama-samang pagnilayan ang lahat nilang nakita at natutuhan kay Jesus upang linawin ang mensaheng dapat nilang ibigay sa daigdig. Tinulungan sila ni Maria na siyang kaisa-isang saksi sa Pagbabalita ng Anghel Gabriel at pansariling buhay ni Jesus upang maunawaan nila ang misteryo ng kanyang pagka-Diyos.

• 15. Siyam na araw ang lumipas mula sa Pag-akyat sa langit ni Jesus hanggang Pentekostes. Dito galing ang kaugalian ng pagdarasal sa loob ng siyam na araw na tinatawag na nobena. Ang siyam na araw na paghahanda para sa Pentekostes ang pinakamahalagang nobena, sapagkat dito natin hinihingi ang Espiritu Santo.

May lider ang komunidad at ito si Pedro. At nabubuo sila sa paligid ng grupo ng Labindalawang pinili at tinuruan ni Jesus.

Pansinin ang kailangan sa kahalili ni Judas para maging apostol. Una, dapat siyang saksi sa Muling Pagkabuhay ni Jesus upang sa piling ng mga tao'y maging saksi naman siya sa misteryo ng kamatayan at muling pagkabuhay na isinasagawa sa atin ng Diyos. Sa gitna ng unang komunidad, ang mga apostol ang mga tunay na saksi ni Jesus, at sila ang magbibigay interpretasyon sa kahulugan ng kanyang buhay.

Mula sa pagkakataong ito, hindi na magiging sapat basta na lamang sumampalataya kay Kristo sa kanyang sariling paraan para masabing Kristiyano; kailangang magiging kanya ang pananampalataya ng mga apostol at kanilang mga kahalili.

Pansinin din kung paanong nabubuo ang pasya sa kapangyarihan ni Pedro, sa pananagutan ng buong komunidad at sa pagpapalabunutang ito na pagbibigay-daan sa pagkilos ng Espiritu Santo. Ang paraang ito ng pagkilos ay isang huwaran para sa Iglesya sa habampanahon. Hindi basta na lamang naipapataw ng mga kahalili ng mga apostol at mga pinuno ng mga komunidad ang kanilang kapangyarihan mula sa itaas nang walang pagsang-ayon ang Iglesya. At hindi rin naman makapipili ang komunidad ng mga lider nito nang walang pagsang-ayon ng mga kahalili ng mga apostol sa Iglesya.

ang napili at isinama siya sa labing-isang
apostol.

### Ang pagdating ng Espiritu Santo

**2** • 1 Nang sumapit ang Araw ng
Pentekostes, magkakasama ang
mga apostol sa iisang lugar. 2 Biglang-
biglang may narinig na isang malakas na
ugong mula sa langit na parang malakas
na hangin at pinuno niyon ang buong
kabahayang kinaroroonan nila. 3 May
nakitang parang dilang-apoy na naghiwa-
hiwalay at tumigil sa bawat isa. 4 Napus-
pos silang lahat sa Espiritu Santo at nag-
simulang magsalita sa ibang mga wika
ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu na sali-
tain ng bawat isa.
5 Maraming relihiyosong Judio ang
nasa Jerusalem noon, at galing pa sa iba't
ibang bansa. 6 Nang marinig nila ang
ingay na iyon, nagkalipumpon sila at nag-
taka dahil nakilala ng bawat isa ang sarili
niyang wika sa mga sinasabi. 7 Namangha
sila at nagtaka, at kanilang sinabi:

"Di bakit mga Galileo ang lahat ng nag-
sasalita? 8 Paano sila naririnig ng bawat
isa sa atin sa mga katutubo nating wika?
9 Dito'y may mga taga-Partia, mga taga-
Media, mga taga-Elam, mga naninirahan
sa Mesopotamia, Judea, Capadocia,
Ponto at Asia. 10 Ang iba sa ati'y galing pa
sa Frigia, Panfilia at Ehipto, at sa mga
rehiyon ng Libya na sakop ng Cirene; may
mga bisitang galing sa Roma, mga Judio
o kumbertido sa Judaismo; 11 may mga
taga-Creta at Arabia. Pero naririnig nating
lahat sila sa kanya-kanyang wika natin na
ipinahahayag ang mga dakilang gawa ng
Diyos." 12 Nagtaka sila at di makapani-
wala, at nagtanungan: "Ano ang ibig sabi-
hin nito?" 13 Pero nagtawa naman ang iba
at sinabing: "Nasobrahan lamang sila ng
bagong alak."

---

• **2.**1 Ang *Pentekostes* na ibig sabihi'y "limampung araw" ang ikalimampu pagkatapos ng Paskuwa, ang isa sa pinakaimportanteng piyesta ng mga Judio. Kaya marami sa mga Judiong nakatira sa ibang bansa ang nagbalik-bayan at nasa Jerusalem noon bilang mga manlalakbay.

Naganap sa araw ding iyon ang *binyag sa apoy* na ipinahayag ni Juan (Lc 3:16). Isinugo ng Diyos ang Espiritu ng Kanyang Anak at isinilang kasabay nito ang Iglesya. Dahil ang Iglesya ay hindi institusyong itinayo ng tao o gawa ng isang grupo ng mga sumasampalataya; galing ito sa pagkukusa ng Diyos. At nais Niyang masaksihan ng mga kinatawan ng lahat ng bansa ang pangyayaring ito.

Tanda ng pagdating ng Espiritu Santo ang *malakas na hangin.* Sa wikang Hebreo, iisang salita lamang ang ginagamit para sa *espiritu, hininga* o *hangin*. Sa pagtutulak ng Espiritu nagsimulang magsalita si Pedro (tingnan Jn 15:26 at 16:13). Alam na ngayon ng mga apostol kung ano ang masasabi nila, kaya may lakas silang nakapagsasalita.

Bukod-tangi ang pangyayari ng Pentekostes tulad ng Muling Pagkabuhay. Ngunit nanatili pa rin ito bilang modelo ng iba pang pagkilos ng Espiritu sa kasaysayan. Sa isang dako, patuloy pa ring nagpapalitaw ang Espiritu ng mga kilusang apostoliko, na siyang nagiging bagong dugo ng Iglesyang patuloy na tumatanda at patuloy rin namang nagkakaroon ng bagong buhay.

Dumating ang Espiritu para sa Iglesya. Dumating din ito para patatagin o pagtibayin ang mga sumasampalataya. Nagpapatuloy ang binyag sa apoy na tinanggap ng mga apostol sa kumpil na tinatanggap natin (tingnan ang komentaryo sa 8:9).

*Nakilala ng bawat isa ang sarili niyang wika sa mga sinasabi.* Kaiba ito sa nangyari noong araw sa Tore ng Babel, nang hindi na naintindihan ng mga taong rebelde sa Diyos ang lengguwahe ng isa't isa. Mauunawaan natin ngayon dito na pinagbubuklod ng Ebanghelyo ang sangkatauhang laging nahahati sa mga grupo, mga pangkat o mga partido na di nagsasalita ng parehong lengguwahe dahil bawat isa'y lengguwahe ng sarili niyang mga pangarap, takot o interes ang kanyang sinasalita.

Sa pangyayaring hatid ng Pentekostes, napatutunayan natin sa kauna-unahang pagkakataon ang "kaloob ng pagsasalita sa iba't ibang wika." Isa ito sa mga kaloob na ibinibigay ng Espiritu para patotohanan ang kanyang presensya. Nagsalita siyempre si Pedro sa wika ng mga Judio at naunawaan siya ng karamihan sa mga naroon na nakauunawa rin nito. Ngunit kasabay binigyan ng kaloob na mangusap sa iba't ibang wika ang mga Kristiyanong nakapaligid kay Pedro at nagsimula silang magpuri sa Diyos. Nakilala ang mga wikang ito ng mga Judiong galing sa maraming bansa kayat nagtaka sila sa pagkarinig sa mga mananampalatayang "Galileo."

Alam natin na isang pagpapatunay ng presensya ng Espiritu *ang kaloob na pagsasalita sa iba't ibang wika.* Naririto ang inspirasyon at pagtutulak na purihin ang Diyos sa mga salita ng isang buhay na lengguwahe, pero hindi ito naiintindihan ng nagsasalita. Nakadarama siya ng lubos na kaligayahan sa pagkakitang ginagamit siya ng Diyos bilang kasangkapan at nararamdaman niya mismo na dapat na ipaubaya nang buung-buo ang sarili sa pagkilos ng Espiritu (tingnan 1 Cor 12 at 14).

**Unang pagpapatotoo kay Jesus**

• 14 Kaya tumayo si Pedro kasama ng Labing-isa, nagsalita nang malakas at sinabi:

"Mga taga-Judea, at lahat kayong nasa Jerusalem ngayon, unawain ninyo ang nangyayari at pakinggan ang aking sasabihin. 15 Hindi lasing ang mga taong ito, gaya ng inyong iniisip; aalas nuwebe pa lamang ng umaga. 16 Pero nagkatotoo nga ang ipinahayag ni Propeta Joel:

17 *Sa mga huling araw, sabi ng Diyos, ibubuhos ko sa lahat ng tao ang aking Espiritu. Magsasalita sa Espiritu ang inyong mga anak na lalaki at babae. Makakakita ng mga pangitain ang mga binata, at mangangarap ng mga panaginip ang matatandang lalaki.*

18 *Sa mga araw na iyon, ibubuhos ko ang aking Espiritu maging sa aking mga alipin, lalaki man at babae, at magiging propeta sila.* 19 *Magpapakita ako ng mga kababalaghan sa langit sa itaas at ng mga tanda sa lupa sa ibaba.*

20 *Magiging kadiliman ang araw at dugo ang buwan bago magbukanliwayway ang dakilang araw ng Panginoon.* 21 *Ngunit maliligtas ang sinumang tatawag sa ngalan ng Panginoon.*

22 Mga Israelita, pakinggan ninyo ang sasabihin ko!

Ipinadala ng Diyos si Jesus na taga-Nazaret na pinatutunayan ng mga himala, kababalaghan at tanda na ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya sa piling ninyo tulad ng alam na ninyo. 23 Pinapahirapan at ipinapatay nga ninyo siya sa mga pagano at ito'y nangyari sa takdang pasya ng Diyos na alam na ang lahat ng ito sa mula't mula pa. 24 Ngunit binuhay siyang muli ng Diyos at pinalaya sa mga gapos ng kamatayan sapagkat hindi ito

---

• 14. Ito ang unang pagpapahayag ng Muling Pagkabuhay ni Jesus.

Ipinahahayag ni Pedro si Jesus mula sa mga tandang kabibigay lamang ng Diyos; ang pagkilos ng Diyos, ang ingay sa paligid ng bahay at ang ekstraordinaryong ginagawa ng mga sumasampalataya. Kaya pinaguugnay ni Pedro ang mga nakikita at nasasaksihang pangyayaring ito sa iba pang bagay na hindi nakikita ng tao at kanyang pinagtitibay: Muling Nabuhay si Jesus at ibinibigay niya ngayon ang Espiritu.

*Ibubuhos ko sa lahat ng tao ang aking Espiritu* (17). Bago dumating si Jesus, sa mga propeta lamang ipinagkakaloob ang Espiritu. Subalit ayon sa ipinahayag ni Joel (3:1) ang buong sambayanan ni Kristo ang tumatanggap ngayon ng Espiritu mula kay Kristo.

*Magiging kadiliman ang araw* (20). Ang kaloob na ito ng Diyos ang tanda ng pagdating ng isang "Paghuhukom" o kakaibang krisis kung saan tanging ang mga sumasampalataya lamang ang maliligtas (maaaring mangyari ang ganitong mga krisis sa buong kasaysayan).

*Ipinadala ng Diyos si Jesus na taga-Nazaret* (22). Pinawalang-sala ni Pedro ang ngalan ni Jesus na hinatulang mamatay ilang linggo pa lamang ang nakararaan. Itinuring siya ng marami bilang propeta, ngunit sawing propeta. Subalit ang pinakaimportante ngayon ay hindi ang isulat ang kanyang mga salita kundi siya mismo ang ipahayag. At ipinahayag na ngayon ni Pedro na ipinagkaloob sa Kanya ng Diyos ang isang bagay na di kapani-paniwala na. Muling mabubuhay si Jesus. Kay Jesus nagkakatotoo ang mga pangako sa Banal na Kasaysayan (15-31); na sa pamamagitan niya, ngayo'y nakaaabot sa lahat ng tao (32-39).

*Ang Jesus na ito na ipinako ninyo* (36). Napakabigat na pahayag nito. Tinutuligsa ni Pedro ang kasalanan ng bayang nagpabaya kay Jesus, ang krimen ng mga pinunong pumatay sa Kanya sa pagkasangkapan sa katarungan. Maaaring maparatangan si Pedro ng pakikialam sa pulitika dahil binubuo ng mga aral ni Jesus ang isang landas ng pagkilos na walang-karahasan, na bagung-bago sa kasaysayan at hindi mapaniwalaan ng kanyang mga kababayan. Nililigalig ng daang ito ang lahat ng nagpapahalaga sa karahasan at paghihiganti para malampasan ang krisis, ang marami sa mga nasa pulitika. At parang ilusyon lamang ito sa mga hindi nakakakita na ang mga bagong tao lamang ang makagagawa ng bagong mundo.

*Ano ang gagawin namin?... Magsisi kayo.* Nang panahong iyon, ang magsisi at magbalik-loob ay nangangahulugan ng pakikibahagi sa buhay ng Iglesyang babagong simula na nagpakita sa bayan sa daan ng kaligtasang itinuro ni Jesus. Hindi lumalabas na isang bagong relihiyong salungat sa Judaismo ang Iglesya, kundi isang sentro ng mas makabuluhang buhay.

*Iligtas ang inyong sarili sa masamang lahing ito* (41). Dahil iwinala ng buong salinlahing iyon ang kaisa-isang pagkakataong ibinibigay sa kanila ng Diyos. Sapagkat inanyayahan sila ng Diyos na gawin ang pinakamahalagang hakbang sa Banal na Kasaysayan: mapagtatagumpayan ng bayang nagsasabuhay sa Ebanghelyo kahit na ang opresyon ng mga Romano. At kasabay nito, madidiskubre rin nila kay Jesus ang

maaaring makapangyari sa kanya. 25 Si-
nabi nga ni David:

*Nakita kong lagi sa aking harap ang
Panginoon. Nasa kanan ko siya upang
ako'y di maligalig.* 26 *Kayat nagalak ang
aking puso at humiyaw sa tuwa ang
aking dila; at pati katawan ko'y hihimlay
sa pag-asa* 27 *na hindi mo ako paba-
bayaan sa Lugar ng Mga Patay at hindi
ipahihintulot na dumanas ng pagkabulok
ang iyong Banal.* 28 *Itinuro mo sa akin ang
mga daan ng buhay, pupuspusin mo ako
ng tuwa sa iyong harapan.*

29 Mga kapatid, hindi mapag-aalinla-
nganang patay na at inilibing ang patri-
yarkang si David; naririto sa atin ang kan-
yang libingan hanggang ngayon. 30 Ngunit
isa siyang propeta at alam niyang nanga-
ko ang Diyos sa kanya na isa sa kanyang
inapo ang luluklok sa kanyang trono.
31 Kaya nakita niya at nangusap siya tung-
kol sa Muling Pagkabuhay ng Mesiyas:
*hindi siya pinabayaan sa lugar ng mga
patay, at hindi dumanas ng pagkabulok
ang kanyang katawan.*

32 Si Jesus ang Mesiyas na ito at saksi
kaming lahat na binuhay siyang muli ng
Diyos. 33 Matapos siyang itaas ng kanang
kamay ng Diyos, tinanggap niya sa Ama
ang ipinangakong Espiritu Santo. At ka-
bubuhos lamang niya nito ngayon gaya
ng nakikita ninyo at naririnig.

34 Hindi nga rin umakyat sa langit si
David, pero siya mismo ang nagsabing:
*Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon:
Maupo ka sa aking kanan* 35 *hanggang
ang mga kaaway mo ay magawa kong
patungan ng iyong mga paa.*

36 Dahil dito, alaming mabuti ng buong
Israel na ginawa ng Diyos na Panginoon at
Kristo ang Jesus na ito na ipinako ninyo."

37 Nang marinig ito ng mga naroon, lub-
hang nabagabag ang kanilang kalooban,
at sinabi nila kay Pedro at sa ibang mga
apostol: "Ano ang gagawin namin, mga
kapatid?" 38 Sumagot si Pedro: "Magsisi
kayo, at pabinyag ang bawat isa sa Nga-
lan ni Jesucristo upang mapatawad ang
inyong mga kasalanan, at tatanggapin
ninyo ang kaloob na Espiritu Santo.
39 Sapagkat para sa inyo at sa inyong mga
anak ang pangako, at sa lahat ng nasa
malayo na tatawagin din ng Panginoon
nating Diyos."

40 Nagpatuloy siyang magbigay-pato-
too sa iba pang pananalita at hiniling sa
kanila: "Iligtas ninyo ang inyong sarili sa
masamang lahing ito." 41 Kaya bininyagan
ang mga tumanggap sa sinabi ni Pedro.
Mga tatlong libo ang nadagdag sa kani-
lang bilang nang araw na iyon.

**Ang unang komunidad**

• 42 Nanatili silang matapat sa aral ng
mga apostol, sa pagsasamahan, sa pag-
hahati ng tinapay, at sa pananalangin.

43 Naghari ang pitagan sa lahat ng tao;

---

pag-ibig ng Diyos Ama, na ipinahiwatig na ng buong Biblia.

*Mga tatlong libong tao ang nadagdag sa kanilang bilang.* Kilala na nila si Jesus pero hindi pa nila naitatalaga ang kanilang sarili sa Kanya. Pinagpapabagong-buhay sila ng pinagsanib na gawa ng Espiritu Santo at ng mga apostol sa pagpapahayag ng kanilang pananampalataya. Hindi masasabi ng isang Iglesyang hindi kakikitaan ng mga tanda ng paggawa ng Espiritu Santo na buhay sa kanyang piling si Jesus.

• 42. Nadarama ng mga bininyagan na pinagbubuklod sila ng bagong pananampalataya at hangad nila ang buhay-komunidad. Sa pagtitipon nila sa bahay-bahay, nabubuo sila sa mga komunidad na di naman gaanong malalaki at magkakakilala at nakapagbabahaginan sila bilang magkakapatid.

Sinasabi sa atin ni Lucas ang ginagawa nila, at mahalagang bigyang-pansin ang pagkakasunud-sunod ng kanilang gawain ayon sa kahalagahan ng mga ito:

– una, ang "aral ng mga apostol,"

– dito isinisilang ang diwa ng sama-samang pamumuhay Kristiyano na nagbibigay ng espesyal na pansin sa mga dukha (tingnan kab. 4)

– saka pa lamang maipagdiriwang ang "paghahati ng tinapay," o Eukaristiya (o misa);

– at bilang pagpapatuloy ng Eukaristiya ang mga sama-samang "panalangin" ng pasasalamat sa Diyos na nagligtas sa kanila.

Hindi gaanong buhay ang maraming pamayanang Kristiyano ngayon dahil kinalimutan nila ang unang puntos na siyang saligan ng lahat ng iba pa.

Sumasaatin ang Espiritu ni Jesus sa pamamagitan

at maraming kababalaghan naman at
tanda ang ginawa ng mga apostol.
44 May iisang diwa ang lahat ng suma-
sampalataya at inari nilang para sa lahat
ang lahat. 45 Ipinagbili nila ang kanilang
mga ari-arian at lahat ng meron sila, at
pinaghati-hatian ang pinagbilhan ayon sa
pangangailangan ng bawat isa.
46 Araw-araw silang nagsasama-sama
nang matagal sa Templo, at sa kanilang
mga tahanan din sa paghahati ng tinapay;
buong galak at katapatan ng puso silang
kumakain.
47 Pinupuri nila ang Diyos at iginalang
sila ng lahat, at araw-araw ay may idina-
dagdag ang Panginoon sa bilang ng mga
naliligtas.

**Pinagaling nina Pedro at Juan ang isang lumpo**

3 • 1 Minsan, sa pagpunta nina Pedro
at Juan sa Templo sa ikatlo ng
hapon na oras ng panalangin, 2 may di-
nala roong isang lalaking ipinanganak na
lumpo. Inilalagay siya araw-araw sa may
pasukan ng Templo na tinatawag na
"*Magandang Pintuan.*" Dito siya nagpa-
palimos sa mga pumapasok sa Templo.
3 Pagkakita ng lalaking ito kina Pedro at
Juan na papasok sa Templo, humingi siya
ng limos. 4 Tinitigan siya nina Pedro at
Juan, at sinabi ni Pedro: "Tumingin ka sa
amin." 5 Tumingin naman ang lalaki, sa
pag-asang tatanggap ng limos. 6 Ngunit
sinabi ni Pedro: "Wala akong pilak o ginto,
pero ibinibigay ko sa iyo ang meron ako:
sa Ngalan ni Jesucristo ng Nazaret, luma-
kad ka!" 7 At hinawakan siya ni Pedro sa
kanang kamay at tinulungang tumindig.
Biglang lumakas ang kanyang mga
paa at bukung-bukong. 8 Palukso siyang
tumindig at nagsimulang humakbang, at
sumama siya kina Juan at Pedro sa loob
ng Templo: lumalakad, lumulundag at
nagpupuri sa Diyos.
9 Nakita siya ng lahat na lumalakad at

---

ng Salita at ng Eukaristiya: ang mga ito ang bukal ng sigla at buhay ng Iglesya. Pero ang Salita ay hindi nangangahulugan ng pag-aaral ng Biblia para malaman lamang ang Biblia. Tinutulungan tayo ng Biblia na makita kung paanong patuloy na nangungusap sa atin ang Diyos sa pamamagitan ng mga pangyayari sa kasalukuyan, maging personal o pampamayanang Kristiyano o pandaigdig.

Ang pananalitang *paghahati ng tinapay* ay maaaring mangahulugan ng anumang kainan ng mga Judio na nagsisimula sa pagbabasbas bago hatiin ang tinapay. Subalit sa simula pa lamang, inilaan na ng mga Kristiyano ang mga salitang ito para tukuyin ang Eukaristiya na muling pagdiriwang ng Huling Hapunan ng Panginoon: Gawa 20:27; 1 Cor 10:16.

*Galak at katapatan* ang nagpapatotoo sa mga pagbabagong nagaganap sa kanila at sa tunay na sama-samang pamumuhay nila bilang magkakapatid: ang lubos na pagkakasundo ng mga tao.

Hindi ito ang mababaw na kaligayahang madaling makita sa mga grupong Kristiyano na nabubuhay na walang pakialam sa mga problema ng mundo. At hindi nila maipagwawalang-bahala, ni ang kanilang mga kalaban, na hinarap nga ni Jesus ang problema ng pambansang pakikipagkasundo. *Iginalang sila ng lahat* na ang turing sa kanila'y mga taong responsable at may malasakit.

• **3.**1 Inaakala natin kung minsan na pinagagaling ni Jesus ang lahat ng maysakit: pero mali ito, dahil hindi niya pinagaling ang lumpong ito na nasa Templo araw-araw.

Naghahatid ng ibang pahayag ang bagong tandang ito.

*Bakit kayo nagulat sa nangyaring ito?* Ginawa ang himala sa *Ngalan* ni Jesus na ang Kapangyarihang tinanggap ni Jesus mula sa Ama sa sandali ng kanyang muling pagkabuhay. Nakapiling natin si Jesus bilang lingkod ni Yawe (Is 42:1; 49:1; 52:13), pero ngayon, pagpapahayag ng kanyang pagka-Diyos ang pagsasabi sa kanyang Pangalan (Mc 16:17; Fil 2:9).

*Alam kong hindi ninyo alam ang inyong ginawa.* Pero hinihingi pa rin ni Pedro na aminin nilang makasalanan sila. Kailangang umamin din tayong lahat sa salang tulad nito sa mga pang-aapi at mga krimen ng ating panahon.

*Isinugo Siya upang pagpalain kayo* (26). Dumarating ang pagpapalang ito sa mga tumatanggap makipagkasundo sa Diyos, sa pagkakita nila sa pagmamahal na inihayag niya sa atin kay Jesus. Pero hindi lamang para sa atin ang pagpapala, kundi sa pamamagitan natin na siyang bayan ng Diyos, umaabot ito *sa lahat ng pamilya sa lupa.*

*Mananatili Siya sa langit* (21). Pinasimulan ng pagdating ni Jesus "ang mga huling araw." Sa panahong ito, hindi lamang ipinagkakasundo ng Ebanghelyo ang tao sa Diyos, kundi binabago rin nito ang kamalayan ng tao at pinabibilis ang takbo ng kasaysayan na sa dakong huli'y magtutulak sa mga tao na sama-samang lutasin ang kanilang mga problema.

nagpupuri sa Diyos, 10 at nakilala nila na
siya ang lalaking dating nakaupo sa may
Magandang Pintuan ng Templo at nagpa-
palimos. Nanggilalas silang lahat at na-
mangha dahil sa nangyari sa kanya.

11 Nakakapit kina Pedro at Juan ang
lalaki; at nagtatakang patakbong nagsi-
lapit naman ang lahat sa kanila sa tinata-
wag na Patyo ni Solomon.

12 Pagkakita ni Pedro sa mga tao, sinabi
niya: "Bakit kayo nagulat sa nangyaring
ito? Mga kapatid na Israelita, bakit
tinititigan ninyo kami na parang sa kung
anong sariling kapangyarihan o kaba-
nalan namin pinalakad ang lalaking ito?
13 Ang Diyos ni Abraham, na Diyos ni
Isaac at Diyos ni Jacob, ang Diyos ng
ating mga ninuno, siya ang dumakila sa
kanyang lingkod na si Jesus na isinakdal
ninyo at itinakwil sa harap ni Pilato ga-
yong ipinasya ni Pilato na palayain siya.
14 Itinakwil ninyo ang Banal, ang Matuwid,
at hiningi na ibigay sa inyo at palayain ang
isang mamamatay-tao. 15 Pinatay ninyo
ang Mayhawak sa buhay.

Ngunit, binuhay siyang muli ng Diyos
mula sa mga patay, at kami ang mga
saksi. 16 Ang Pangalan ni Jesus at ang
pananampalataya sa kanyang Pangalan
ang nagpagaling sa lalaking ito na naki-
kita ninyo ngayon at kilala. Ang pana-
nampalatayang tumatanggap kay Jesus
ang ganap na nagpaigi sa kanya sa harap
ninyong lahat.

17 Mga kapatid, alam kong hindi ninyo
alam ang inyong ginawa, gayundin ng
inyong mga pinuno. 18 Pero tinupad
naman ng Diyos ang sinabi niya noon sa
pamamagitan ng kanyang mga propeta
na dapat magdusa ang Mesiyas.

19 Kaya magsisi kayo ngayon at mag-
balik-loob sa Diyos upang mapawi ang
inyong mga kasalanan. 20 At sa awa ng
Diyos ay sasapit ang panahon ng kagin-
hawahan, at isusugo niya sa inyo si Jesus,
ang Mesiyas, na itinalaga niya para sa
inyo. 21 Mananatili siya sa langit hanggang
sa pagpapanibago sa lahat, gaya ng
sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng kan-
yang mga banal na propeta noong araw.

22 Sinabi nga ni Moises: *Magpapadala
ang Panginoong Diyos ng isang prope-
tang tulad ko mula sa inyong mga
kapatid; at pakikinggan ninyo ang lahat
niyang sasabihin.* 23 *Sinumang di maki-
nig sa propetang iyon ay itatakwil sa kan-
yang bayan.*

24 Gayundin ang sinabi ng mga propeta
mula kay Samuel, at tungkol sa panahong
ito sila nagsalita.

25 Mga anak kayo ng mga propeta at
mga tagapagmana sa pakikipagtipan ng
Diyos sa inyong mga ninuno nang sabihin
niya kay Abraham: *Pagpapalain ko ang
lahat ng angkan sa lupa sa iyong inapo.*
26 Sa inyo unang isinugo ng Diyos ang
kanyang Lingkod; binuhay niya siyang
muli upang pagpalain kayo sa paglayo
ninyo sa masasama ninyong gawi."

**Inaresto sina Pedro at Juan**

4 • 1 Nagsasalita pa sina Pedro at
Juan sa mga tao nang biglang
dumating ang mga pari, ang kapitan ng
mga bantay sa Templo at ang mga Sad-
duseo. 2 Sumama ang loob ng mga ito
dahil nagtuturo ang dalawang apostol sa

---

Ang sangkatauha'y nasa daan tungo sa pagdating ni Kristo at ng *pagpapanumbalik* ng daigdig, ang Muling Pagkabuhay.

• **4.**1 Hinahatulan ng mga pinuno ng mga Judio sina Pedro at Juan. Hinahatulan naman ng Espiritu Santo ang mga pinuno ng mga Judio.

Naniniwala ang mga pinunong ito na nasa kanila ang katotohanan dahil may pinag-aralan sila at may kapangyarihan. Imposibleng patalo sila sa harap ng mga pangkaraniwang taong tumututol sa kanilang mga sinasabi. Samantala, ipinahahayag ni Pedro kung gaano kataka-taka ang pagdakip sa kanila dahil sa pagpapagaling sa isang maysakit (8).

Mga Sadduseo ang mga pinunong ito at hindi sila naniniwala sa pagkabuhay ng mga patay: Gawa 23:6.

Ipinapahiwatig ng tekstong ito na tayong lahat ay puwedeng maging saksi ni Kristo at ng katotohanan

bayan at ipinapahayag na napatotohanan
nga kay Jesus ang pagkabuhay mula sa
mga patay. 3 Dinakip sila ng mga ito, at
dahil gabi na ay ikinulong sila hanggang
kinabukasan.

4 Ngunit sumampalataya naman ang
karamihan sa nakarinig sa Salita, at umabot
sa mga limang libo ang bilang ng mga
lalaki.

5 Kinabukasan nagtipon sa Jerusalem
ang mga Pinuno, mga Matatanda ng
bayan at mga guro ng Batas. 6 Naroon
ang punong-paring si Anas, at sina
Caifas, Jonatan, at Alejandro at ang mga
kabilang sa pamilya ng punong-pari.
7 Pinaharap nila sa kanila sina Pedro at
Juan, at siniyasat: "Bakit ninyo ito ginawa
at kanino galing ang kapangyarihang
ito?"

8 Sumagot si Pedro na puno ng Espiritu
Santo: "Mga Pinuno at Matatanda ng
Israel, 9 nililitis kami ngayon dahil sa
pagkakawanggawa sa isang lumpo. Paano
siya umigi? 10 Alamin ninyo ito at ng
buong bayan ng Israel na malusog na
nakatayo ang lalaking ito sa harap ninyo
sa bisa ng Pangalan ni Jesucristo ng
Nazaret na inyong ipinako ngunit binuhay
na muli ng Diyos mula sa mga patay.

11 Siya nga *ang Batong itinakwil* ninyong
*mga tagapagtayo ng bahay* pero
*naging batong-panulok*. 12 Wala (ang kaligtasan
sa sino pa man, sapagkat wala)
nang ibang pangalang ibinigay sa mga
tao sa sanlibutan para maligtas tayo."

13 Namangha sila sa katatagang ipinamalas
nina Pedro at Juan, lalo pa't mga
karaniwang tao lamang sila at walang
pinag-aralan. At nakilala nila na nakasama
ni Jesus ang mga ito. 14 Pero nakita
nilang nakatindig sa tabi nina Pedro at
Juan ang lalaking pinagaling, kaya wala
tuloy silang masabi.

15 At pinalabas muna nila ang mga ito
habang nagpupulong ang mga pinuno ng
konseho. 16 At nagtanungan sila: "Ano
ang gagawin natin sa mga taong ito?
Alam sa buong Jerusalem na nakagawa
sila ng malaking himala at hindi natin ito
mapasisinungalingan. 17 Ngunit kailangang
matigil ang paglaganap ng bagay
na ito, kaya dapat natin silang pagsabihan
na huwag nang magsalita pa ng anuman
tungkol sa Pagliligtas na ito."

18 Tinawag nilang muli ang mga ito at
pinagsabihang huwag nang magsasalita
pa o magtuturo sa Ngalan ni Jesus.
19 Ngunit sumagot sina Pedro at Juan:
"Kayo mismo ang humatol kung matuwid
sa paningin ng Diyos ang sumunod sa
inyo at hindi sa Diyos. 20 Hindi namin
puwedeng hindi ipahayag ang aming
nakita at narinig."

21 Binalaan silang muli ng konseho, at
saka pinalaya. Wala nga silang maisip na
paraan para parusahan ang mga ito,
sapagkat nagpupuri sa Diyos ang lahat
dahil sa nangyari. 22 Sapagkat ang lalaking
mahimalang gumaling ay mahigit
nang apatnapung taong gulang.

**Ang panalangin ng pamayanan**

• 23 Matapos makalaya, umuwi sina
Pedro at Juan sa kanilang mga kasamahan
at ikinuwento ang lahat ng sinabi ng
mga pari at Matatanda ng bayan. 24 Nang
marinig nila ito, sama-sama silang nanalangin
sa Diyos nang malakas:

"Makapangyarihang Panginoon, may
gawa ng langit at lupa at dagat, at lahat ng
naroroon; 25 sinabi mo sa pamamagitan
ng aming amang si David na iyong lingkod,
at ng Espiritu Santo:

---

kung disidido tayong makisangkot. Kadalasa'y nagwawalang-imik tayo sa harap ng ating mga kasamahan o mga pinuno pagkat sa sariling lakas lamang natin tayo umaasa sa halip na sa Espiritu ni Kristo.

*Ang aming nakita at narinig* (20). Si Juan ang nagsasalita: tingnan ang 1 Jn 1:1.

• 23. Napagninilayan natin ang pagkakaroon at pag-unlad ng pagtitipong ito ng Iglesya: isang pangyayari (ang pagdakip) ang pinag-uusapan ng lahat; bago para sa kanila ang pakikipagharap na ito sa mga maykapangyarihan. Iniuugnay nila ang nangyari sa Salita ng Diyos. At sa pagkakataong ito, sinasangguni

Bakit nagngangalit ang mga bansa.
Bakit nagbabalak nang walang-saysay
ang mga bayan? 26 Nagkampi-kampi ang
mga hari sa lupa, nagsasabwatan ang
mga pinuno laban sa Panginoon at sa
kanyang Hinirang.

27 At ito nga ang nangyari sa lunsod na
ito: nagkaisa sina Poncio Pilato at
Herodes, pati ang mga pagano at ang
bayan ng Israel laban sa iyong banal na
lingkod na si Jesus na iyong hinirang.
28 Isinakatuparan nga nila ang lahat ng
itinakda mo noong una, na binalak at
ginawa mo.

29 Kaya tingnan mo ngayon, Pangi-
noon, ang kanilang pagbabanta at bigyan
ng tapang ang iyong mga lingkod na
maipahayag ang iyong Salita. 30 Iunat mo
ang iyong kamay upang magpagaling, at
gumawa ng mga tanda at kababalaghan
sa bisa ng pangalan ni Jesus na iyong
banal na lingkod."

31 Pagkapanalangin nila, yumanig ang
lugar na kanilang pinagtitipunan; napus-
pos sila ng Banal na Espiritu at buong
tapang na ipinahayag ang Salita ng Diyos.

**Pagbabahaginan sa lahat ng bagay**

• 32 May iisang puso at diwa ang lahat
ng mananampalataya; walang sinumang
kumanya sa sarili niyang mga ari-arian
kundi para sa lahat ang tanang meron
sila. 33 Nagpatotoo nang may dakilang ka-
pangyarihan ang mga apostol tungkol sa
Muling Pagkabuhay ng Panginoong Jesus
at nadama nilang lahat ang kagan-
dahang-loob ng Diyos. 34 Walang maralita
sa kanila; ipinagbili nga ng may lupa o
bahay ang mga iyon, 35 at inilalagay sa
paanan ng mga apostol ang pinagbilhan;
at ipinamamahagi naman iyon ayon sa
pangangailangan ng bawat isa.

36 Ganito ang ginawa ni Jose na isang
Levitang taga-Chipre, na tinawag na
Bernabe (ibig sabihi'y *Tagaaliw*) ng mga
apostol. 37 Ipinagbili niya ang kanyang
bukid, at dinala at inilagay sa paanan ng
mga apostol ang pera.

**Ang panlilinlang nina Ananias at Safira**

5 • 1 May isang lalaki naman na nag-
ngangalang Ananias at si Safira
naman ang asawa niya. Ipinagbili niya
ang isang sukat na lupa; 2 ngunit sa
pagsang-ayon sa kanyang maybahay,
nagtira siya para sa kanya mula sa pi-
nagbilhan at saka inilagay ang natira sa
paanan ng mga apostol.

3 Sinabi ni Pedro: "Ananias, ano't nag-
palukob ka kay Satanas? Bakit mo itinago
ang isang bahagi ng pinagbilhan sa iyong
lupa at sinikap mong magsinungaling sa
Espiritu Santo? 4 Di ba't iyo na ang lupa
bago mo ito ipinagbili? At nang maipagbili

---

nila ang Salmo 2, at saka sila nagsimulang magdasal nang sama-sama: humingi sila ng tapang upang patuloy na maisagawa ang mga gawain ng Diyos.

• 32. Muling binibigyan-diin dito ni Lucas ang mga katangian ng unang komunidad at ang kanilang pagsisikap na gawing pangkomunidad ang lahat.

Walang hininging ganito si Jesus; ngunit ginawa nila ito bunga ng pagnanais ng tunay na sumasampalataya na alisin ang lahat ng sagabal sa mga magkakapatid lalo na ang likha ng pera. Pero, hindi lamang espiritung di nakatali sa anuman ang kailangan para magawang pangkomunidad ang lahat kundi mga katangian din ng responsabilidad at organisasyon. Namuhay ang mga sumasampalatayang nasa Jerusalem sa panahong hindi lubos na pinahahalagahan ang trabaho ni iniintindi ang kinabukasan. Inubos nila sa sandaling panahon ang lahat nilang ari-arian na di pinoproblema ang pagtatrabaho, kayat di nagtagal sila ang naging "mga pobre ng Jerusalem." At para tulungan sila, sisimulan ni Pablo ang paghingi ng mga abuloy sa ibang Iglesya (Gal 2:10; Rom 15:25; 2 Cor 8).

• **5.**1 Marami sa atin ang tinuruan sa pagkabata ng tungkol sa mga kahanga-hangang bagay na ginawa ng Diyos sa mga nagdaang panahon, na para bang sa panahong iyon lamang gumawa ang Diyos. Ganito rin ang inisip ng mga Judio noon. Nangungusap ang Biblia tungkol sa panahon ni Moises, nang mamatay sa talaga ng langit ang mga nagrebelde sa propeta ng Diyos (Blg 12:1; 16:1; 17:16). Pero muling kumikilos ang Diyos sa pamayanang Kristiyano at agad na nadidiskubre ng mga ordinaryong sumasampalatayang nasa Jerusalem na hindi mas mababa kay Moises ang mangingisdang si Pedro. Tingnan din ang Gawa 13:11; 1 Cor 11:30.

Wala sa pagtatabi ng isang parte ng kanilang ari-arian ang kasalanan ng mag-asawa. Walang umo-

mo ito, di ba't magagawa mo rin ang iyong gusto sa pinagbilhan? Ngunit paano mo naatim ang ginawa mo? Hindi ka sa tao nagsinungaling, kundi sa Diyos."

5 Biglang bumagsak na patay si Ananias nang marinig niya iyon. Nasindak ang mga nakabalita sa nangyari. 6 Lumapit ang mga kabataang lalaki, binalot ang bangkay nito, inilabas iyon at inilibing.

7 Makaraan ang mga tatlong oras, dumating naman si Safira, na walang namamalayan sa nangyari. 8 Tinanong siya ni Pedro: "Sabihin mo nga sa akin, ganito ba ang napagbilhan ninyo sa inyong lupa?" Sumagot siya: "Oo, 'yan nga ang halaga." 9 At sinabi sa kanya ni Pedro: "Bakit ninyo pinagkaisahan ng iyong asawa na subukin ang Espiritu ng Panginoon? Narito na uli ang mga naglibing sa asawa mo; at ilalabas ka rin nila."

10 Noon di'y bumagsak si Safira sa paanan ni Pedro, at namatay. Pagpasok ng mga kabataan nakita nila ang kanyang bangkay, inilabas ito at inilibing katabi ng kanyang asawa. 11 Naghari ang matinding takot sa buong iglesya at sa lahat ng nakabalita tungkol dito.

• 12 Marami nang tanda at kababalaghan ang nagaganap sa bayan sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol. Nagkaisa ang lahat ng sumasampalataya na magtipon sa Patyo ni Solomon. 13 Wala nang iba pang nangahas sumama sa kanila, kahit na lubos silang pinahahalagahan ng bayan.

14 Pero parami pa rin nang parami ang bilang ng mga lalaki at babae na bumuklod sa Panginoon sa pananampalataya. 15 Kaya inilalabas ang mga maysakit sa mga lansangan, nakahiga sa mga katre at banig, sa pag-asang madaanan sana ng kahit anino man lang ni Pedro ang mga ito. 16 Dumadagsa rin ang mga tao mula sa mga bayang malapit sa Jerusalem, dala ang mga maysakit at ang mga inaalihan ng masasamang espiritu, at lahat sila'y pinagaling.

**Muling dinakip ang mga apostol**

• 17 Labis na nainggit ang Punong-pari at ang kanyang mga tauhan na nasa pangkat ng mga Sadduseo. 18 Ipinadakip nila ang mga apostol at ipinakulong sa bilangguang-bayan.

---

obliga sa kanilang ipagbili ang mga ito at ibigay ang pera sa komunidad. Pero hangad nilang linlangin ang mga apostol at palabasing ibinigay nila ang lahat, gayong hindi naman sa totoo.

Kailangang maging maingat tayo sa pagsasalita tungkol sa parusa ng Diyos. Iisa lang ang parusa para sa isang Kristiyano, at ito'y ang mawalay sa Diyos magpakailanman. Ang kamatayan mismo ay hindi nangangahulugan na gusto tayong parusahan ng Diyos. Ngunit nagsisilbing babala at tanda ang pagkamatay nina Ananias at Safira, para maging mas tapat ang ibang sumasampalataya.

*Dito ginagamit ang salitang* Iglesya. *"Ang pagtitipong tinawag ng Diyos" ang talagang ibig sabihin nito, at bago pa man dumating si Jesus, ginagamit na ito ng mga Judio para sa bagong bayang bubuuin ng Diyos sa panahon ng Mesiyas. Patuloy na ipinagmamalaki ng mga sumasampalataya ang kanilang pagka-Judio, ang pagiging kabilang sa bayan ng Israel; pero unti-unti silang inihihiwalay ng Espiritu Santo sa matandang Israel. Alam na nilang sila ang bagong bayang tinipon ng Diyos. At ang pamayanang Kristiyano pa rin lamang ng Jerusalem ang tinutukoy ng salitang Iglesya. Sa pagkakaroon ng ibang mga pamayanan, ibang mga Iglesya, "ang Iglesya" ang mangangahulugan ng kabuuan ng bayan ng Diyos.*

• 12. *Nagbuklod sila sa Panginoon sa pananampalataya.* Naniniwala nga ang lahat ng Judio: naniniwala sila sa Diyos na nagsalita sa pamamagitan ng mga propeta. Pero isang bagay ang maniwala sa dating mga propeta pagkatapos ng pagkilala sa kanila ng mga pari, pagkalagay sa kanilang pagpapahayag sa mga banal na Kasulatan. Isa pang bagay naman ang kilalanin ang mga propeta ng ating salinlahi habang tinatatwa sila ng mga may kapangyarihan at ng karamihan sa mga tao. Kaya kinailangan nila ng tanging pananampalataya para maniwala na si Jesus ay isinugo ng Diyos sa kanila, at sila naman ang nagtakwil sa propeta ng Diyos. Ang kilalanin siya bilang Panginoon ang tunay na pananampalataya ng Kristiyano, ang pananampalatayang mahiwagang nagbubuklod sa atin kay Jesus na buhay.

• 17. Iniharap ang mga apostol sa mga pinuno ng kanilang bayan. Kagaya ba ito ng nangyayari ngayon sa maraming lugar kung saan tinutuligsa ng Iglesya ang mga pagyurak sa mga karapatang pantao?

19 Ngunit kinagabihan, binuksan ng
Anghel ng Panginoon ang pinto ng bilang-
guan, at inilabas sila at kanyang sinabi:
20 "Sige, tumayo kayo sa Templo at ipa-
ngaral sa mga tao ang buong Mensahe ng
Buhay na ito." 21 Sumunod sila, at sa pag-
bubukanliwayway ay pumasok sila sa
Templo at nagturo.

Tinawag naman ng Punong-pari at ng
kanyang mga kasamahan ang Sanhedrin
at ang lahat ng Matatanda ng Israel – at
ipinakuha ang mga apostol sa bilang-
guan. 22 Ngunit nang dumating ang mga
tanod sa bilangguan, hindi nila natagpuan
ang mga ito. Kaya bumalik sila at nag-
ulat: 23 "Nakasusing mabuti ang bilang-
guan at nakatayo ang mga tanod sa pin-
tuan. Pero nang buksan namin ang pinto
ay wala kaming nakita sa loob."

24 Nagtaka ang tagapamahala ng Tem-
plo at ang mga punong-pari nang marinig
ang balita, at hindi nila maubos-isipin
kung ano ang ibig sabihin niyon. 25 At may
dumating na nagbalita: "Nasa Templo
ngayon ang mga lalaking ibinilanggo
ninyo at nagtuturo sa mga tao."

26 Kaya pumunta ang tagapamahala at
ang mga tanod sa Templo at isinama ang
mga apostol, pero hindi sila gumamit ng
dahas sa pangambang baka batuhin sila
ng mga tao.

27 Dinala nila sila at iniharap sa San-
hedrin, at tinanong sila ng Punong-pari.
28 "Mahigpit namin kayong pinagba-
walang magturo ng tungkol sa Pangalan o
Pagliligtas na ito, pero pinuno ninyo ang
Jerusalem sa inyong aral at hangad ninyo
kaming papanagutin sa dugo ng lalaking
iyan."

29 Sumagot naman si Pedro at ang
ibang apostol: "Ang Diyos ang dapat
sundin kaysa tao. 30 Binuhay na muli ng
Diyos ng ating mga ninuno si Jesus na
pinatay ninyo at ibinitin sa poste. 31 Itinaas
siya ng Diyos sa kanyang kanan bilang
Pinuno at Tagapagligtas upang maipag-
kaloob sa Israel ang pagbabagong-loob at
ang kapatawaran ng mga kasalanan.
32 Saksi kami sa lahat ng ito, pati ang
Banal na Espiritu na ibinigay ng Diyos sa
mga sumusunod sa kanya."

• 33 Pagkarinig nila nito, lubha silang
nagalit at gusto nilang ipapatay ang mga
apostol. 34 Ngunit tumindig sa Sanhedrin
ang isang Pariseo na nagngangalang
Gamaliel, guro sa Batas at iginagalang ng
sambayanan. Hiningi niya na ilabas muna
ang mga lalaking iyon.

35 At saka siya nagsalita: "Mga taga-
Israel, mag-ingat kayo sa binabalak
ninyong gawin sa mga lalaking ito.

---

Nagsasabi ang marami na may pagkakaiba. Noon inusig ang mga apostol dahil sa pagpapahayag kay Jesus. At ngayon naman pinarurusahan lamang ang mga Kristiyanong nakikisangkot sa pulitika kasama ng rebelde. Ngunit hindi tiyak ito.

Noong panahon ni Jesus, ang mga Judio ay isang supil na bayan at nahati-hati rin. Buong tapang na nagsalita si Jesus na ganap na malayang tao. Nagturo siya ng isang daan sa kalayaan na matatawag ngayong di-marahas na daan. At nagpaalis sa kanya ang mga makapangyarihan upang ipagtanggol ang katiwasayan ng kanilang bansa (Jn 11:48) at ang sariling pulitika. Tinanggap ng sinumang tumanggap kay Jesus ang daang itinuro niya na mapanganib sapagkat nasa kalagitnaan siya ng mga mapang-api at ng mga supil (Lc 21:12-16).

Nang hinusgahan ng mga pari sina Pedro't Juan, hiniling lamang nila na tumiwalag *sa taong ito* na kanilang pinatay sa Batas. Pampulitika sa akala nila ang Kristiyanong pangangaral katulad ng pagkilos ng Iglesya ngayon sa pagpapahayag tungkol sa katarungan.

Pagpapahayag kay Kristo ang pagpapalaganap sa pangkalahatang pakikipagkasundo (Ef 2:14) na maisasagawa sa lahat ng antas ng buhay ng tao, pati ang ekonomiya't pulitika. Hindi na makasusunod kay Kristo ang Iglesya at makapagpapahayag sa kanya bilang Manunubos (5:31) kung makatatanggi siyang magmalasakit sa mga buong bansang dahan-dahang pinapatay sa pagbabawi sa kanila ng pagkain, edukasyon at kalusugan. Pero hindi naman Kristiyanong pagpapahayag ang pagtuligsang ito kung hindi makahihimok sa ating manalig sa pangkaligtasang plano ng Diyos.

• 33. Nabanggit sa 5:34 si *Gamaliel*, isa sa mga tanyag na guro ng Batas. Sa mga relihiyosong pangkat na Judio ang mga tagasunod niya ang may tanging

36 Noo'y naghimagsik si Teudas na nag-
kunwang parang kung sino at apat-
naraang lalaki ang nahikayat niya; ngunit
nang mapatay siya, nagkahiwa-hiwalay
ang mga sumunod sa kanya at nauwi sa
wala ang lahat. 37 At pagkaraa'y si Judas
na Galileo naman ang nagpaalsa sa
bayan sa panahon ng senso. Ngunit
napatay din siya at nagkawatak-watak
ang kanyang mga tagasunod.

38 Kaya ito ngayon ang maimu-
mungkahi ko: Huwag ninyong pakiala-
man ang mga lalaking ito. Pabayaan
ninyo sila. Kung sa tao lamang galing ang
balak at kilusang ito, tiyak na mawawala
ito; 39 ngunit kung mula ito sa Diyos, hindi
ninyo sila mapaghihiwa-hiwalay; at baka
kalabanin pa ninyo ang Diyos."

Sumang-ayon sila kay Gamaliel.

40 Tinawag nila ang mga apostol at
ipinahagupit at pinagbawalang magsalita
sa Ngalan ni Jesus. At saka nila sila
pinalaya.

41 Nagagalak silang umalis sa San-
hedrin sapagkat itinuring silang marapat
sa kahihiyan alang-alang sa ngalan ni
Jesus. 42 At araw-araw silang nagtuturo sa
Templo at sa mga bahay-bahay, at walang
tigil nilang ipinahahayag na si Jesus ang
Mesiyas.

**Ang pagpili sa pito**

6 • 1 Nang panahong iyon na duma-
rami ang mga alagad, nagreklamo
ang mga Helenista laban sa mga Hebreo
dahil napapabayaan sa pang-araw-araw
na pamamahagi ng pagkain ang kanilang
mga biyuda.

2 Kaya pinulong ng Labindalawa ang
mga alagad at sinabi: "Hindi magiging
wasto na pabayaan namin ang Salita ng
Diyos para mamahala sa pagkain. 3 Pumili
kayo ngayon, mga kapatid, ng pitong
lalaki mula sa inyo, na may magandang
pangalan, puspos ng Espiritu at karunu-
ngan, at itatalaga namin sila sa tungkuling
ito. 4 Ilalaan naman namin ang aming sarili
sa panalangin at pangangaral ng Salita."

5 Sumang-ayon ang buong kapulungan
at pinili nila si Esteban na isang lalaking
puno ng pananampalataya at ng Banal na
Espiritu, at sina Felipe, Procoro, Nicanor,
Timon, Parmenas at Nicolas na taga-An-
tiokiya, na naakit noon sa Judaismo.
6 Iniharap nila sila sa mga apostol na
matapos manalangin ay nagpatong ng
kamay sa kanila.

---

malasakit sa katapatan sa pananampalataya at sa panloob na relihiyon. At naging tagapagturo siya ni Pablo (tingnan sa Gawa 22:3).

*Kung mula ito sa Diyos* (39). Katulad din ito ng nabanggit ni Jesus (Mt 15:13). Gayunman hindi ito laging tunay sa akala natin. Hindi ba nakakatagal ang maraming maling doktrina? Baka sa kabila ng mga kamalian at matinding kasamaang dulot ng mga iyon, ay pinapanatili sa mundo ang ilan na may tunay na aral na kinakailangan ng maraming tao, o ng ilang bansa sapagkat hindi pa naituturo ng Iglesya sa kanila ang mga katotohanang iyon.

• **6.1** Huwag nating isiping inisa-isa ni Jesus sa kanyang mga apostol ang pamamaraan ng pagbubuo sa Iglesya. Nagkakasalungat ang dalawang pangkat sa Iglesya. Ang mga Judio, tinatawag na mga Hebreo na hindi umalis sa kanilang sariling lupa; ang mga Judiong Helenista na balikbayan mula sa mga bansang Griyego. (Waring sumusunod ang mga Helenista sa panig ng mga Esenyo na hindi tumanggap sa mga Punong Pari at humiwalay sa mga pagdiriwang sa Templo.) Nagdulot ang pagtutunggali ng mga kaisipang Hebreo't Helenista ng katumbas na di pagtitiwala at nakikita na dapat bigyan ng kasarinlan ang mga Helenista. At dahil umaanib ang mga apostol sa mga Hebreo, nagpapasya silang magbigay sa mga Helenista ng mga mamumuno sa kanila para sa ilang gawain.

Pumipili ang pamayanan ng pitong tao na itinatalaga ng mga apostol dahil nakaugat kay Kristo ang kahit anumang tungkulin sa pamamagitan ng mga apostol.

Dapat na *puspos ng karunungan at Espiritu* ang mga maitatalaga. Sapagkat sa Iglesya, magkaugnay ang paglilingkod sa mga bagay na pampamayanan at espirituwal na pamumuhay. Laging sawimpalad ang pagkakatiwala ng ekonomiya ng Iglesya sa taong may kakayahang mangasiwa ng pera, subalit walang pang-unawa sa ebanghelyo. Sa pamamagitan nila pumapasok sa Iglesya ang diwa at mga pag-aalaalang bagay sa institusyong komersiyal na makakasira sa simbahan.

Mga unang *diakono* ba ang mga "pito" na iyon? Sinabi lamang ni Lucas na naglingkod sila; katulong ang ibig sabihin ng "diakono".

7 Lumaganap nga ang Salita ng Diyos at mabilis na dumami ang bilang ng mga alagad sa Jerusalem, at maraming pari ang tumanggap sa pananampalataya.

**Ang kasaysayan ni Esteban**

• 8 Puspos ng biyaya at lakas si Esteban at gumawa siya ng mga tanda at kababalaghan sa bayan. 9 Ngunit may lumaban kay Esteban, nakipagtalo sa kanya ang ilan mula sa sinagoga na tinatawag na "Mga Pinalaya, mga taga-Cirene at taga-Alejandria" at ang iba pa'y taga-Cilicia at Asia. 10 Ngunit wala silang laban sa Espiritu at karunungan ng kanyang pananalita. 11 Hindi sila makaharap sa katotohanan, kayat kinumbinsi nila ang ilang lalaki na nagsabing: "Narinig namin siya na nilalapastangan si Moises at ang Diyos."

12 Sa ganitong paraan nasulsulan nila ang bayan, ang mga matatanda at ang mga guro sa Batas. Agad nilang dinakip si Esteban at iniharap sa Sanhedrin.

13 Nagharap sila ng mga bulaang saksi na nagsabing: "Laging nagsasalita ang lalaking ito laban sa Banal na Lugar at laban sa Batas. 14 Narinig naming sinabi niya na wawasakin ni Jesus Nazareno ang Lugar na ito at babaguhin ang mga kaugaliang iniwan sa atin ni Moises." 15 Tinitigan si Esteban ng lahat ng nakaupo sa Sanhedrin, at nakita nila na parang sa isang anghel ang mukha nito.

**7** 1 At itinanong ng Punong-pari: "Totoo ba ito?" 2 Sumagot si Esteban: "Mga kapatid ko't mga ama, pakinggan ninyo ako:

Nagpakita ang Diyos ng luwalhati sa ating amang si Abraham nang nasa Mesopotamia siya bago nanirahan sa Haran, 3 at sinabi sa kanya: *Iwan mo ang iyong lupain at kamag-anakan at pumunta ka sa lupaing ituturo ko sa iyo.* 4 Kaya iniwan niya ang lupain ng mga Kaldeo at nanirahan sa Haran; at nang mamatay ang kanyang ama, pinalipat siya ng Diyos sa lupaing ito na tinitirhan ninyo ngayon. 5 Wala siyang nakamit na lupa rito, ni matutuntungan man ng kanyang paa, pero nangako ang Diyos na ibibigay sa kanya at sa kanyang lahi ang buong lupain gayong wala siyang anak. 6 At sinabi ng Diyos: *Maninirahan ang iyong lahi sa ibang bayan at apatnaraang taong magiging mga alipin at pagmamalupitan.* 7 *Ngunit parurusahan ko ang bayang mang-aapi sa kanila. At pagkatapos, aalis sila roon at sasambahin ako sa lugar na ito.* 8 At ibinigay ng Diyos kay Abraham ang tipan ng pagtutuli. Kaya nang ipanganak si Isaac, *tinuli siya ni Abraham sa ikawalong araw.* At si Isaac naman ang naging ama ni Jacob, at si Jacob ng labindalawang patriyarka.

9 *Nainggit kay Jose* ang mga patriyarka at *ipinagbili siyang alipin* pa-Ehipto. Ngunit sumasakanya ang Diyos 10 at sinagip siya sa lahat niyang paghihirap. *Pinagkalooban siya ng karunungan na nagpagaan ng loob ni Paraong hari ng Ehipto sa kanya. Ginawa siya nitong gobernador ng Ehipto at ng buo niyang sambahayan.* 11 *At nagkaroon ng taggutom sa buong Ehipto at Kanaan. Matindi nga ang kahirapan* at walang makain ang ating mga ninuno. 12 *Nang mabalitaan ni Jacob na may trigo sa Ehipto,* pinapunta niya ang ating mga ninuno sa unang pagkakataon. 13 At sa ikalawang pagpunta nila, *nagpakilala si Jose sa kanyang mga kapatid,* at nakilala ni Paraon ang lahi ni Jose. 14 Pagkatapos ay ipinasundo ni Jose ang kanyang amang si Jacob at ang buo nitong pamilya, na pitumpu't limang lahat. 15 Pumunta si Jacob sa Ehipto at doon siya namatay pati ang ating mga ninuno. 16 Inilipat naman ang kanilang mga bangkay sa Sikem at inilagay sa libingang binayaran ni Abraham ng pilak sa mga anak ni Hamor sa Sikem.

---

• 8. Mababanggit sa Gawa 8:5 at 21:8 si Felipe. Si San Esteban lamang ang inaalaala dito.

Hindi nakibagay si Esteban, na Helenista (tingnan ang nakaraang talata), sa bulag na pananalig ng bayang Judio sa kanilang *Templo't* ritwal. Naunawaan niya na dapat lumaya ang Iglesya sa mga matandang pananaw at humiwalay sa mga Judio kung hindi sila maniniwala.

Ginugunita ng mahabang talumpati ni Esteban kung paano inusig ng Simbahan ng Diyos ang mga propeta bago si Jesus. Nagpapakita rin siya na hindi labis na pinahahalagahan ng tunay na paniwalang Judio ang pagsamba at Templo ng Jerusalem.

Natutulad si Esteban kay Kristo sa pagkamatay. Siya ang kauna-unahang martir (saksi). Saksi siya ni Kristo sapagkat ipinahayag niya Siya. Lalong martir siya sa pagtutulad niya sa Kristo na nagpatawad sa mga pumaslang sa kanya.

17 Nang malapit na ang panahon para
isakatuparan ng Diyos ang pangako niya kay
Abraham, dumami pa nang dumami ang
sambayanan natin sa Ehipto. 18 At nagkaroon
naman ng ibang hari na hindi nakakakilala
kay Jose. 19 Masama ang tangka niya laban sa
ating lahi, at pinilit ang ating mga ninuno na
pabayaan ang kanilang mga kapapanganak na
sanggol upang huwag mabuhay. 20 Nang
panahong iyon ipinanganak si Moises na ki-
nalugdan ng Diyos. Tatlong buwan muna siyang
inalagaan sa bahay ng kanyang ama. 21 Nang
pabayaan siya, kinuha naman siya ng anak na
babae ni Paraon, at pinalaking parang sariling
anak. 22 Kaya, tinuruan si Moises sa katalinuhan
ng mga Ehipsiyo at naging makapangyarihan sa
salita at gawa.

23 Nang apatnapung taon na si Moises, naisi-
pan niyang dalawin ang kanyang mga kapwa-
Israelita. 24 Nang makita niyang inaapi ang isa sa
kanila, ipinagtanggol niya't ipinaghiganti ang
inaapi sa pagpatay sa Ehipsiyo. 25 Akala ni
Moises ay mauunawaan ng kanyang mga
kapatid na palalayain sila ng Diyos sa pamama-
gitan niya, pero hindi nila naintindihan.
26 Kinabukasan, nang may makita siyang dala-
wang Israelitang nag-aaway, sinikap niya silang
pagkasunduin: Mga kaibigan, magkapatid
kayo, pero bakit kayo nagsasakitan? 27 Ngunit
tinabig siya ng lalaking nananakit sa kasama at
sinabing: *At sino ang gumawa sa iyong pinuno*
*at hukom namin?* 28 *Gusto mo rin ba akong*
*patayin gaya ng ginawa mo kahapon sa*
*Ehipsiyo?* 29 Tumakas si Moises nang marinig
iyon at *nanirahan bilang dayuhan sa lupain ng*
*Madian*; doon siya nagkaanak ng dalawang
lalaki.

30 Makaraan ang apatnapung taon, *napakita*
*kay Moises ang anghel sa apoy na naglala-*
*gablab sa ilang ng Bundok Sinai.* 31 Nanggilalas
si Moises sa kanyang nakita. *Sa paglapit niya*
*para tingnan itong mabuti, narinig niya ang*
*tinig ng Panginoon:* 32 *Ako ang Diyos ng iyong*
*mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ni Isaac at*
*ni Jacob.* Nanginig si Moises sa takot at *hindi na*
*nangahas pang tumingin uli.* 33 At sinabi
naman sa kanya ng Panginoon: *Hubarin mo ang*
*iyong sandalyas; banal ang lupang kinatata-*
*yuan mo.* 34 *Nakita ko ang pang-aapi sa aking*
*bayan sa Ehipto. Narinig ko ang kanilang*
*daing. Kaya bumaba ako para iligtas sila. At*
*ngayon, isinusugo kita sa Ehipto.*

35 Ang Moises ding ito ang kanilang itinakwil
nang sabihin nilang: *Sino ang gumawa sa iyong*
*pinuno at hukom namin?* Siya mismo ang
sinugo ng Diyos bilang pinuno at tagapagligtas
sa pamamagitan ng anghel na napakita sa
kanya sa puno. 36 At inilabas niya sila sa pama-
magitan ng mga kababalaghan at mga tanda na
ginawa niya sa lupain ng Ehipto at sa Dagat na
Pula, at sa disyerto sa loob ng apatnapung taon.
37 Ang Moises ding ito ang nagsabi sa mga
Israelita: *Isang propetang tulad ko ang ipada-*
*dala sa inyo ng Diyos mula sa inyong mga*
*kapatid.* 38 Sa Pagtitipon sa disyerto, si Moises
din ang naging tagapamagitan ng anghel na
nangusap sa kanya sa Bundok Sinai at ng ating
mga ninuno. Sa kanya ipinagkatiwala ang mga
salita ng buhay para sa atin.

39 Ito ang tinanggihang pakinggan ng ating
mga ninuno, itinakwil, at gusto sana nilang
bumalik sa Ehipto. 40 At sinabi nila kay Aaron;
*Igawa mo kami ng mga diyos na mangunguna*
*sa amin; sapagkat hindi namin alam kung ano*
*na ang nangyari sa Moises na ito na naglabas sa*
*atin mula sa Ehipto.* 41 Kaya noo'y gumawa sila
ng isang guyang baka at nagsakripisyo sa
kanilang imahen. At ipinagpiyesta nila ang
gawa ng kanilang mga kamay. 42 Kaya lumayo
sa kanila ang Diyos at pinabayaan silang
sumamba sa mga tala sa langit, gaya ng
nasusulat sa aklat ng mga propeta:

*Nag-alay ba kayo sa akin ng mga handog*
*at hain sa loob ng apatnapung taon sa*
*disyerto, bayan ng Israel?* 43 *Tolda ni Molok at*
*bituin ng diyos na si Refan ang pinasan*
*ninyo, mga imaheng ginawa ninyo upang*
*sambahin. Kaya itatapon ko kayo sa kabila pa*
*ng Babilonia.*

44 May Tolda ng Patotoo ang ating mga ninu-
no noon sa disyerto; iniutos nga ng nangusap
kay Moises na gawin ito ayon sa huwarang
ipinakita sa kanya. 45 At pagkatanggap ng ating
mga ninuno sa Toldang ito, dinala nila ito sa
pangunguna ni Josue sa lupaing inagaw nila sa
mga lahing itinaboy ng Diyos sa harap nila.
Doon nanatili ang Tolda hanggang sa kapana-
hunan ni David. 46 Kinalugdan ng Diyos si David
na hiniling na makapagpatayo siya ng Bahay
para sa Diyos ni Jacob. 47 Ngunit si Solomon ang
nagpatayo ng templong iyon.

48 Ngunit hindi nananahan ang Kataas-
taasan sa mga bahay na gawa ng tao,
gaya ng sinasabi ng propeta: 49 *Ang langit*
*ang aking trono at patungan ko ng paa*
*ang lupa, kaya ano pang bahay ang*
*maitatayo ninyo para sa akin? – wika ng*
*Panginoon. Ano pang lugar ang magiging*

*pahingahan ko?* 50 *Di ba't kamay ko ang*
*gumawa ng lahat ng ito?*
51 Mga matigas ang ulo, may matigas
na puso at mapurol na tainga, lagi nin-
yong kinakalaban ang Espiritu Santo.
Gaya rin kayo ng inyong mga ninuno.
52 Sinong propeta ang di inusig ng inyong
mga ninuno? Pinatay pa nila ang mga
humula sa pagdating ng Makatarungan;
at kayo mismo ngayon ang nagtatatwa sa
kanya at pumatay 53 – kayo na tumang-
gap sa Batas na hatid ng mga anghel at di
tumupad dito."
54 Nang marinig nila ito, nag-apoy ang
kanilang galit at nagngalit ang ngipin
laban sa kanya. 55 Ngunit puspos naman
sa Espiritu Santo si Esteban; tumingala
siya sa langit at nakita niya ang Luwalhati
ng Diyos, at si Jesus na nasa kanan ng
Diyos. 56 Sinabi niya: "Nakikita kong
bukas ang kalangitan, at ang Anak ng Tao
sa kanan ng Diyos."
57 Kaya nagsigawan sila, tinakpan ang
kanilang mga tainga, at sabay-sabay
siyang sinunggaban. 58 Kinaladkad nila si
Esteban sa labas ng lunsod at pinag-
babato. Hinubad naman ng mga saksi ang
kanilang mga damit at iniwan sa paanan
ng isang kabataang nagngangalang
Saulo. 59 Nanalangin si Esteban habang
binabato nila siya: "Panginoong Jesus,
tanggapin mo ang aking espiritu." 60 Pag-
katapos ay lumuhod siya at sumigaw:
"Panginoon, huwag mo silang papa-
nagutin sa kasalanang ito!" At namatay
siya pagkasabi nito.

**8** • 1 Sang-ayon si Saulo sa pag-
patay kay Esteban. Kaya iyon ang
naging simula ng matinding pag-uusig sa
Iglesya sa Jerusalem, at maliban sa mga
apostol, nagsipangalat ang lahat sa mga
rehiyon ng Judea at Samaria.
2 Inilibing si Esteban ng ilang lalaking
maka-Diyos at labis siyang ipinagluksa.
3 Sinikap naman ni Saulo na wasakin
ang Iglesya. Nagbahay-bahay siya at
kinaladkad ang mga lalaki at babae at
ibinilanggo.

### Ipinahayag ni Felipe ang Salita sa Samaria

• 4 Ngunit ipinangaral ng mga nangalat
ang Salita saanman sila pumunta. 5 Para
kay Felipe, pumunta siya sa isang lunsod
ng Samaria at ipinangaral sa kanila ang
Kristo. 6 Sama-samang dumating ang
mga tao sa pangangaral ni Felipe at pina-
nabikan nilang makita ang mga himalang
gawa niya. 7 Maraming inaalihan ng
masasamang espiritu ang nagsisigaw at
nilisan ng masamang espiritu at marami
ring paralitiko at lumpo ang gumaling.
8 Kaya nagkaroon ng malaking kaligaya-
han sa lunsod na iyon.

### Si Simong salamangkero

• 9 Naunang dumating sa lunsod ang
isang lalaking nagngangalang Simong
salamangkero na hinahangaan ng lahat
ng taga-Samaria; at nagpakilala siya
bilang taong may sinasabi. 10 Lumapit sa
kanya ang lahat, maging tanyag man o

---

• **8.**1 Kay Esteban din napatutunayan ang Muling Pagkabuhay. Sa halip ni Esteban, magkakaroon ang Iglesya ng bagong apostol, si Saulo na nababanggit dito. Pagkasampalataya siya ay tatawaging "Pablo". Sa gayon pinakinggan ng Diyos ang panalangin ni Esteban sa mga pumaslang sa kanya.

Dinulot ng marahas na pagpatay kay Esteban ang pag-uusig sa mga Kristiyanong Helenista. Hindi nabahala ang mga apostol at mga Hebreo, na itinuturing na tapat sa relihiyon at kaugaliang Judio.

Tungkol sa inasal ni Saulo noon tingnan kung ano ang sasabihin niya sa Gal 1:13.

• 4. Ipinapahayag ng mga inuusig na Kristiyano ang pananampalataya at nagsisimula ang mga pamayanang Kristiyano sa Samaria.

Nagdadala ng kaligayahan ang pag-eebanghelyo. Ipinapakita ng Diyos ang sarili sa pamamagitan ng Espiritung nagpapagaling sa katawan at puso. Nasa piling nila ang Diyos: Kahanga-hanga't nakakaantig! Kaligayahan, hindi takot at pagtatalo, ang sumasa mga tunay na Kristiyano.

• 9. Sino ang pinakamahalaga sa talatang ito? Hindi si Simon, kundi ang Banal na Espiritu.

Isa si *Felipe* sa pito. Nakapagbibinyag siya ngunit hindi makapagkaloob ng Espiritu Santo sa pagpapatong ng kamay.

karaniwang tao, at sinabi nilang: "Dak-
ilang Kapangyarihan ng Diyos ang taong
ito!" 11 Naniwala sila sa kanya dahil
matagal na panahon din silang nagayuma
ng kanyang salamangka.
12 Ngunit nang maniwala ang mga tao
kay Felipe na nagbalita ng tungkol sa
Kaharian ng Diyos at kay Jesucristong
Tagapagligtas, nagpabinyag ang mga
lalaki at babae. 13 Sumampalataya rin
kahit si Simon at nagpabinyag. At suma-
ma siya kay Felipe saanman, at nanggila-
las siya sa mga kababalaghan at mga
tandang ginawa ni Felipe.
14 Nang mabalitaan ng mga apostol sa
Jerusalem na tinanggap na ng Samaria
ang Salita ng Diyos, sinugo nila roon sina
Pedro at Juan. 15 Pagdating nila roon,
nanalangin sila para matanggap ng mga
Samaritano ang Espiritu Santo, 16 sapag-
kat hindi pa ito bumababa sa kaninuman
sa kanila: nabinyagan lamang sila sa Nga-
lan ng Panginoong Jesus. 17 Kaya ipi-
natong nina Pedro at Juan ang kanilang
mga kamay sa kanila, at tinanggap nila
ang Espiritu Santo.
18 Nang makita ni Simon na naipagka-
kaloob ang Espiritu Santo sa pagpapa-
tong ng kamay ng mga apostol, ina-
lok niya ang mga ito ng salapi, 19 at sinabi:
"Ibigay ninyo sa akin ang kapangyarihan
ding ito upang matanggap din ng sinu-
mang patungan ko ng kamay ang Espiritu
Santo."
20 Sumagot naman si Pedro: "Maglaho
sanang kasama mo ang iyong pilak, dahil
sa paniniwalang mabibili mo ng salapi
ang Kaloob ng Diyos! 21 Wala kang bahagi
rito pagkat mali sa paningin ng Diyos ang
hangad mo. 22 Pagsisihan mo ang pagka-
kamali mong ito at manalangin ka sa
Panginoon upang patawarin ka niya sa
iyong balak. 23 Nakikita kong puno ka ng
kapaitan at nakagapos sa pagkakasala."
24 Sumagot si Simon: "Ipanalangin ninyo
ako sa Panginoon upang huwag mangyari
sa akin ang alinman sa iyong sinabi."
25 Matapos mapatotohanan at maipa-
ngaral ang Salita ng Panginoon, ipina-
ngaral naman nina Pedro at Juan ang
Ebanghelyo sa mga bayan ng Samaria sa
pagbabalik nila sa Jerusalem.

**Bininyagan ni Felipe ang Etiope**

• 26 Sinabi naman ng anghel ng Pangi-
noon kay Felipe: "Tumindig ka't magpa-

---

May dalawang yugto ang Kristiyanong pagtanggap: ang pagbibinyag at ang pagpapatong ng kamay. Nilalarawan nito ang dalawang mukha ng buhay na Kristiyano. Ang pagbibinyag ay pagpapanibago ng sarili sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa kabilang dako, ipinapahayag ng *pagpapatong ng kamay* ang paglilipat ng Espiritu sa isa't isa mula sa mga naunang tumanggap sa Espiritu noong Pentekostes.

Ang pagpapatong ng kamay ("kumpil" sa Iglesya ngayon) ay nangangahulugan ng kaloob na nagbibigay sigla, lakas at liwanag sa mga Kristiyano. Tulad noong una, dapat sanang ilaan ito sa mga mayroon nang karanasan sa Kristiyanong buhay at may sapat na gulang na nakikibahagi sa Iglesya.

Isang salamangkero o mandaraya si Simon. Ipinapaalaala sa atin ng pagtanggi ni Pedro na malayang gumagawa ang Espiritu para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa Iglesya nakagawiang tawaging "simunista" ang mga nagbibili ng mga banal na bagay. Hindi mabibili o maaagaw ang mga kaloob ng Diyos.

Ang pagpapahayag ng Espiritu'y hindi laging katulad ng mga nabanggit sa Mga Gawa (19:6 at 1 Cor 12). Iniaangkop ng Diyos ang kanyang mga kaloob sa mga pangangailangan ng Iglesya.

Higit na maraming kaloob ng pagpapagaling sa mga maysakit ang natanggap ng mga karaniwan at mahihirap na tao. Kulang sila sa pangkaraniwang pamamaraan, kaya tumutulong ang Diyos sa kanila. Para sa mga samahan sa pananalangin ang pagsasalita sa ibang wika, na nagpapatibay sa damdamin ng presensya ng Diyos. May iba't ibang uri ng pagpopropeta. Kung saan matatag ang paniniwala sa katarungan at takot sa Diyos makikita ang mga hula't pagpapahayag ng mga lihim ng mga puso. Sa kabilang dako, kung may mas kaalaman ang paniniwala nakikilala ang propeta sa kaloob na makapagsalita ng tiyak. At kinikilala dito ng komunidad ang tinig ng Diyos.

Patuloy na gumagalaw ang Espiritu sa maraming mananampalatayang hindi nagsasalita ng ibang wika o nagpapagaling. At magdudulot sila ng "mga bunga ng Espiritu" (Gal 5:22-24) at nagiging mga tunay na saksi ni Jesus. Hindi niya sinabi: "Magsalita kayo sa ibang wika", kundi: "mapagpakumbaba ako" (Mt 11:29; 1 Cor 13).

*Nabinyagan sila saNgalan ni Jesus* (8:16). Tingnan ang paliwanag sa 19:5.

• 26. Ginagabayan ng Espiritu Santo si Felipe patungo sa taong hindi na Judio o Samaritano. Siya

timog, sa daang palusong sa Gaza mula
sa Jerusalem, ang daan sa disyerto."
27 Tumindig nga si Felipe at lumakad. At
nakasalubong niya ang isang opisyal na
taga-Etiopia na ministro ni Candace, ang
reyna ng Etiopia. Siya ang tagapag-ingat
sa lahat ng yaman ng reyna. Nagpunta
siya sa Jerusalem para sumamba sa
Diyos at pauwi na noon. 28 Nakasakay
siya sa karwahe at binabasa ang Aklat ni
Propeta Isaias.

29 Sinabi ng Espiritu kay Felipe: "Lu-
mapit ka't sabayan mo ang karwahe."
30 Patakbong lumapit si Felipe, at narinig
niya ang pagbasa ng lalaki sa aklat ni
Propeta Isaias. Tinanong siya ni Felipe:
"Naiintindihan mo ba ang binabasa mo?"
31 Sumagot ang lalaki: "Paano ko mai-
intindihan kung walang magpapaliwanag
sa akin?" Kaya inanyayahan nito si Felipe
na sumakay at tumabi sa kanya. 32 Ito ang
bahagi ng Kasulatang binabasa niya:

*Gaya ng tupang dinala sa katayan;*
*gaya ng batang tupang pipi sa harap ng*
*manggugupit, ni hindi nagbuka ng bibig.*
33 *Hinamak siya at pinagkaitan ng ka-*
*tarungan. Sino ang makapagsasabi ng*
*tungkol sa kanyang mga inapo? Sapag-*
*kat inalis sa lupa ang kanyang buhay.*

34 Itinanong ng taga-Etiopia kay Felipe:
"Pakisabi mo nga sa akin, sino ba ang
tinutukoy ng propeta? Ang sarili ba niya o
ibang tao?" 35 Kaya mula sa tekstong iyon
ng Kasulatan, sinimulan ni Felipeng mag-
ebanghelyo sa kanya tungkol kay Jesus.

36 Sa pagpapatuloy nila sa paglalakbay,
dumating sila sa isang lugar na may tubig,
at sinabi ng lalaki: "Tubig! Bakit di pa ako
magpabinyag?" 37 Sumagot si Felipe:
"Kung buong puso kang sumasampala-
taya, puwede kang binyagan." Sinabi ng
lalaki: "Sumasampalataya ako na si
Jesucristo ang Anak ng Diyos."

38 Pinatigil niya ang karwahe at kapwa
sila lumusong sa tubig; at bininyagan ni
Felipe ang opisyal. 39 Pagkaahon nila
mula sa tubig, hinagip ng Espiritu Santo si
Felipe at hindi na siya nakita pang muli ng
lalaki na maligaya namang nagpatuloy sa
paglalakbay.

40 Napa-Asdod naman si Felipe, at
nagpatuloy siyang mag-ebanghelyo sa
lahat ng bayang madaanan niya hang-
gang makarating siya sa Cesarea.

**Natagpuan ni Saulo si Jesus**

**9** • 1 Samantala, walang ibang hangad
si Saulo kundi parusahan at patayin
ang mga alagad ng Panginoon. Lumapit
siya sa Punong-pari 2 at humingi ng mga
sulat para sa mga sinagoga sa Damasco
na magpapahintulot sa kanya na dakpin
ang sinumang makita niyang sumusunod
sa Daan, lalaki man o babae. Hangad niya
silang dalhing nakagapos pa-Jerusalem.

---

ang kauna-unahang galing sa ibang lahi na tumanggap sa Ebanghelyo.

"May takot sa Diyos" ang taga-Etiopiang ito. Ganito ang tawag sa mga taong galing sa ibang lahi na naakit sa relihiyon ng mga Judio't nananampalataya sa Diyos. Hindi nila sinusunod ang lahat ng kaugaliang Judio; ngunit nagbabasa sila ng Banal na Kasulatan at nakikiisa sa mga seremonyas ng mga Judio.

Nababatay ang pakikipag-usap kay Felipe sa paksang galing sa Isaias 53:7 na tungkol sa *Lingkod ng Panginoon*. Ito'y isang makatarungang tao na hinamak at tinubos ng kanyang mga pagpapakasakit ang kasalanan ng sangkatauhan. Pinakaangkop na magpapahayag kay Kristo ang paksang ito: tingnan ang komentaryo sa Mc 14:24 at 1 Pedro 2:24-25. Nagtapos ang tula ni Isaias sa paghihiwatig sa muling pagkabuhay ng "lingkod ng Panginoon". At magbigay-patotoo pala si Felipe nang buong tapang sa muling pagkabuhay ni Jesus.

• **9.**1 Ito ang pinakamahalagang pangyayari sa mga unang araw ng Iglesya. Nagpakita si Jesus upang madaig ang pinakamabangis na tagausig sa mga Kristiyano.

Matatagpuan din sa Gawa 22 at 26 ang pagbabago ni Saulo, na papangalanang Pablo, apostol ng mga bansang pagano.

Mali ang pagsasalarawan kay Pablo bilang masamang tao na sa wakas nakatagpo sa tamang landas. Katulad ng ipinakita sa Mga Gawa 22:3-4; Gal 1:14 at Fil 3:4-11, sa kanyang kabataan nakadama na siyang maghandog ng sarili ng Diyos. Kaya pumunta siya sa Jerusalem upang mag-aral ng Batas o relihiyon sa mga pinakatanyag na taga-

3 Ngunit nang malapit na siya sa
Damasco, biglang may kumislap na
liwanag mula sa langit sa paligid niya.
4 Nahulog siya sa lupa, at may narinig
siyang tinig na nagsabi sa kanya: "Saulo,
Saulo, bakit mo ako inuusig?" 5 Sumagot
siya: "Sino ka, Panginoon?" At sagot
naman sa kanya: "Ako si Jesus na iyong
inuusig. 6 Tumindig ka ngayon at puma-
sok sa siyudad at sasabihin sa iyo roon
ang dapat mong gawin."

7 Napatigil at natigilan ang mga lala-
king kasamang naglalakbay ni Saulo;
narinig nga nila ang tinig pero wala silang
nakita. 8 Nang tumindig si Saulo mula sa
lupa, hindi na siya makakita nang idilat
niya ang kanyang mga mata kaya inakay
nila siya pa-Damasco. 9 Tatlong araw
siyang bulag, at hindi rin kumain o umi-
nom.

10 May alagad naman sa Damasco na
nagngangalang Ananias. Tinawag siya ng
Panginoon sa isang pangitain: "Ananias!"
Sumagot siya: "Narito ako, Panginoon."
11 At sinabi sa kanya ng Panginoon:
"Pumunta ka sa daang tinatawag na
Tuwid, ipagtanong mo sa bahay ni Judas
ang isang taga-Tarso na nagngangalang
Saulo. Nananalangin siya ngayon, 12 at
ipinakita sa kanya na pupuntahan siya ng
isang lalaking nagngangalang Ananias at
papatungan siya ng kamay upang maka-
kita siyang muli." 13 Sumagot si Ananias:
"Panginoon, marami na akong nabalitaan
tungkol sa lalaking ito; marami na nga
siyang ginawang kasamaan sa iyong mga
banal sa Jerusalem. 14 At ngayo'y may
kapangyarihan siya mula sa mga punong-
pari para dakpin ang lahat ng tumatawag
sa iyong Pangalan." 15 Ngunit sinabi sa
kanya ng Panginoon: "Humayo ka! Ang
lalaking ito ang magiging pili kong
kasangkapan upang dalhin ang aking
pangalan sa mga bansang pagano at sa

---

pagturo. Nawili siya sa mga bagay tungkol sa Diyos at hindi na niya inisip ang pag-aasawa. Sa talubatang ito, maaasaha't may pananagutan, ipinagkatiwala ng mga Judio ang pinakamahirap na tungkulin. Aalisin niya ang bago't kahinahinalang doktrina ng mga Kristiyano sa kanilang pamayanan. Si Pablo ang nakatakdang umusig sa mga tagasunod ni Kristo. Ginawa niya ito sa napakabagsik na pamamaraang ikabubuti ng kanyang relihiyon.

*Bakit mo ako inuusig?* Sino ang Panginoong ito na tumatawag sa akin bilang tagausig, samantalang hangarin ko ang makapagsilbi sa Panginoong Diyos. Hanggang sa sandaling iyon akala ni Pablo na tulad ng Pariseo sa talinhaga (Lc 18:9) na mabuti siya. At nagpapasalamat siya sa Diyos dahil ginawa siyang taong may pananagutan, mapagkakatiwalaa't masugid na mananampalataya. Subalit ngayong nahaharap siya sa liwanag ni Kristo, nabatid niyang walang katuturan ang kanyang mga katangian at paglilingkod sa Diyos. Batay lamang sa panatismo ang kanyang pananampalataya. Mapagpanggap na pagmamataas ang kanyang katiyakan bilang mananampalataya. Nakikita ni Pablo ang kanyang sarili bilang makasalanan, marahas at mapanghimagsik. Subalit naiintindihan siya ng Diyos na tumanggap, humirang at nagpatawad sa kanya: 9:15.

Hindi na Pariseo sa talinhaga si Pablo kundi lumipat siya sa kinatatayuan ng publikano: "Panginoon, kaawaan mo akong isang makasalanan!" Ito ang katangian ng pagbabago ng tunay na Kristiyano.

Samakatwid, masigasig man tayo, hindi natin masasabing tagapagpatotoo tayo ni Kristo kung hindi natin tinatanggap na pinatawad niya ang ating mga kasalanan. Ito ang noon hindi pa nakakarating sa mga ibayong lupain ng mga Judio ang Iglesyang inaakay at binubuo nila. Isa ring Judio si Pablo subalit lumaki siya sa labas ng kanyang bansa. Tinamasa niya ang kalinangan ng mga Griyego pati ng kanyang sariling lahi. Dahil dito't sa kanyang pambihirang kakayahan magiging apostol siya sa mga Griyego.

Sa pamamagitan ng paghikayat sa mga nasa sapat na gulang na, patuloy at palagiang nagpapanibago ang Iglesya. Gustuhin man ng mga pamayanang Kristiyanong maging bukas sa mga taong hindi nila kasapi (halimbawa ang mga manggagawa, o sa ibang pagkakataon, kabataan) kadalasa'y hindi sila handang makiisa. Datapwat tumatawag ang Diyos sa mga taong nasa iba't ibang kalakaran sa buhay. Pagkatanggap nila ng pananampalataya sa Iglesya makakapagebanghelyo sila sa kanilang sariling kalinangan at mananatili silang malaya sa mga makalumang grupo ng Iglesya.

Sa mga mapagpasyang panahon ng kasaysayan, tinawag ni Kristo ang mga taong kinakailangan sa kanyang Iglesya: tulad ni San Francisco ng Assisi, at ang mas malapit sa atin, si Juan XXIII.

Ang Daan: *ito ang tawag sa Kristiyanismo. Nagbabadya ang salitang ito sa katotohanang hindi lamang ito panrelihiyong pagtuturo, kundi bagong pamamaraan ng pamumuhay na binigyang liwanag ng pag-asa.*

Sinasabi rito na dumalaw siya *sa mga banal* (o itinalaga sa Diyos). Bago isilang si Kristo ginagamit itong salita nang bukod tangi upang tukuyin ang bagong bayan ng Diyos na magsisimula sa pagdating ng Manunubos (Dn 7:27). Ang mga Kristiyano ang

kanilang mga hari at sa mga anak din ng
Israel. 16 Ipakikita ko naman sa kanya ang
lahat ng kailangan niyang tiisin alang-
alang sa aking Pangalan."
17 Umalis si Ananias at pumunta sa
bahay. Ipinatong niya ang kanyang mga
kamay kay Saulo, at sinabi: "Kapatid na
Saulo, ang Panginoong Jesus na napakita
sa iyo sa daan habang papunta ka rito ang
nagsugo sa akin upang manumbalik ang
iyong paningin at mapuspos ka ng
Espiritu Santo." 18 Noon di'y may nalaglag
na parang mga kaliskis mula sa mga mata
ni Saulo, at nakakita na siya. Tumindig
siya at nagpabinyag. 19 Kumain siya at
nanumbalik ang kanyang lakas.

• Ilang araw siyang nanatiling kasama
ng mga alagad sa Damasco. 20 Agad
niyang sinimulang ipahayag sa mga sina-
goga na si Jesus ang Anak ng Diyos.
21 Nagtaka ang lahat ng nakarinig sa
kanya, at sinabi nila: "Hindi ba ito ang
gumawa ng katakut-takot na gulo sa
Jerusalem laban sa mga tumatawag sa
binabanggit niyang Pangalan? Di ba't
naparito siya para dakpin sila at iharap sa
mga punong-pari?"
22 Ngunit lalong lumakas ang loob ni
Saulo at namalikmata ang mga Judio sa
Damasco nang patunayan niyang si
Jesus ang Kristo.
23 Makaraan ang maraming araw, bi-
nalak ng mga Judio na patayin si Saulo.
24 Ngunit nalaman ito ni Saulo. Araw-gabi
silang nag-aabang sa pintuan ng lunsod
para patayin siya. 25 Ngunit isang gabi,
inihugos siya ng mga alagad sa isang
kaing sa kabila ng pader.
26 Pagdating ni Saulo sa Jerusalem,
sinikap niyang sumama sa mga alagad
doon; ngunit takot sila sa kanya dahil
hindi sila makapaniwala na alagad na nga
siya. 27 Ngunit isinama siya ni Bernabe at
iniharap sa mga apostol. Isinalaysay ni
Bernabe kung paano nakita ni Saulo ang
Panginoon sa kanyang paglalakbay, at
nakipag-usap ito sa kanya at kung paano
siya buong-tapang na nangaral sa
Damasco sa ngalan ni Jesus.
28 Mula noon, kasama na si Saulo ng
mga alagad sa Jerusalem, at buong-
tapang na nangaral sa ngalan ng Pangi-
noon. 29 Nakipag-usap din siya at naki-
pagtalo sa mga Helenista, ngunit tinangka
ng mga iyon na patayin siya. 30 Nang
malaman ito ng mga kapatid, dinala nila
siya sa Cesarea, at pinauwi sa Tarso.
31 At nagkaroon ng kapayapaan ang
Iglesya sa buong Judea, Galilea at
Samaria. Tumatag ito at nagpatuloy sa
pitagan sa Panginoon at puno ng ginhawa
ng Espiritu Santo.

**Dinalaw ni Pedro ang mga Iglesya**

• 32 Nang panahon ding iyon, dina-
dalaw ni Pedro ang lahat at pinuntahan
niya ang mga banal na nasa Lida.
33 Natagpuan niya roon ang isang lalaking
nagngangalang Eneas, isang paralitiko na
walong taon nang nakaratay. 34 At sinabi
niya kay Eneas: "Pinagagaling ka ngayon

---

Sa mga mapagpasyang panahon ng kasaysayan, tinawag ni Kristo ang mga taong kinakailangan sa kanyang Iglesya; tulad ni San Francisco ng Asisi, at ang mas malapit sa atin, si Juan XXIII.

Ang Daan: *ito ang tawag sa Kristiyanismo. Nagbabadya ang salitang ito sa katotohanang hindi lamang ito panrelihiyong pagtuturo, kundi bagong pamamaraan ng pamumuhay na binigyang liwanag ng pag-asa.*

• 19. Tatlong taong ipinahayag ni Pablo ang kanyang pananampalataya. Ibinahagi niya ang kanyang karanasan sa lalawigan ng Damasco, tinatawag ding Arabia (tingnan sa Gal 1:17 at 2 Cor 11:32).

Sinunod na ni Pablo ang kanyang sariling pamamaraan. Subalit hindi niya inihiwalay ang kanyang sarili sa Iglesya. Ipinapakita ito ng kanyang paglalakbay patungong Jerusalem upang makipagtagpo sa mga apostol. Gayunman, pinapanatili niya ang kanyang pagsasarili habang hinihintay niya ang paggalaw ng Espiritu Santo.

• 32. Nagpakita si Pedro sa kanyang tungkulin bilang "tagapagsuri" ng mga Iglesya (tagapagsuri ang kahulugan ng salitang *obispo*).

Sinasabi rito na dumalaw siya *sa mga banal* (o itinalaga sa Diyos). Bago isilang si Kristo ginagamit itong salita nang bukod tangi upang tukuyin ang

ni Jesucristo; bumangon ka at ayusin mo
ang iyong higaan." Agad na tumindig si
Eneas. 35 Nakita si Eneas ng lahat ng
taga-Lida at Sharon, at bumaling sila sa
Panginoon.

36 Sa Joppe nama'y may isang ba-
baeng alagad na Tabita ang pangalan na
ang ibig sabihi'y Dorcas o Usa. Lagi
siyang gumagawa ng mabuti at laging
naglilimos. 37 At noo'y nagkasakit siya at
namatay. Pagkapunas sa kanyang kata-
wan, ibinurol ito sa silid sa itaas. 38 Malapit
ang Lida sa Joppe, kaya nang mabalitaan
ng mga alagad na naroon si Pedro,
pinapunta nila sa kanya ang dalawang
lalaki upang makiusap: "Sumama kayo
agad sa amin!"

39 Umalis si Pedro kasama nila. Pag-
karating ni Pedro, pinaakyat siya sa silid
sa itaas. Tumayo sa tabi ni Pedro ang mga
biyuda na umiiyak habang ipinakikita sa
kanya ang mga baro at iba pang damit na
ginawa ni Dorcas nang nabubuhay pa.
40 Pinalabas ni Pedro ang lahat; lumuhod
siya at nanalangin. Humarap siya sa
bangkay at sinabi: "Tabita, bumangon
ka!" Mumulat ito, at pagkakita kay Pedro
ay naupo. 41 Hinawakan ni Pedro ang
kamay nito at tinulungang tumayo. At
tinawag niya ang mga banal at ang mga
biyuda at iniharap siyang buháy. 42 Naba-
litaan ito sa buong Joppe, at marami ang
sumampalataya sa Panginoon. 43 Ma-
tagal-tagal ding nanatili sa Joppe si
Pedro, sa bahay ng isang gumagawa ng
katad na nagngangalang Simon.

**Bininyagan ni Pedro si Cornelio**

**10** • 1 Sa Cesarea naman ay may
lalaking nagngangalang Cornelio,
kapitan siya ng tinatawag na Batalyong
Italiano. 2 Maka-Diyos siya at kasama ng
buo niyang pamilya, kabilang siya sa mga
may-takot sa Diyos. Bukas-palad siya sa
paglilimos sa bayan, at laging nanana-
langin sa Diyos.
3 Minsan, mga ikatlo ng hapon, nakita
niya sa pangitain ang anghel ng Diyos na
lumapit sa kanya at nagsalita: "Cornelio!"
4 Natakot si Cornelio at napatitig sa
anghel at itinanong: "Ano iyon, Pangi-
noon?" At sinabi nito sa kanya: "Puma-
itaas sa harap ng Diyos ang iyong mga
dalangin at limos at inalala ka niya. 5 Kaya
magpadala ngayon ng ilang tao sa Joppe

---

bagong bayan ng Diyos: sila'y ang Iglesya (tingnan sa 5:11) at ang mga banal.

Katulad ng ginawa ni Kristo ang pagbuhay kay Tabitha. Isang alingawngaw ito ng muling pagkabuhay ni Kristo, tulad ng pagbuhay kay Lazaro (Jn 11) at sa anak ng balo (Lc 7:11).

Ninais ng Diyos na ipagkaloob ang mga tandang ito bilang pagpapatibay ng pananampalataya sa pagkabuhay ni Kristo. Maliban sa mga nakasaksi sa kanyang muling pagkabuhay, mahalaga itong makita ng iba't ibang mga pamayanan na "binubuhay ng Diyos ang mga patay" (tingnan ang Heb 11:19). Magkakahalintulad na mga pagkabuhay ang nakikita sa Iglesya hanggang sa ating siglo.

• **10.**1 Bagong pakikisangkot ito ng Espiritu Santo upang makalabas ang Iglesya sa maka-Judiong kapaligiran at makarating ang Ebanghelyo sa ibang tao. Si Cornelio (katulad ng taga-Etiopia na nabanggit sa 8:27) ay taong *may-takot sa Diyos*. Nangangahulugang isang dayuhan na naniniwala sa iisang Diyos ng mga Judio na hindi kasapi sa kanilang pamayanan.

*Binuksan ang langit para sa kanya*. Nakita niya marahil ang toldang bumababa, isang larawan ng tirahan ng Diyos sa sanlibutang kinalalagyan ng mga hayop na marumi.

Kalakip ng relihiyong Judio ang lahat ng bagay na ipinagbawal sa mga mananampalataya. May pagkakaiba ang malinis at maruming hayop. Kinakain ng tao ang malinis na hayop at ang marumi'y hindi. Ganito rin ang patakarang gagamitin sa mga tao. Hindi maaaring makihalubilo ang mga Judio sa hindi mga Judio. Gayunman, sa pangitain ni Pedro inanyayahan siyang kumain ng maruming hayop; nangangahulugang hindi siya mangingiming pumunta't manahan sa bahay ni Cornelio, isang Romano.

Hindi natin alam kung nag-aalinlangan si Pedrong binyagan ang hindi Judio (at hindi tinuli) na katulad ni Cornelio. Ang pagpapahayag ng Espiritu Santo ang nagpagalaw sa kanyang mga kamay.

Sa wakas isang taong galing sa ibang lahi ang bininyagan. Sa maraming pook ngayon, wari na unti-unting nagiging ang Iglesya na isang nakapinid na pangkat-panlipunan at marahil makaluma na. Inaanyayahan tayo ng Santo Papa at mga obispo na sumulong at makipag-ugnayan sa iba. Pero tila kailangang magpakita ang isang anghel para makapunta tayo sa iba.

para sunduin ang isang nagngangalang
Simon na tinatawag na Pedro. 6 Nakatira
siya sa bahay ni Simong gumagawa ng
katad, sa may tabing-dagat."
7 Pagkaalis ng anghel na kumausap sa
kanya, tinawag ni Cornelio ang dalawa sa
kanyang utusan at isang sundalong
maka-Diyos na nasa pamamahala niya.
8 Sinabi niya sa kanila ang lahat at saka
pinapunta sa Joppe.
9 Kinabukasan, nang magtatanghaling-
tapat, nang palapit na sila sa siyudad,
umakyat si Pedro sa bubungan para
manalangin. 10 Nagutom siya at gusto na
niyang kumain, pero habang inihahanda
pa ang pagkain, nawala siya sa sarili.
11 Binuksan ang langit para sa kanya, at
may kung anong parang malapad na
mantel na ibinababa sa lupa sa apat na
dulo nito. 12 Naroon ang lahat ng klase ng
hayop, at mga ahas at mga ibon sa
himpapawid. 13 At may tinig na nagsabi sa
kanya: "Pedro, tumindig ka, magpatay at
kumain."
14 Sumagot naman si Pedro, "Hindi ko
magagawa, Panginoon; kailanma'y hindi
ako kumain ng anumang karaniwan at di-
malinis." 15 At nagsalita sa kanya ang tinig
sa ikalawang pagkakataon: "Huwag
mong tawaging di-malinis ang nilinis na
ng Diyos." 16 Tatlong beses itong nang-
yari, at agad na pumaitaas sa langit ang
mantel.
17 Naguguluhan pa si Pedro at iniisip
kung ano ang kahulugan ng pangitain
nang dumating sa may pintuan ang mga
lalaking pinapunta ni Cornelio, matapos
ipagtanong ang bahay ni Simon.
18 Tumawag sila at itinanong kung doon
nakatira si Simon na tinatawag na Pedro.
19 Patuloy pang iniisip ni Pedro ang
pangitain nang mangusap sa kanya ang
Espiritu: "May mga lalaking naghahanap
sa iyo. 20 Tumindig ka at manaog, at
huwag kang mag-atubili sa pagsama sa
kanila dahil ako ang nagpadala sa kanila."
21 Nanaog naman si Pedro at sinabi sa
mga lalaki: "Ako ang hinahanap ninyo;
bakit kayo naparito?" 22 Sumagot sila:
"Pinapunta kami ni Kapitan Cornelio,
matuwid siya at kabilang sa mga may-
takot sa Diyos, at iginagalang ng lahat ng
Judio. Sinabihan siya ng isang banal na
anghel na papuntahin ka sa bahay niya
para marinig ang iyong sasabihin."
23 Kaya pinatuloy ni Pedro ang mga lalaki
bilang mga bisita.
Kinabukasan, umalis si Pedrong
kasama ng mga lalaki, at ilang kapatid na
taga-Joppe. 24 Dumating siya sa Cesarea
nang sumunod na araw pa. Hinihintay sila
ni Cornelio, at tinipon naman nito ang
kanyang mga kamag-anak at matatalik
na kaibigan. 25 Pagpasok ni Pedro, sinalu-
bong siya ni Cornelio na nagpatirapa sa
kanyang paanan bilang paggalang.
26 Ngunit pinatayo ni Pedro si Cornelio, at
sinabi: "Tumindig ka, tao rin lamang ako."
27 Habang nakikipag-usap si Pedro sa
kanya, pumasok siya sa bahay at nakita
niya ang maraming nagkakatipon doon.
28 At sinabi niya: "Alam ninyo na ipinag-
babawal sa isang Judio ang makihalubilo
o dumalaw sa sinumang dayuhan. Ngunit
itinuro sa akin ng Diyos na di dapat tawa-
ging marumi o di-malinis ang sinuman.
29 Kaya hindi ako tumutol nang ipatawag
ako. Itinatanong ko naman ngayon kung
bakit ninyo ako ipinatawag."
30 Sumagot si Cornelio: "Apat na araw
na ang nakararaan, nananalangin ako
noon sa bahay ko sa ganito ring oras, mga

---

*Ang salitang ipinadala niya* (36). Ipinakikilala ni Pedro si Jesus. Ang kanyang buhay ay sa isang tunay na propeta – dumating upang ipagpatuloy ang mga gawain ng mga nakaraang propeta na tagapagsalita ng Salita ng Diyos. Subalit ipinagkatiwala ng Diyos kay Jesus *ang Mabuting Balita ng kapayapaan*: sa pamamagitan niya ipinagkakasundo ng Diyos ang tao sa kanyang sarili. Madali nating naaalaala ang isa sa mga pinapahalagahan ni Pablo: tingnan sa Rom 5:1-11; 2 Cor 5:11-21 at Ef 2:14-16).

*Hukom ng mga buhay at patay* ( 42). Ibinatay ang pangungusap na ito sa makarelihiyong pananaw noong panahong iyon. Ipinapakita ang pagkakaiba ng paghuhusga sa mga taong makakasaksi sa pagbabalik

alas tres ng hapon. May isang lalaking
nakadamit ng maningning na biglang
tumayo sa harap ko, 31 at sinabi niya:
'Cornelio, dininig ng Diyos ang iyong
panalangin at inalala niya ang iyong mga
limos. 32 Kaya ipasundo mo sa Joppe si
Simon na tinatawag na Pedro. Nakatira
siya sa bahay ni Simong gumagawa ng
katad, sa may tabing-dagat.' 33 Kaya
ipinasundo kita agad, at napakabuti mo
naman at sumama ka rito. Kaya narito
kaming lahat sa harap ng Diyos, para
makinig sa lahat ng ipinasasabi ng
Panginoon sa iyo."

34 At nagsalita si Pedro, at sinabi:
"Naiintindihan ko na ngayon na talaga
ngang walang kinikilingan ang Diyos.
35 Sa bawat bansa'y tinatanggap niya ang
sinumang may-takot sa kanya at guma-
gawa ng tama.

36 Ito ang salitang ipinadala niya sa
bayang Israel, ang mabuting balita ng
kapayapaang ipinahayag niya kay
Jesucristong Panginoon ng lahat. 37 Alam
ninyo ang mga nangyari sa buong Judea,
na nagsimula sa Galilea pagkatapos ng
binyag na ipinangaral ni Juan. 38 Hinirang
nga ng Diyos si Jesus na taga-Nazaret sa
Espiritu Santo at kapangyarihan. Sa-
anman magpunta, siya'y gumagawa ng
mabuti at nagpapagaling sa lahat ng nasa
kapangyarihan ng diyablo, sapagkat
sumasakanya ang Diyos. 39 Saksi kami sa
lahat ng kanyang ginawa sa lupain ng
mga Judio at sa Jerusalem.

Pinatay nila siya nang ibitin siya sa
punongkahoy. 40 Ngunit binuhay siyang
muli ng Diyos sa ikatlong araw at ipinakita
siya; 41 hindi sa lahat ng tao kundi sa mga
saksing hinirang na noong una pa ng
Diyos – kami na kumain at uminom na
kasalo niya matapos na muli siyang ma-
buhay. 42 Iniutos niya sa amin na mangaral
sa mga tao at magpatotoo na siya nga
ang hinirang ng Diyos na maging hukom
ng mga buhay at ng mga patay. 43 Siya
ang tinutukoy ng lahat ng propeta nang
ipahayag nilang tatanggap ng kapata-
waran ng mga kasalanan sa pamama-
gitan ng kanyang Pangalan ang sinumang
sumasampalataya sa kanya.

44 Nagsasalita pa si Pedro nang bumaba
ang Espiritu Santo sa lahat ng nakarinig
sa Salita. 45 Namangha ang mga Judiong
mananampalataya na kasamang duma-
ting ni Pedro at ibinibigay rin pala sa mga
dayuhan ang kaloob na Espiritu Santo!
46 Sapagkat narinig nila ang mga ito na
nagsasalita sa iba't ibang wika at nagpu-
puri sa Diyos.

At sinabi ni Pedro: 47 "May makahahad-
lang ba na binyagan sa tubig ang mga
taong ito? Tinanggap na nila ang Espiritu
Santo tulad natin." 48 Kaya iniutos ni Pedro
na binyagan sila sa ngalan ni Jesucristo.
Pagkatapos ay pinakiusapan nila si Pedro
na manatili nang ilang araw kasama nila.

**Pangangatwiran ni Pedro**

**11** • 1 Nabalitaan ng mga apostol at
ng mga kapatid sa Judea na ti-
nanggap din ng mga di-Judio ang Salita
ng Diyos. 2 Kayat nang makaahon si
Pedro sa Jerusalem, nakipagtalo sa
kanya ang mga Judiong naging Kris-
tiyano. 3 Sinabi nila sa kanya: "Bakit ka
tumuloy sa bahay ng mga di-tuli at
nakisalo sa kanila?"

4 Sinimulan ni Pedrong isalaysay nang
buung-buo ang mga pangyayari: 5 "Nasa
lunsod ako ng Joppe at nananalangin
nang magkaroon ako ng pangitain

---

ni Kristo sa katapusan ng mundo (*mga buhay*) at mga namatay noon pa (*mga patay*). Tingnan ang katulad sa 1 Tes 4:17.

*Tatanggap ng kapatawaran sa pamamagitan ng kanyang Pangalan*. Nangangahulugan ang *Pangalan* ng kanyang kapangyariha't kabisaan. Nagpapatunay ito sa pagka-Diyos ni Kristo.

• **11.**1 Ipinapakita sa atin ng sagot ng mga Kristiyano sa Jerusalem kung ano ang kahulugan ng ganap na pagbabago sa pagbibinyag kay Cornelio.

Ipinapakita ng unang babala ni Pedro ang patuloy na panggigipit na ipinapataw ng mga "nakaraang Kristiyano" sa kanilang mga pari at obispo sa buong kasaysaysan.

habang wala sa sarili. May kung anong
malaking mantel na bumababa mula sa
langit, palapit sa akin, at palapag sa lupa
sa apat na dulo nito. 6 Pinagmasdan ko
iyong mabuti at nakita ko rito ang mga
hayop sa lupa, mababangis na hayop,
mga ahas, at mga ibon sa himpapawid.
7 At may narinig akong isang tinig na nag-
sasabi: 'Tumindig ka, Pedro. Magpatay
ka't kumain!' 8 Sinabi ko naman: 'Hindi,
Panginoon! Kailanma'y wala pang anu-
mang karaniwan o di-malinis na pumasok
sa bibig ko!' 9 Ngunit muling nagsalita ang
tinig buhat sa langit: 'Huwag mong tawa-
ging di-malinis ang nilinis na ng Diyos.'
10 Tatlong beses itong nangyari, at
pagkatapos hinila iyon pabalik sa langit.
11 Noon di'y dumating ang tatlong lalaki sa
bahay na kinaroroonan ko, na pinapunta
sa akin mula sa Cesarea. 12 Sinabi rin sa
akin ng Espiritu na huwag mag-atubiling
sumama sa kanila. Sumama rin sa akin
ang anim na kapatid na ito at tumuloy
kami sa bahay ng taong iyon. 13 Sinabi
niya sa amin na nakakita siya ng anghel
sa kanyang bahay, na nagsabing: 'Ipa-
sundo mo sa Joppe si Simon na tinatawag
na Pedro. 14 Maghahatid siya sa iyo ng
mensahe na daan upang ikaw at ang buo
mong sambahayan ay maligtas.'

15 Nang magsimula akong magsalita,
bumaba sa kanila ang Espiritu Santo,
gaya ng pagbaba niya sa atin noong una.
16 At naalaala ko ang sinabi ng Panginoon:
'Bininyagan kayo ni Juan sa tubig, ngunit
bibinyagan kayo sa Espiritu Santo.'
17 Kung ibinigay sa kanila ng Diyos ang
parehong kaloob na ibinigay rin niya sa
atin nang sumasampalataya tayo sa
Panginoong Jesucristo, sino ako para
hadlangan ang Diyos?"

18 Natahimik sila nang marinig nila ito.
Tinanggap nila ang katotohanan, at
sinabi: "Ipinagkaloob din ng Diyos sa mga
di-Judio ang pagsisisi tungo sa bagong
buhay."

**Ang simula ng Iglesya sa Antiokiya**

• 19 Nakarating naman hanggang
Fenicia, sa isla ng Ciprus at sa siyudad
Antiokiya ang mga nagsipangalat dahil sa
pag-uusig na sumunod sa pagkamatay ni
Esteban. Ngunit sa mga Judio lamang
nila ipinangaral ang salita. 20 Gayunman,
pagdating sa Antiokiya ng ilan sa kanila
na mga taga-Ciprus at Cirene, ipinangaral
din nila sa mga Griyego ang magandang
balita tungkol sa Panginoong Jesus.
21 Inalalayan sila ng kamay ng Panginoon,
at marami ang sumampalataya at buma-
ling sa Panginoon. 22 Dumating ang
balitang ito sa Iglesya sa Jerusalem, at
pinapunta nila si Bernabe sa Antiokiya.
23 Pagdating niya, nasaksihan niya ang
pagpapala ng Diyos. Natuwa siya at
pinalakas niya ang kanilang loob na
manatiling tapat sa Panginoon nang buo
nilang puso. 24 Mabuting tao siya, at
puspos ng Espiritu Santo at ng pananam-
palataya; at marami ang kumilala sa
Panginoon.

25 Nagtuloy naman si Bernabe pa-Tarso

---

Walang maling intensyon ang mga taga-Jerusalem na ito at tinatanggap nila ang pagpapaliwanag ni Pedro. Gayunman, laging nangangailangan ng lakas ng loob ang mga pinuno ng Iglesya upang piliin nila ang pag-anyaya ng Espiritu Santo kaysa mga makalumang kaisipan. Kadalasan ikinalulungkot din natin ang makitid na pananaw at pagkamakasarili ng ating kapwa. Itinatakwil ng mga grupong panlipunan ang ibang mga pangkat. Mahirap ngang tanggalin ang mga maling palagay.

• 19. Ang Antiokiya, 500 kilometro sa hilaga ng Jerusalem, ang pangunahing lunsod ng Imperyo Romano sa lalawigan ng Siria. Ito'y paganong bansa na may wikang Griyego at may mahalagang pamayanang Judio. Hindi iniulat ng aklat kung sino ang mga tunay na misyonerong ito na naunang nagdala ng Kristiyanong pananampalataya sa mga pagano at kung papaano ito isinagawa. Sa unang pagkakataon nagkahalubilo sa Iglesya ang mga Judiong naniniwala kay Kristo at ang mga mananampalataya na tumalikod sa paganong relihiyon. Dito matatagpuan ang hinaharap ng simbahan.

Makapangyarihang kumikilos ang pamayanang Jerusalem sa bagong Iglesya. Umantig sa kanila ang halimbawa ng mga taga-Antiokiya sapagkat kahanga-

para hanapin si Saulo. 26 At nang makita
niya ito'y isinama niya sa Antiokiya. Isang
taon silang kasama ng Iglesyang ito, at
marami silang tinuruan. Sa Antiokiya
unang tinawag na Kristiyano ang mga
alagad.

• 27 Nang panahong iyon, lumusong
pa-Antiokiya ang ilang propeta mula sa
Jerusalem. 28 Tumindig ang isa sa kanila,
si Agabo, at sa lakas ng Espiritu'y ibina-
litang magkakaroon ng malubhang tag-
gutom sa buong daigdig. Naganap ito sa
kapanahunan ni Emperador Claudio.
29 Kaya ipinasya ng mga alagad ayon sa
makakaya ng bawat isa na magpadala ng
tulong sa mga kapatid na nasa Judea.
30 Gayon nga ang ginawa nila, at ipinadala
kina Bernabe at Saulo ang kanilang tu-
long sa Matatanda ng Iglesya.

**Pinatay si Jaime; nakalaya si Pedro**

**12** • 1 Nang panahong iyon, ipina-
dakip ni Haring Herodes ang ilang
kabilang sa Iglesya upang usigin sila.
2 Ipinapatay niya sa tabak si Jaimeng
kapatid ni Juan. 3 At nang makita niyang
ikinatuwa iyon ng mga Judio, ipinadakip
naman niya si Pedro.

Naganap ito sa Piyesta ng Tinapay na
Walang Lebadura. 4 Pagkadakip sa kanya,
ipinakulong niya ito sa bilangguan at
pinabantayan sa apat na pangkat ng tig-
apat na sundalo. Balak niyang iharap ito
sa bayan pagkatapos ng Paskuwa ng mga
Judio. 5 Habang nakakulong si Pedro,
patuloy naman siyang ipinananalangin
nang taimtim ng Iglesya sa Diyos.

6 Nang gabing iyon bago iharap ni
Herodes si Pedro, natutulog si Pedro sa
gitna ng dalawang sundalo, at nakata-
nikala sa dalawang kadena. At may tanod
namang nagbabantay sa may pinto ng
kulungan.

7 Walang anu-ano'y lumitaw ang anghel
ng Panginoon at napuno ng liwanag ang
selda. Tinapik ng anghel si Pedro sa
tagiliran at ginising: "Bumangon ka,
madali!" At nakalag ang mga kadena sa
kanyang mga kamay. 8 At sinabi ng
anghel: "Isuot mo ang sinturon at san-
dalyas." Gayon nga ang kanyang ginawa.
At sinabi pa ng anghel sa kanya:
"Magbalabal ka at sumunod ka sa akin."

9 Lumabas nga siya at sumunod sa
anghel. Hindi niya namamalayan na
talaga palang nangyayari ang ginagawa
ng anghel, sa pag-aakala niyang panagi-
nip lamang ito. 10 Nalampasan nila ang
una at pangalawang mga bantay at naka-
rating sila sa tarangkahang bakal patungo
sa lunsod. Bumukas na kusa iyon, at
dumaan sila. At pagkapaglakad nila sa
isang daan, bigla siyang iniwan ng anghel.

11 Natauhan si Pedro at sinabi niya:
"Natitiyak ko na ngayon na ipinadala nga

---

hanga sa mga Judiong Palestino ang pagtanggap sa mga taong di-Judio. Hindi ba't nagbabawal ang Batas ni Moises na makisalamuha sa mga taong "hindi tinuli"?

• 27. Nabanggit dito ang mga *propeta*. Isa sa mga tanyag na kaloob ng Espiritu Santo sa mga mananampalataya ang "pagpapahayag ng Salita ng Diyos". Sa maraming pagkakataon, nalalaman ng "propeta" mula sa Diyos ang mangyayari sa pamayanan o mga kasapi. Nangangaral siya "sa kapangyarihan ng Espiritu Santo" at nakikilala ng lahat sa kanilang matibay na paniniwala't karunungan ang kamay ng Diyos. Natagpuan niya sa buong Kasulatan ang salitang makahulugan para sa kasalukuyan.

Binibigyang-diin ang unang pagbibigay ng pagtulong sa mga kapatid na Kristiyanong mula sa ibang bansa. Nabanggit sa talatang ito ang mga nakatatanda o "presbyter" (magkasingkahulugan). Ayon sa kaugaliang Judio, ito ang tawag sa mga pinuno ng mga pamayanang Kristiyano.

• **12.**1 Humampas sa buong pamayanang Kristiyano ng Jerusalem ang ikalawang pag-uusig (tingnan sa 8:1). Si Jaime, na kapatid ni Juan, ay isa sa *mga haligi ng Iglesya*, kasama nina Pedro at Juan (Gal 2:9).

Pinahahalagahan sa ikalawang pagpapalaya kay Pedro (tingnan sa 5:19) ang makapangyarihang pagdarasal para sa mga pinuno ng Iglesya at ang kalooban ni Kristo na iligtas ang Iglesya sa kapangyarihan ng kasamaan (tingnan sa Mt 16:18).

*Ipaalam ninyo ito kay Jaime*. Ang Jaimeng nabanggit ay ang "kapatid ng Panginoon" na kinilala bilang pinuno ng Iglesya sa Jerusalem.

ng Panginoon ang kanyang anghel para
iligtas ako sa mga kamay ni Herodes at sa
lahat ng binabalak ng bayang Judio.
12 Nang magliwanag ito kay Pedro,
pumunta siya sa bahay ni Mariang ina ni
Juan na tinatawag ding Marcos. Doon
nagkakatipon ang marami at nanana-
langin. 13 Pagkatok ni Pedro sa may
tarangkahan, lumapit ang isang batang
utusan na nagngangalang Roda. 14 Naki-
lala nito ang boses ni Pedro pero dahil sa
malaking tuwa, hindi na niya nabuksan
ang pinto, at sa halip ay patakbong
pumasok at ibinalitang nasa may
tarangkahan si Pedro! 15 Sinabi naman
nila sa kanya: "Nababaliw ka!" Ngunit
iginiit niya ito, kaya sinabi nilang: "Iyon
ang kanyang anghel."
16 Patuloy naman sa pagkatok si Pedro.
Nagulat sila nang buksan nila ang pinto at
makita siya. 17 Sumenyas si Pedro para
tumahimik sila, at isinalaysay niya kung
paano siya inilabas ng Panginoon sa kulu-
ngan. At sinabi niya sa kanila: "Sabihin
ninyo ito kay Jaime at sa mga kapatid."
At saka siya umalis papunta sa ibang
lugar.
18 Kinaumagahan, labis ang pagka-
kagulo ng mga sundalo: Nasaan na si
Pedro? 19 Ipinahanap siya ni Herodes at
nang hindi siya matagpuan, siniyasat niya
ang mga bantay at saka ipinapatay.
Pagkatapos ay umalis si Herodes sa
Judea pa-Cesarea at doon nanatili.

**Ang pagkamatay ni Herodes**

20 Nagalit si Herodes sa mga taga-Tiro
at Sidon, kaya nagkaisa ang mga ito na
lumapit sa hari. At matapos hikayatin si
Blasto na ingatyaman ng hari, humingi
sila ng kapayapaan dahil sa lupain ng hari
galing ang kanilang mga pagkain. 21 Sa
takdang araw, nakadamit-hari si Herodes
na naupo sa kanyang trono at nagtalum-
pati. 22 Sumigaw ang mga tao: "Isang
diyos ang nagsasalita, hindi tao!" 23 Noon
di'y hinampas siya ng anghel ng Pangi-
noon pagkat hindi siya nagpuri sa Diyos.
Kinain siya ng mga uod at namatay.
24 Patuloy namang lumago at luma-
ganap ang Salita ng Diyos. 25 Bumalik
sina Bernabe at Saulo mula sa Jerusalem
pagkatapos ng kanilang misyon. Isinama
nila si Juan na tinatawag ding Marcos.

**Sinugo ng Iglesya si Pablo**

13 • 1 May mga propeta at mga
guro sa Iglesya sa Antiokiya: sina
Bernabe, Simeong binansagang Negro,
Lucio ng Cirene, Manahem na lumaking
kasama ng tetrarkang si Herodes, at si
Saulo. 2 Kasalukuyan silang sumasamba
sa Panginoon at nag-aayuno nang
magsalita ang Espiritu Santo: "Ibukod
ninyo sa akin sina Bernabe at Saulo para
sa gawaing itinakda ko sa kanila."
3 Pagkapag-ayuno nila't pagkapanala-
ngin, pinatungan nila sila ng kamay at
pinaalis.

---

• **13.1** Simula ito ng mga misyon ni Pablo. Noon siya ipinadala bilang katulong lamang ni Barnabas.

Napakahirap maunawaan kung papaano binuo ang Iglesya sa simula. Wala pa ang hiyerarkiya ng Iglesya sa kasalukuyan na may tatlong antas: mga obispo, pari, diakono. Naganap itong kaayusan sa wakas ng unang siglo. Sa karamihan humihirang ang pamayanan ng *Matatanda* (o presbitero) na galing sa mga pinagkakatiwalaang tao. Pagkahirang sa kanila at pagkatanggap ng mga kalapit na pamayanan, binigyan sila ng kapangyarihang magbinyag, magdiwang ng Eukaristiya't magpahid sa mga maysakit. Itinulad lamang ang pagtatalaga sa makatatanda sa pangasiwaan ng pamayanang Judio.

Gayunman, kung mayroong mga kinilalang *propeta* (ito ang naganap sa Antiokiya), nagtatamasa sila ng higit na kapangyarihang may pagkakatulad sa mga apostol (1 Cor 12:28 at Ef 2:20).

Hindi itinuring na mga apostol sina Pablo't Barnabas, kundi mga propeta. Sa mga guro, sila ang mga nakapagtuturo sa kanilang mga kapatid ng doktrina't kabutihang-asal batay sa Banal na Kasulatan. Puspusang isinalaysay ni Lucas ang misyong ito. Nagmula ito sa pagkukusa ng Espiritu Santo at sa masigasig na pamumuhay ng pamayanan ng Antiokiya. Pahalagahan din natin ang pagtanggap ng pamayanan sa paglisan ng dalawa sa lima nilang pinuno. Handang humarap si Pablo't Barnabas sa mga nakaambang panganib sa paglalakbay na ito.

Ang pagpapatong ng mga kamay ay pagsusumamong ipagkaloob sa dalawang misyonerong ito ang biyaya ng Panginoon.

**Ang unang pagmimisyon ni Pablo**

• 4 Sugo sila ng Espiritu Santo, at
bumaba sila pa-Seleucia, at mula roo'y
naglayag pa-Ciprus. 5 Pagdating nila sa
Salamina, ipinangaral nila ang salita ng
Diyos sa mga sinagoga ng mga Judio.
Kasama nila si Juan bilang katulong.
6 Nilibot nila ang buong isla hanggang
sa Pafos. Doon nila nakatagpo ang isang
salamangkerong Judio at huwad na
propeta na nagngangalang Bar-Jesus.
7 Kasa-kasama siya ng prokonsul na si
Sergio Paulo na isang lalaking matalino.
Ipinatawag nito sina Bernabe at Saulo
dahil gusto niyang marinig ang Salita ng
Diyos, 8 pero tumutol ang salamangke-
rong si Elimas, at sinikap niyang ilayo si
Sergio Paulo sa pananampalataya.
9 Kaya tinitigan ito ni Saulo, na tinata-
wag ding Pablo, na puspos ng Espiritu
Santo, 10 at sinabi: "Anak ka ng diyablo,
kaaway ng lahat ng mabuti at puno ng
pandaraya at kasamaan! Hindi mo ba titi-
gilan ang pagbaluktot sa mga tuwid na
landas ng Panginoon? 11 At ngayon,
babagsak sa iyo ang kamay ng Pangi-
noon. Mabubulag ka at ilang panahon
mong hindi makikita ang liwanag ng
araw." Noon di'y binalot siya ng kadiliman
at nangapa siya sa paghahanap sa
puwedeng umakay sa kanya.
12 Nasaksihan ng prokonsul ang nang-
yari, at sumampalataya siya dahil nang-
gilalas siya sa aral tungkol sa Panginoon.

**Si Pablo sa kapitolyo ng Pisidia**

13 Naglayag si Pablo at ang kanyang
mga kasama mula sa Pafos hanggang
Perge ng Panfilia. Humiwalay si Juan
doon at umuwi na sa Jerusalem. 14 Mula
naman sa Perge, nagtuloy sila sa An-
tiokiya ng Pisidia. Sa Araw ng Pahinga,
pumasok sila sa sinagoga at nagsiupo.
15 Pagkabasa sa Batas at mga Propeta,
ipinasabi sa kanila ng mga pinuno ng
sinagoga: "Mga kapatid, magsalita kayo
kung may sasabihin kayong pampalakas
ng loob." 16 Kaya tumindig si Pablo at
sumenyas para tumahimik sila. At sinabi
niya:
"Mga Israelita at kayo ring mga may-
takot sa Diyos, makinig kayo. 17 Hinirang

---

• 4. Nagsisimula ang unang misyong ito sa nakaugaliang pamamaraan. Maaaring maglakbay ang mga Judio sa buong kaharian ng mga Romano. Sa bawat lunsod ay matatagpuan nila ang mga kapatid na Judio na nangangalakal at nagtitipon sa mga pamayanan na ang tawag ay "sinagoga". Mula Antiokiya, naglayag si Barnabas at Pablo patungo sa pulo ng Ciprus, lupain ni Barnabas.

Ipinakita ni Pablo ang ampropetang katangian niya nang makipagharap siya kay Sergio Pablo. Pagpaniwala nito ay masayang nagbigay ng karapatan kay Saulo na gamitin ang kanyang apelyido. Magmula noon, gagamitin niya ang pangalang Pablo sa pagsusumikap na maging katulad ng mga Romano't mga Griyego na dapat niyang ebanghelyuhin.

*Si Pablo't ang kanyang mga kasama*. Pagkasimula ng misyon, lumalabas na si Pablo ang pinuno sa kanila. Hindi sila tumira sa Ciprus. Iniwan nila ang pangkat ng mga mananampalatayang tinuruan nila nang madalian.

Pagdating nila sa ibayong dalampasigan sa di-kasiya-siyang pook ng Perga, pinanghinaan ng loob si Juan Marcos at iniwan nila. Baka natakot ito sa mga mapangahas na balak ni Pablo. Tumatahak sila sa kabundukan ng kasalukuyang Turkiya at umaabot sa Antiokiya na puso ng lalawaging Pisidia (iba ito sa Antiokiya na nabanggit).

Puspusang isinalaysay ni Lucas ang lahat ng naganap sa Antiokiya ng Pisidia sapagkat nilarawan ng mga ito ang haharapin ni Pablo sa mga lunsod ng kaharian ng mga Romano.

Nang Araw ng Pahinga, nagsasalita si Pablo sa "sinagoga" (pook-dasalan ng mga Judio). Bahagi ng kanilang pagsamba ang pag-awit ng mga salmo't pagbabasa ng Kasulatan (sabihin pa, ang Lumang Tipan). At pagkatapos noon, nagbibigay ng paliwanag ang isa o ilan sa mga pinuno. Bilang paggalang sa panauhin, binigyan ng pagkakataong makapagsalita si Pablo.

Isinasalaysay ng talumpati ni Pablo ang kasaysayan ng Israel. Maaaring nakababagot ito sa atin, tulad ng talumpati ni Pedro (kab. 2) at ng kay Esteban (kab. 7). Ito ang maka-Judiong pamamaraan ng pagpapahayag at paglalahad ng pangangatwiran. Inilahad nila ang kasaysayan ng kanilang bayan. Binigyang-diin nila ang pagkakasunud-sunod ng mga naganap na magbibigay-tanda upang maunawaan ang kabuuan nito. Tulad nito, ipinahayag ni Pablo at ng mga apostol ang makatotohanang kahulugan ng banal na kasaysayan. Ipinakita nilang maisasakatuparan ang mga pangako ng Diyos sa Israel sa muling pagkabuhay ni Kristo.

Lagi rin nating dapat tingnan ang pagpapatuloy sa ginawa ng Diyos noong nakaraan at sa nagaganap ngayon, at bigyang-saysay ito batay sa Ebanghelyo.

ng Diyos ng ating bayang Israel ang ating
mga ninuno, at pinasagana ang kanilang
sambayanan nang nasa Ehipto sila.
Inilabas niya sila mula sa bansang iyon sa
kanyang dakilang kapangyarihan.
18 Apatnapung taon niya silang pinakain
sa disyerto. 19 At matapos wasakin ang
pitong lahi sa lupain ng Kanaan, ipina-
mana niya sa kanyang bayan ang lupa ng
mga ito. Naganap ang lahat ng ito sa loob
ng mga apatnaraan at limampung taon.
20 Pagkatapos ay binigyan niya sila ng
mga Hukom hanggang kay Propeta
Samuel. 21 At humingi naman sila ng hari
at ibinigay sa kanila ng Diyos si Saulo na
anak ni Cis, mula sa tribu ng Benjamin, na
apatnapung taong naghari. 22 Matapos
siyang alisin ng Diyos, ibinigay naman
niya sa kanila si David bilang hari, at ito
ang patotoo ng Diyos sa kanya: *Natag-
puan ko si David na anak ni Jesse,
lalaking malapit sa aking puso, isa-
sagawa niya ang kalooban ko.*

23 Mula sa lahi ni David, nagpalitaw ang
Diyos sa Israel ng Tagapagligtas, tulad ng
kanyang ipinangako. Ito si Jesus. 24 Bago
siya dumating, ipinangaral naman ni Juan
sa buong bayan ng Israel ang binyag para
sa pagsisisi. 25 At nang malapit nang
matapos ang gawain ni Juan, sinabi niya:
Hindi ako siya na inaakala ninyo, pero
dumarating siyang kasunod ko, na hindi
ako karapat-dapat magkalag sa kanyang
panyapak.

26 Mga kapatid, mga anak at lahi ni
Abraham, at kayo ring mga may-takot sa
Diyos, sa atin ipinadala ang salitang ito ng
kaligtasan.

27 Hindi nga kinilala si Jesus ng mga
taga-Jerusalem at ng kanilang mga
pinuno, pero sa paghatol nila sa kanya,
tinupad nila ang mga salita ng mga
propeta na binabasa tuwing Araw ng
Pahinga. 28 Bagamat wala silang maipa-
ratang para hatulan ng kamatayan, hini-
ngi nila kay Pilato na patayin siya. 29 At
pagkatupad ng lahat ng sinulat tungkol sa
kanya, ibinaba siya mula sa krus at
inilagay sa isang libingan. 30 Ngunit
binuhay siya ng Diyos mula sa mga patay!
31 At sa loob ng maraming araw napakita
siya sa mga kasama niyang umahon
mula Galilea pa-Jerusalem. Sila ngayon
ang mga saksi niya sa sambayanan.

32 Kaya inihahatid namin sa inyo ang
Magandang Balitang ito na ipinangako ng
Diyos sa ating mga ninuno. 33 Tinupad
nga niya ito sa atin na kanilang mga anak
nang buhayin niya si Jesus. Ito ang
nasusulat sa ikalawang salmo: *Ikaw ang
aking Anak, ipinanganak kita sa araw na
ito.* 34 Ito naman ang sinasabi tungkol sa

---

Iba't iba ang reaksiyon ng mga nakikinig na hindi lamang mga Judio, subalit mayroon ding mga "may takot sa Panginoon" o mga nagbago ng paniniwala na ating natagpuan sa taga-Etiopia (8:30) at kay Cornelio; itinuturing sila ng mga Judio na pangalawang uri ng mga mananampalataya.

Binati sila ni Pablo sa mga pambungad na pananalita na gaya ng mga Judio. Sa kanyang pagpapahayag, hindi niya pinahalagahan ang pagtupad sa mga Batas na naisasakatuparan lamang ng mga Judio at nagbibigay sa kanila ng damdaming nakahihigit sa iba. Sa halip inihayag ni Pablo na dapat mahigitan ang Batas. Pinahalagahan din ni Pablo ang mga pangako ng Diyos na patungkol sa lahat ng tao. Nasisiyahan ang mga "taong may takot sa Diyos" sa Ebanghelyong nagpapatunay na sila'y mga anak ng Diyos.

Sa sumusunod na Araw ng Pahinga muling inaanyayahan si Pablo sa parehong paksa; at sa pagkakataong iyon gumagawa siya ng napakahalagang pagpapasya. Sa halip na buong linggo niyang ibigay ang kanyang panahon sa mga Judio, minarapat niyang pumunta sa mga "taong may takot sa Diyos", na nahikayat niya sa kadahilanang wala siyang kinakatigang lahi. Bilang kapalit, nagsasama sila ng maraming tao sa sumusunod na pangilin ng pagtitipon. At nakihalubilo sa mga Judio ang mga di-Judio na hinding-hindi naman kasapi o kabilang sa kanila.

Ngayon, nababatid na ang krisis. Nahahati ang kapulungan sa dalawang pangkat. Natakot ang mga Judiong higit na makitid ang pang-unawa at mapagmataas sa pagkakita nilang napapalibutan sila ng mga "marurumi" o mga pagano. Tumututol sila kay Pablo, at tinangka nilang ipagtabuyan siya sa lahat ng paraan. Namamagitan ang mga mayayaman at maka-Diyos na babae. Mula noon, binubuo ang pamayanang Kristiyano na hiwalay sa mga Judio.

Sino ang hindi nakababatid na sa kasalukuyang Iglesya, mayroon pa ring mga "may takot sa Diyos" – sabihin pa, mga taong may mabubuting kalooban – na naghihintay sa pagpapahayag ng Ebanghelyong bukas

muli niyang pagkabuhay upang hindi na dumanas ng pagkabulok: *Ibibigay ko sa inyo ang mga banal na tiyak na ipinangako ko kay David.*

35 At ganito pa ang sinasabi sa isa pang salmo: *Hindi mo ipahihintulot na dumanas ng pagkabulok ang iyong Banal.* 36 Namatay si David matapos paglingkuran ang kalooban ng Diyos sa kanyang panahon, at inilibing siyang kasama ng kanyang mga ninuno, at nabulok ang kanyang katawan. 37 Ngunit hindi dumanas ng pagkabulok ang muling binuhay ng Diyos.

38 Alamin ninyo, mga kapatid, na sa pamamagitan niya kayo patatawarin sa mga kasalanan gaya ng ipinahayag sa inyo – sa lahat ng hindi kayo nagawang palayain ng Batas ni Moises. 39 Sa pamamagitan niya pinatatawad at nagiging malaya sa lahat ng ito ang sinumang sumampalataya sa kanya. 40 Kaya mag-ingat kayo't baka magkatotoo sa inyo ang sinasabi ng mga propeta: 41 *Tingnan ninyo, kayong mga nambabale-wala, manggigilalas kayo at malilipol, sapagkat may gagawin ako sa inyong kapanahunan, bagay na hindi ninyo paniniwalaan, may magpahayag man nito sa inyo.*"

42 Sa paglabas nina Pablo at Bernabe mula sa sinagoga, nakiusap ang mga tao na magsalita silang muli tungkol sa paksang ito sa susunod na Araw ng Pahinga. 43 At pagkatapos ng pagtitipon, maraming Judio at mga kumbertido sa Judaismo ang sumunod kina Pablo at Bernabe. Kinausap nila ang mga ito at sinabihang huwag iwala ang kaloob ng Diyos.

44 Nang sumunod na Araw ng Pahinga, halos ang buong lunsod ang nagtipon para makinig kay Pablo na nagsalita nang matagal tungkol sa Panginoon. 45 Nang makita ng mga Judio ang makapal na tao, nagselos ang mga ito at painsultong sinalungat ang mga sinasabi ni Pablo.

46 At buong-tapang namang sumagot sina Pablo at Bernabe: "Sa inyo muna namin dapat sabihin ang Salita ng Diyos; ngunit dahil tinanggihan ninyo ito at kayo na mismo ang humatol sa inyong sarili na hindi kayo karapat-dapat sa buhay na walang-hanggan, sa mga pagano kami pupunta. 47 Sapagkat ito ang utos sa amin ng Panginoon: *Inilagay kitang ilaw sa mga pagano upang ihatid mo ang kaligtasan sa dulo ng daigdig.*

48 Natuwa ang mga di-Judio nang marinig nila ito at pinuri ang aral tungkol sa Panginoon at sumampalataya ang lahat ng nakatalaga sa buhay na walang hanggan. 49 At lumaganap ang Salita ng Panginoon sa buong lupain.

50 Sinulsulan naman ng mga Judio ang kinikilalang mga babaeng may-takot sa Diyos at ang mga importanteng lalaki sa lunsod para usigin sina Pablo at Bernabe. At pinalayas sila sa lugar na iyon. 51 Kaya ipinagpag naman ng dalawa ang alikabok sa kanilang mga paa bilang protesta sa kanila, saka nagpatuloy sa siyudad ng Iconio. 52 At napuspos naman ng galak at ng Espiritu Santo ang mga alagad.

**Pag-eebanghelyo sa Iconio**

**14** • 1 Sa Iconio, magkasamang pumunta sa sinagoga ng mga Judio sina Pablo at Bernabe. Gayon na lamang ang kanilang pangangaral kayat maraming Judio at Griyego ang sumampalataya. 2 Ngunit ginulo ng mga Judiong

---

sa kanino man at hindi nakakatagpong kabahagi sa ating mga pagtitipon?

*Sumasampalataya ang lahat ng nakatalaga sa buhay na walang hanggan* (48). Hindi nagbabadya ang pananalitang ito ng pagpaparatang sa mga hindi mananampalataya. Nagtuturo lamang ito sa atin na walang sumasampalataya kundi dahil sa kaloob ng Diyos na naglaan sa atin ng pamumuhay na ito na kapiling siya na dumadaloy sa buhay na walang hanggan (Jn 17:3).

• **14.**1 Nagaganap din dito ang nangyari sa Antiokiya sa Pisidia. Nagsasalita si Pablo at Barnabas nang buong tapang at tatag (14:3). Ganito ang tunay

ayaw sumampalataya ang mga di-Judio at nilason ang isipan ng mga ito laban sa mga kapatid.

3 Kaya matagal na nanatili roon sina Pablo at Bernabe. Naging matatag sila para sa Panginoon na siya mismong nagpatunay sa alok niyang pagliligtas, sa pagbibigay niya ng mga tanda at himala sa kanilang mga kamay.

4 Ngunit nahati ang bayan: pumanig ang iba sa mga Judio, at ang iba nama'y sa mga apostol.
5 May tangka ang mga Hentil at mga Judio, sa pangunguna ng kanilang mga pinuno, na lapastanganin at batuhin sila.
6 Ngunit nalaman nila ang tungkol dito kaya tumakas sila pa-Listra at Derbe na mga lunsod ng Licaonia, at sa mga karatig-bayan.
7 Doon sila patuloy na nag-ebanghelyo.

**Sa Listra at Derbe**

• 8 Matagal na nanatili sina Pablo at Bernabe sa Listra. May isang lalaking nakaupo roon, na di magamit ang mga paa; lumpo siya mula nang ipanganak at hindi pa nakalakad kailanman.
9 Narinig nito si Pablo na nagsasalita. Tinitigan naman siya ni Pablo, at nakita niyang nananalig ito na gagaling siya.
10 Kaya malakas niyang sinabi: "Tumindig ka!" At lumukso ang lalaki at lumakad!

11 Nang makita ng mga tao ang ginawa ni Pablo, nagsigawan ang mga iyon at sinabi sa wikang Licaonia: "Bumaba sa amin ang mga diyos sa anyo ng tao!"
12 Tinawag nilang Zeus si Bernabe, at Hermes naman si Pablo dahil siya ang tagapagsalita.

13 Dumating din ang pari ng templo ni Zeus na nasa harapan ng lunsod. May mga baka at kuwintas na bulaklak siyang dala, kasama ang mga taong gustong maghandog ng mga ito.

14 Nang malaman ito ng mga apostol na sina Bernabe at Pablo, pinunit nila ang kanilang mga damit at patakbong pumunta sa karamihan. Sumigaw sila:
15 "Mga ginoo, bakit ninyo ito ginagawa? Mga tao rin kaming may kahinaan, tulad ninyo, at ipinangangaral namin na talikuran ninyo ang ganitong mga walang silbing-bagay at magbalik-loob sa Diyos na buháy, na *may-gawa ng langit at lupa at ng dagat at lahat ng naroroon.*
16 Sa nagdaang mga salinlahi, pinahintulutan niyang ang mga bansa ang magpasya ng sarili nilang pamumuhay.
17 Ngunit hindi niya sila iniwan kundi pinatunayan niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang kabutihan. Binibigyan niya kayo ng ulan mula sa langit at ng saganang ani sa takdang panahon. Binubusog niya kayo sa pagkain at pinupuno ng kagalakan ang inyong mga puso."

18 Sa kabila ng ganitong mga pahayag, halos hindi mapigilan ng mga apostol ang bayan na maghain ng alay sa kanila.

19 Ngunit may dumating na mga Judio mula sa Antiokiya at Iconio na nakipaglaban kina Pablo at Bernabe. Hinimok nila ang mga tao na itakwil sila sa pagsasabing kabulaanan lamang ang mga ito.

---

na apostol na inantig ng Espiritu Santo. Hindi likas na katangian ng tao ang katiyakang ito, na humikayat sa mga nakikinig. Ipinagkaloob ito ng Diyos sa mga taong nagtitiwala sa kanya kahit na mararamdaman nilang mahina sila at hindi handa (tingnan ang 1 Tes 2:2 at 2 Cor 12:10).

Ang mga nakikinig kay Pablo ay mga taong may relihiyon at sumusunod sa kanilang sariling kaugalian at pamamaraan ng pagsamba sa kanilang mga diyos. Mayroon silang mga pari, ritwal at paghahandog. Ngunit inanyayahan sila ni Pablo upang matuklasan ang kakaibang daan ng pananampalataya; at kaloob ng Diyos sa tao ang pananampalataya.

• 8. Naniniwala ang taong maysakit sa ipinahahayag ni Pablo. Nananalig siya na magpapagaling sa kanya si Kristong tunay na buhay at tumatayo siya sa tawag ni Pablo. Nagbabadya ang pagpapagaling na ito ng nagaganap sa kaibuturan; handang tumayo at kumilos ang tao sa mga hinihiling ng Ebanghelyo. Handa siyang baguhin ang kanyang buhay, at lumaya sa mga kaugalian ng tao na balakid sa kanyang patutunguhan.

Namangha ang iba sa milagro, pero hindi nila ito naiintindihan. Hindi nila narinig ang tawag ng Diyos at hindi sila magpapanibago sa kanilang pamumuhay.

At binato nila si Pablo, at kinaladkad pala-
bas sa lunsod sa pag-aakalang patay na
siya. 20 Ngunit nang paligiran si Pablo ng
mga alagad, tumindig siya at nagbalik sa
lunsod. Kinabukasan, nagtuloy naman
sila ni Bernabe sa Derbe.

**Pagbabalik sa Antiokiya**

• 21 Ipinangaral nila ang magandang
balita sa lunsod na iyon at marami silang
naging alagad. At saka sila bumalik sa
Listra, Iconio at Antiokiya. 22 Pinasigla nga
nila ang mga alagad at pinalakas ang loob
na manatili sa pananampalataya, sapag-
kat, sinabi nila: "Marami ang dapat nating
pagtiisan para makapasok sa kaharian ng
Diyos."
23 Humirang sila ng Matatanda sa bawat
iglesya. Matapos manalangin at mag-
ayuno, itinagubilin nila ang mga ito sa
Panginoon na pinananaligan nila.
24 Pagkatapos ay dumaan sila sa
probinsya ng Pisidia hanggang maka-
rating sa Panfilia. 25 Pagkatapos nilang
maipangaral ang salita sa siyudad ng
Perge, bumaba naman sila sa baybayin
ng Atalia. 26 Mula roo'y naglayag sila pa-
Antiokiya kung saan sila itinagubilin sa
kalinga ng Diyos alang-alang sa gawang
kanilang ginampanan.
27 Pagdating doon, tinipon nila ang
Iglesya at ipinahayag ang lahat ng ginawa
ng Diyos sa pamamagitan nila, at kung
paano niya binuksan ang pinto ng pana-
nampalataya sa mga di-Judio. 28 Matagal
silang tumigil doon, kasama ng mga
alagad.

**Ang konseho sa Jerusalem**

**15** • 1 May mga lalaking dumating
noon mula sa Judea, na nagturo sa
mga kapatid: "Maliban kung kayo ay tinuli
ayon sa kaugalian ni Moises, hindi kayo
maliligtas."
2 Nagkaroon ng gulo dahil dito at
mahigpit silang nilabanan nina Pablo at
Bernabe. Sapagkat sinabi ni Pablo sa mga
tao na mananatili sila sa kanilang kalaga-
yan nang magsimula silang manam-
palataya. Sa dakong huli'y iminungkahi
ng mga dumating mula sa Jerusalem na
magpunta sa Jerusalem sina Pablo at
Bernabe at ang ilan pa sa kanilang grupo
upang iharap ang problemang iyon sa
mga apostol at sa Matatanda.
3 Kaya sinugo sila ng Iglesya. Nang
dumaan sila sa Fenicia at Samaria, sinabi
nila kung paano nagbalik-loob sa Diyos
ang mga di-Judio kayat nagalak ang lahat
ng kapatid. 4 Pagdating nila sa Jerusalem,
tinanggap sila ng Iglesya, ng mga apostol
at ng Matatanda. Ipinahayag nila sa mga
ito ang lahat ng ginawa ng Diyos sa pama-
magitan nila.

---

• 21. Katapusan ng kanilang misyon ang Derbe. Bumabalik sina Pablo at Barnabas sa daang kanilang pinaglakbayan at dinadalaw ang mga pamayanang itinatag nila sa iba't ibang pook. At naglalayag sila patungong Antiokiya nang hindi na dumaan sa pulo ng Cyprus.

Noong panahong iyon wala pang mga parokya, pari, simbahan o mga aklat. Kaya tungkulin ng apostol ang pagtatalaga sa Iglesya sa pamamaraan na makapagpatuloy ito at lumago. May isang banal na Aklat na ang Biblia ng mga Judio. At makapagliliwanag nito ang mga propeta; sila ang nagtuturo sa Lumang Tipan ng mga aral at tanda na nagpapahayag kay Kristo. Dadalawing tuwina ng mga apostol o mga propetang galing sa ibang simbahan ang iba't ibang pamayanan.

Mayroon ding mga pagkakatipun-tipon na saklaw ang Huling Hapunan ng Panginoon (tingnan sa 1 Cor 11). Maliban sa Eukaristiya, ibinabahagi ng bawat isa ang kanilang sariling espirituwal na kaloob o karisma (tingnan sa 1 Cor 12-14). Mayroong mga pinuno sa pamayanang Judio na tinatawag nilang "nakatatanda". Gayundin sa mga Kristiyano, nagpapatong sila ng kamay sa mga "Matatanda" (o presbitero) na mamamahala at namumuno sa Eukaristiya (tingnan ang paliwanag sa 13:1).

Sa gayon, mauunawaan natin na hindi natapos ang isang misyon hanggang di makabuo ng mga pamayanang may sariling mga pinuno at mga kasaping nakikiisa sa lahat ng mga gawain.

• **15.**1 Makikita natin ang unang salungatan sa loob ng Iglesya na isinasalaysay rin ni Pablo sa Gal 1:1-10.

Napakahalaga ng pagtatalakay na iyon: maliligtas ba lamang ang mga pagano sa pananampalataya kay Jesus at sa binyag, o kailangan ang pagtupad nila sa mga batas-relihiyon at kaugalian ng mga Judio na pangunahin ang pagtutuli?

[5] Ngunit tumindig ang ilan sa pangkat ng mga Pariseong nananampalataya, at sinabi: "Kailangang tuliin din ang mga di-Judio at utusan silang tuparin din ang batas ni Moises." [6] Kaya nagtipon ang mga apostol at Matatanda para harapin ang bagay na ito.

[7] Pagkatapos ng mahabang pagtatalo, tumindig si Pedro at sinabi:

"Mga kapatid, alam ninyo ang nangyari sa piling ninyo nang mga nakaraang araw. Inatasan nga ako ng Diyos na ipangaral sa mga di-Judio ang salita ng ebanghelyo at nanampalataya sila. [8] At ipinagtanggol sila ng Diyos na nakaaalam sa puso, nang ibigay niya sa kanila ang Espiritu Santo, tulad ng ginawa niya sa atin. [9] Hindi niya tayo itinangi sa kanila, kundi nilinis din niya ang kanilang mga puso sa pananampalataya. [10] Bakit ninyo sinusubok ngayon ang Diyos? Bakit ninyo ipinapataw sa kanila ang pasaning hindi natin nakayang dalhin ni ng ating mga ninuno? [11] Naniniwala nga tayo na naligtas tayo tulad nila dahil sa kaloob ng Panginoong Jesus, at gayundin sila."

[12] Natahimik ang buong kapulungan: pinakinggan nila sina Bernabe at Pablo sa pagsasalaysay nila sa mga kababalaghan at himalang ginawa ng Diyos sa mga di-Judio sa pamamagitan nila.

• [13] Matapos silang magsalita, tumindig si Jaime at nagsalita: "Makinig kayo, mga kapatid. [14] Isinalaysay ni Simon ang unang pagkilos ng Diyos sa pagbuo ng bayang talagang kanya mula sa mga di-Judio. [15] At sinang-ayunan ito ng mga propeta,

[16] *Babalik ako pagkatapos nito at muli kong itatayo ang bumagsak na bahay ni David. Muli kong ibabangon ang mga guho nito at ititindig* [17] *upang ang Panginoo'y hanapin din ng ibang mga tao ng lahat ng bansa, pagkat sumasakanila ang aking Pangalan.* [18] *Ito ang sabi ng Panginoon: siya ang gagawa nito, na nagpahayag noon pa mang una.*

[19] Kayat pasya ko na huwag nating guluhin ang mga di-Judio na lumalapit sa Diyos.

[20] Sa halip, sulatan natin sila na umiwas sa mga karneng inalay sa mga diyus-diyusan at sa imoralidad, at huwag kumain ng anumang hayop na binigti at ng dugo. [21] Sapagkat noon pa mang una'y

---

Sa katunayan, pansamantalang relihiyon lamang ang mga kautusan at ritwal; ang lahat nito ay isang antas ng paghahanda kay Kristo. Noong nagpapahayag si Pablo at Bernabe sa mga di-Judio hindi nila nabanggit ang ritwal ng mga Judio. Subalit naisip ng ilang galing sa bansang Judio na kailangang panatilihin ang lahat dahil galing ito sa Diyos.

Pumupunta si Pablo sa Jerusalem kasama ang ilan sa mga mananampalatayang galing sa pagkapagano. Isa si Tito na tumulong sa kanya. Sa kanilang pagtatalakay, natagpuan ng mga makalumang Judio na nasa harapan sila ng mga totoong mananampalataya na may kapangyarihan at mga kaloob ng Espiritu Santo at hindi naman sila tinuli (nakakahiya!) at wala silang malasakit sa batas ni Moises o sa maka-Judiong pagsamba.

Pinapatunayan ng paglutas sa salungatan ang pagiging tunay na pamayanan ng Iglesya. Nakipagtagpo ang mga "Matatanda", tagapag-alaga sa Inang Iglesya ng Jerusalem, sa mga apostol, ang *mga haligi ng Iglesya*. Pinatungkulan sila ni Simon Pedro sa kanyang karanasan kay Cornelio (kab. 11) at binuksan niya ang daan ng ganap na kalayaan tungkol sa relihiyong Judio.

Sa atin ding panahon nararapat buksan ang daan ng kalayaan. Araw-araw na dumarami ang mga matatanda at mga kabataang may kaibang kalinangan na hindi tumatanggap sa kawikaan ng Iglesya, sa uri ng kanyang pagkakatipun-tipon kung Linggo, mga kasagutang ibinibigay sa pangangailangan ng tao. Kinakailangan bang ipataw sa mga manggagawa at kabataan ang pang-unawang hindi nila naiintindihan? Naglalaan si Pedro ng kasagutan.

• 13. Maaaring pinag-isa ni Lucas sa salaysay na ito ang magkaibang tagpo, kaya mayroon tayong pagkalito. Una, mayroong pagkakatagpo na kababasa lamang natin na nakalutas sa katanungan sa prinsipyo: hindi kailangang tumupad ang mga nahikayat na mga Griyego sa batas ng Lumang Tipan, dahil itinuturing itong pansamantala at para sa mga Judio lamang. Matapos ang pakikisangkot ni Pedro, sinunod ang kautusang ating nabasa sa 15:29. Hinihiling lamang sa mga Griyego na huwag kumain ng karneng inialay sa mga diyos (tingnan ang 1 Cor 8-10) at ang pagmamagandang-loob sa iba nang naaayon sa Ebanghelyo (Lc 6:31; Rom 12).

Pero matapos ito, nagkaroon ng mga sagabal sa

itinuturo na si Moises sa bawat lunsod at
ipinahahayag sa mga sinagoga tuwing
Araw ng Pahinga."

**Ang dekreto ng Jerusalem**

22 Minabuti ng mga apostol at ng Mata-
tanda, kasama ng buong Iglesya, na
pumili ng mga lalaking pasasamahin nila
kina Pablo at Bernabe pa-Antiokiya. Pinili
nila si Judas na tinatawag na Barsabas at
si Silas na kinikilala sa mga kapatid. 23 At
ipinadala sa kanila ang sulat na ito:

"Pagbati ng mga apostol at Matatanda
na mga kapatid sa mga kapatid na di-
Judio sa Antiokiya, Siria, at Cilicia.
24 Nabalitaan namin na ginugulo kayo ng
ilan sa amin at nabalisa tuloy ang inyong
loob. Hindi namin sila sinugo. 25 Kayat
nang malaman namin ito, napagkaisahan
naming pumili ng mga taong papupun-
tahin sa inyo, kasama nina Bernabe at
Pablo – 26 mga lalaking itinalaga ang sarili
sa ating Panginoong Jesucristo.

27 Kaya ipinadadala namin sa inyo sina
Judas at Silas na siyang magsasabi sa
inyo ng mga bagay na ito. 28 Minabuti
namin at ng Espiritu Santo na hindi namin
ipataw sa inyo ang anuman, maliban sa
sadyang kailangan: 29 umiwas kayo sa
pagkaing inialay sa mga diyus-diyusan at
huwag gawin sa iba ang ayaw ninyong
gawin nila sa inyo. Tuparin ninyo ito at
mapapabuti kayo. Paalam."

30 Umalis sina Pablo at bumaba sila sa
Antiokiya. Tinipon nila roon ang lahat ng
tao at ibinigay ang sulat. 31 At ikinagalak
nilang lahat ang gayong tagubilin. 32 Sina
Judas at Silas naman na kapwa rin mga
propeta ay maraming ipinangaral sa mga
kapatid, at pinatatag ang mga ito. 33 Mata-
pos ang mahaba-habang panahon,
pinabalik sila ng mga kapatid taglay ang
kapayapaan sa mga nagsugo sa kanila.
34 Ngunit minabuti ni Silas na manatiling
kasama nila, kayat mag-isang umalis si
Judas. 35 At nanatili sina Pablo at Bernabe
sa Antiokiya na itinuturo at ipinanganga-
ral ang Salita ng Panginoon.

**Ang ikalawang misyon ni Pablo**

• 36 Makaraan ang ilang araw, sinabi ni
Pablo kay Bernabe: "Balikan natin at
dalawin ang mga kapatid sa bawat lunsod
na pinagpahayagan natin ng Salita ng
Panginoon at tingnan ang kanilang
kalagayan."

37 Gusto sana ni Bernabe na isama nila
si Juan na tinatawag na Marcos. 38 Ngunit
sa palagay naman ni Pablo'y hindi nila
siya dapat isama dahil hindi siya nanati-
ling kasama nila sa Panfilia, kundi ti-
nalikuran niya sila at iniwan. 39 Nagkaroon
sila ng mainitang pagtatalo na nagwakas
sa paghihiwalay nila. Isinama ni Bernabe
si Marcos at naglayag pa-Ciprus. 40 Pinili

mga Iglesya ng Siria-Palestina, kung saan si Jaime ang obispo. Mababasa natin sa 15:20-21 at sa 21:25 na pinag-utusan niya ang mga Iglesyang ito na kinakailangang ipaubaya ng mga Griyego at mga Judio ang ilan sa kanilang mga karapatan. Hindi kakain ang mga Griyego ng karneng may dugo bilang paggalang sa kanilang mga kapatid na Judio na humahamak sa ganitong kaugalian (Rom 14). Subalit hindi ito sinabi ni Jaime sa Jerusalem o ginawang kautusan gaya ng mauunawaan sa ating pagbabasa sa b. 20-21; salungat nga ito sa kautusang itinakda sa pagkakataong ito.

Bigyang-diin natin ang mga sumusunod na pananalita sa kuwento: *ang mga apostol, mga Matatanda at ang buong Iglesya... tayo na kasama ang Espiritu Santo.* Ito ang pagpapasya ng sambayanan na kasama ang mga apostol sa paggabay ng Espiritu Santo.

Matatagpuan sa Roma 14 ang tungkol sa pagbabahaginan ng mga Kristiyano.

• 36. Noong taong 50, 13 taon na ang lumipas mula nang matagpuan ni Pablo si Kristo sa daan patungong Damasco. Ngayon nagsisimula na ang bagong yugto sa kanyang buhay. Gumagalaw siya bilang apostol at misyonero; nabanaagan ng mga apostol at Iglesya sa Jerusalem ang misyong iniatang sa kanya ni Kristo: siya ang naging apostol ng mga bansang pagano na bumubuo sa imperyong Romano (Gal 2:7-9; Ef 3:8-9).

Huwag nating pagtakhan ang biglaang paghihiwalay ni Pablo at ng kaibigan niyang si Bernabe. Hindi inaalis ng pananampalataya ang pagkatao ng bawat isa. Unti-unti namang nababawasan ng panahon at ng paggawa ng Diyos ang pagsasalungatan. Makalipas ang ilang taon, tutulungan ni Marcos si Pablo na nakabilanggo (Fil 24) at sa katagalan, pagkakulong muli sa kanya, ay hihingi ng tulong kay Marcos (2 Tim 4:11).

naman ni Pablo si Silas at umalis matapos
idalangin ng mga kapatid na pagpalain ng
Panginoon.
41 Nagtuloy siya sa Siria at Cilicia, at
pinatatag niya ang mga Iglesya.

**Isinama ni Pablo si Timoteo**

**16** • 1 Nagpunta rin si Pablo sa Derbe
at Listra. Naroon ang isang alagad
na tinatawag na Timoteo na anak ng isang
babaeng Judiong sumasampalataya; at
Griyego naman ang ama. 2 Inirekomenda
si Timoteo ng mga kapatid sa Listra at
Iconio. 3 Kaya gusto ni Pablong isama si
Timoteo, at isinama nga niya ito at tinuli
sapagkat alam ng lahat ng Judio sa
lupaing iyon na Griyego ang ama nito.
4 Sa kanilang pagdaan sa mga lunsod,
sinabi nila ang tagubiling ipinasya ng mga
apostol at Matatanda sa Jerusalem,
upang matupad nila ang mga iyon.
5 Tumibay naman sa pananampalataya
ang mga Iglesya, at parami nang parami
ang mga ito araw-araw.
6 Nagtuloy sila sa mga rehiyon ng Frigia
at Galasya matapos hadlangan ng Espi-
ritu Santo na ipangaral ang Salita sa
lupain ng Asia. 7 Pagdating nila sa hang-
ganan ng Misia, gusto sana nilang mag-
patuloy pa-Bitinia, ngunit hindi ito
ipinahintulot ng Espiritu ni Jesus. 8 Kaya
dumaan sila sa Misia at nagtuloy sa Troas.

**Magtutungo si Pablo sa Macedonia**

• 9 Nang gabing iyon, nagkaroon ng
pangitain si Pablo: isang lalaking taga-
Macedonia ang nakatayo at nakikiusap sa
kanya: "Pumunta ka naman sa Macedonia
at tulungan kami." 10 Pagkagising ni
Pablo, isinalaysay niya sa amin ang
pangitain at naunawaan namin na tinata-
wag kami ng Diyos na ipangaral ang
ebanghelyo sa mga taga-Macedonia.
11 Naglayag kami mula sa Troas hang-
gang sa isla ng Samotracia, at dumaong
kinabukasan sa Neapolis. 12 Mula roo'y
tumuloy kami sa Filipos na pangunahing
lunsod sa lupain ng Macedonia at isang
kolonyang Romano. Ilang araw kami sa
lunsod na iyon.
13 At sa Araw ng Pahinga, lumabas
kami ng lunsod, sa may tabing-ilog, sa

---

• **16.**1 Hindi sapat para kay Pablo ang magtalaga ng mga matatanda sa bawat pamayanan. Gusto rin niyang magkaroon ng mga katulong na dadalaw at magpapatibay sa mga umiiral na pamayanan at magsisimula ng mga bagong pamayanan. Si Timoteo ang magiging una sa mga iyon. Pinahahalagahan ni Pablo ang mabuting pagpapatotoo ng mga mananampalataya sa kanya. Sa pagtatalaga ng mamumuno sa mga pamayanan, lagi niyang hihilingin na pahalagahan sila ng iba (tingnan ang 1 Tim 3:7 at Tito 1:6).

Ipinakikita ng isang detalye na may kahinahunan si Pablo at nakapagpapaubaya. Hindi niya minarapat na tuliin ang mga pagano sapagkat wala nang halaga ang ritwal na ito sa mga Kristiyano. Gayunman, tinutuli ni Pablo si Timoteo na isang Judio ayon sa kautusan ng Batas upang huwag siyang magkaroon ng problema sa mga mananampalatayang galing sa bayang Judio at mapaglingkuran sila nang walang balakid.

Bigyang-pansin natin na nagbibigay lamang si Lucas ng pahapyaw na pagsasaysay tungkol sa paglalakbay na tumagal ng humigit-kumulang sa dalawang taon. Ipinakikita ng mga sulat ni Pablo ang mapagtiyagang trabaho niya sa mga katatatag na pamayanan upang turuan ang mga mananampalataya at namumuno.

Sa dalawang pagkakataon pinigilan ng Espiritu Santo si Pablo na maisakatuparan ang kanyang balak na itanim ang Iglesya sa Romanong lalawigan ng Asia. Nagbabadya sa kanya ang Espiritu Santong magpatuloy sa paglalakbay patungong Macedonia, ang unang lalawigan sa Europa. Sa gayon, pinatutunayan ang kalooban ng Diyos na dalhin sa lalong madaling panahon ang Ebanghelyo sa Roma na siyang sentro ng imperyo. Buong sigla at sigasig namang tumatalima si Pablo sa antig ng Espiritu Santo.

• 9. Biglang binanggit ng talata ang katagang *tayo*. Nangangahulugang nagsisimulang maghayag si Lucas ng kanyang sariling pakikisangkot. Siguro'y natagpuan sa Troas ni Pablo at ni Silas si Lucas na isang manggagamot galing sa Antiokiya na naghihintay sa kanila. Maaaring naglayag siya patungo rito samantalang naglakad ang dalawa sa dakong loob ng probinsya.

• 16. Maaaring nakatulong sa pagbibigay halimbawa ng kalayaang maka-Kristiyano ang lahat ng naganap sa Filipos.

Pinalalaya ni Pablo ang dalagang manghuhula. Ayon sa Biblia, hindi man ito panlilinlang, nanggagaling naman ang ganitong kakayahan sa mga lihim na kapangyarihang naghahari sa mundo (Col 2:15; 1 Cor 2:8). Sumasangguni ang tao sa mga manghuhula at "horoscope" dahil sa kawalan niya ng tiwala sa Ama na gumagabay sa kanyang buhay, at naglalayo sa atin sa

pag-asang doon nagtitipon ang mga
Judio para manalangin. Naupo kami roon
at kinausap ang mga babaeng mag-
kakasama. 14 Isa sa mga babaeng naroon
ay nagngangalang Lydia, tindera siya ng
mga telang purpura at taga-lunsod ng
Tiatira. Kabilang siya sa "mga may-takot
sa Diyos."

Binuksan ng Panginoon ang kanyang
puso para tanggapin ang mga sinabi ni
Pablo. 15 Nagpabinyag siya, pati na ang
buo niyang sambahayan, at sinabi niya:
"Kung sa tingin ninyo'y tapat ako sa
Panginoon, tumuloy kayo sa aking
tahanan at doon tumigil." At pinilit niya
kami.

**Sina Pablo at Silas sa bilangguan**

• 16 Minsa'y papunta kami sa lugar ng
panalangin, at may nakasalubong kaming
isang aliping dalagitang inaalihan ng
espiritu at nakapanghuhula. Malaki ang
kinikita ng mga amo nito dahil sa
kanyang panghuhula.

17 Sinundan-sundan nito si Pablo, pati
kami, habang sumisigaw: "Mga alipin ng
Kataas-taasang Diyos ang mga lalaking
ito na nangangaral kung paano kayo ma-
liligtas." 18 Ilang araw din niyang ginagawa
ito hanggang mainis si Pablo, at hinarap
niya at sinabi sa espiritu: "Sa ngalan ni
Jesucristo, iniuutos ko sa iyong lumabas
ka sa kanya." At noon di'y lumabas ang
espiritu.

19 Nang makita ng kanyang mga amo
na wala na ang kanilang pinagkakakitaan,
sinunggaban nila sina Pablo at Silas, at
kinaladkad sa liwasang-bayan sa harap
ng mga maykapangyarihan. 20 Isinakdal
nila sila sa mga pinunong-bayan, at
sinabi: "Mga Judio ang mga lalaking ito at
ginugulo nila ang ating lunsod. 21 Itinuturo
nila ang mga kaugaliang hindi natin mata-
tanggap at maisasagawa bilang mga
Romano, at hindi maaaring tanggapin o
sundin." 22 Nakiisa ang mga tao sa pana-
nakit sa kanila. Pinahubaran sila ng mga
pinunong-bayan, at ipinahampas.

23 Matapos silang paghahampasin ay
ipinabilanggo naman sila, at inatasan ang
tanod na bantayan silang mabuti. 24 At sa
pagtanggap ng gayong utos, ipinasok
niya ang mga ito sa kulungan sa loob at
ikinadena ang kanilang mga paa.

**Mahimalang pagliligtas**

25 Bandang hatinggabi na at nana-
nalangin at umaawit ng mga papuri sa
Diyos sina Pablo at Silas. Nakikinig
naman ang iba pang mga bilanggo. 26 At
biglang lumindol nang malakas, kaya
yumanig ang pundasyon ng piitan. Bumu-
kas din ang lahat ng pinto at nakalag ang
kadena ng lahat ng bilanggo.

27 Nang magising ang bantay at maki-
tang bukas ang mga pinto ng kulungan,
binunot nito ang kanyang tabak at mag-
papakamatay na sa pag-aakalang naka-
takas ang mga bilanggo. 28 Ngunit sumi-
gaw si Pablo: "Huwag mong saktan ang
iyong sarili pagkat narito kaming lahat!"

29 Humingi ng ilaw ang bantay at agad
na pumasok, at nanginginig na nagpati-
rapa sa harap nina Pablo at Silas.

---

Diyos ang pagsangguni. Isa sa unang kahirapan ng mundong Griyego ang pagkaalipin sa mga superstisyong ito.

Pagkapagaling sa dalaga, walang masasabi ang mga amo niya maliban sa *itinuturo ng mga taong ito ang bagong kaugaliang hindi natin matatanggap*. Gumamit na ang mga Judio ng ganitong pangangatwiran at gagamit pagkatapos ang marami pa sa pagtuligsa sa mga tunay na mananampalataya. Nagkukunwari silang tagapagtanggol "ng banal na tradisyon ng ating kalinangan" at wala silang taimtim na pagtingin sa mga naganap.

Mayroong pangunahing silid sa mga bilangguan ng mga Romano. May parilya sa gitna ng palitada na nakapinid sa bukana na pinagtatapunan sa mga pinakamapanganib na mga bilanggo. Dito ipiniit sina Pablo at Silas. Kahit na nakakadena ganap silang malaya; at minarapat pa rin nilang magpuri sa Diyos sa kabila ng mga bugbog at sugat. Sa katahimikan ng gabi, nakikinig sa kanila ang mga kapwa nila bilanggo.

Nakikinig rin ang Diyos sa kanila. Nakaaakit ang kabayanihan ng Kristiyanong kalayaan ng pagpatotoo ng Espiritu Santo. Nagpapahayag ang pagbukas ng mga pintuan sa pag-iral ng Diyos na tagapagpalaya.

Makikita rin kung papaano naipagsasanggalang ni Pablo ang sariling karapatan (37).

30 At matapos niyang sarhan ang ibang
mga bilanggo inilabas niya ang dalawa at
sinabi: "Mga ginoo, ano ang dapat kong
gawin para maligtas?" 31 At sumagot sila:
"Sumampalataya ka sa Panginoong
Jesus, at maliligtas ka, pati ang iyong
sambahayan." 32 At ipinangaral nila ang
Salita ng Panginoon sa kanya at sa lahat
ng nasa bahay nito.
33 Nang gabi ring iyon mismo'y ipi-
nagsama sila ng bantay at hinugasan ang
kanilang mga sugat. At agad nilang binin-
yagan siya pati ang buo niyang pamilya.
34 Pinatuloy niya sila sa kanyang tahanan
at ipinaghanda ng pagkain. At ipi-
nagdiwang nila ng kanyang sambahayan
ang kanilang pananampalataya sa Diyos.
35 Kinaumagahan, inutusan ng mga
pinunong-bayan ang kanilang mga tau-
han para sabihin sa bantay: "Palayain na
ang mga lalaking iyan." 36 At sinabi ng
bantay ang utos kay Pablo: "Iniuutos ng
mga pinunong-bayan na palayain na
kayo. Makaaalis na kayo at sumainyo ang
kapayapaan."
37 Ngunit sumagot si Pablo: "Lantaran
nila kaming ginulpi nang walang pag-
huhukom kahit na mga mamamayang
Romano kami at ikinulong kami. At
ngayo'y gusto nila kaming palayain nang
lihim? Hindi! Pumarito sila at sila ang
magpalabas sa amin."
38 Iniulat ito ng mga tauhan sa mga
pinunong-bayan, at kinabahan sila nang
malaman nilang mga Romano sina Pablo
at Silas. 39 Kayat dumating ang mga pinu-
nong-bayan kasama ang marami pa
nilang kaibigan at hiniling sa kanilang
umalis na, at sinabing: "Hindi namin alam
na matutuwid na tao pala kayo." At nang
paalis na sina Pablo at Silas, idinagdag
nila: "Hindi sana maghatid ng mga
problema sa amin, pagkaalis ninyo, ang
pagkakapagsalita namin sa inyo nang
masakit." 40 Kaya lumabas sila sa kulu-
ngan at pumunta sa bahay ni Lydia, kung
saan sila nagkita ng mga kapatid. Umalis
sila matapos palakasin ang loob ng mga
iyon.

**Mga pagsubok sa Tesalonika**

17 • 1 Pagkaraan nila sa Anfipolis at
Apolonia, dumating sila sa Tesa-
lonika. May sinagoga ng mga Judio roon,
2 at ayon sa nakagawian na niya, puma-
sok dito si Pablo at tatlong Araw ng
Pahinga siyang nakipagtalakayan sa
kanila tungkol sa Kasulatan. 3 Ipinaliwa-
nag niya at pinatunayan na kailangang
maghirap ang Kristo at muling mabuhay.
At sinabi niya: "Ang Jesus na ito na ipi-
nangangaral ko sa inyo ang Kristo."
4 Ilan sa mga Judio ang nahikayat at
sumama kina Pablo at Silas, gayon din
ang maraming Griyegong "may-takot sa
Diyos," at hindi iilang pangunahing kaba-
baihan.
5 Ngunit nainggit ang mga Judio, kaya
tumawag sila ng mga sanggano mula sa
liwasang-bayan, at bumuo ng isang
pangkat na nanggulo sa lunsod. Nilusob
nila ang bahay ni Jason, sa paghahanap
kina Pablo at Silas para iharap sa pagti-
tipon. 6 Nang hindi nila nakita ang dalawa,
kinaladkad nila si Jason at ang ilan sa
mga kapatid, at iniharap sa mga opisyal
ng lunsod, at isinigaw: "Nakarating na
hanggang dito ang mga lalaking ito na
nanggulo sa buong daigdig! 7 At pinatuloy
sila ni Jason sa kanyang tahanan.
Nilalabag nilang lahat ang mga kautusan
ng Cesar, at sinasabing may iba pang hari,
ang tinatawag na Jesus."
8 Naligalig ang mga tao at mga opisyal

• **17.1** Dapat bigyang pansin sa paglalakbay na ito ang naganap sa Tesalonika, pangunahing bayan ng Macedonia. Marahas na laban kay Pablo ang halos buong komunidad Judio. Kayat magsisimula ang pamayanang Kristiyano sa mga taong Griyego na "may-takot sa Diyos" na unang nakilala ni Pablo sa sinagoga at iba pang mga paganong Griyego. Hindi nananahan si Pablo nang higit sa dalawang buwan dahil sa pag-uusig. Papaano tatagal ang Iglesyang itinatag sa loob ng ilang linggo lang, na binuo ng mga

sa kanilang narinig. 9 Kaya pinapag-
piyansa nila si Jason at ang iba pa saka
sila pinalaya.
10 Kinagabihan, agad na pinapunta ng
mga kapatid sina Pablo at Silas sa siyudad
ng Berea. Pagkarating nila roon, pumunta
sila sa sinagoga ng mga Judio. 11 Mas
bukas ang mga Judio roon kaysa mga
taga-Tesalonika, at interesado nilang
tinanggap ang Salita. Araw-araw nilang
sinusuri ang mga Kasulatan para patoto-
hanan ang sinabi ni Pablo. 12 Marami sa
mga Judio ang sumampalataya, pati sa
mga Griyego, mga kilalang kababaihan at
marami sa mga kalalakihan.
13 Ngunit nang malaman ng mga Judio
sa Tesalonika na ipinangangaral ni Pablo
ang Salita ng Diyos sa Berea, nagpunta
rin sila roon para sulsulang manggulo ang
mga taong-bayan. 14 Kaya agad pina-
punta ng mga kapatid si Pablo sa tabing-
dagat, pero naiwan sina Silas at Timoteo.
15 Inihatid si Pablo ng mga sumama sa
kanya hanggang sa siyudad ng Atenas. At
pagbalik nila sa Berea, pinagbilinan sila ni
Pablo na pasunurin kaagad sina Silas at
Timoteo.

**Si Pablo sa Atenas**

• 16 Habang hinihintay sila ni Pablo sa
Atenas, lubha siyang nabagabag nang
mapansin niyang makadiyus-diyusan ang
lunsod. 17 Kaya nakipag-usap siya sa mga
Judio sa sinagoga at sa mga "may-takot
sa Diyos" at sa sinumang makita niya sa
mga liwasang-bayan araw-araw.
18 Nakipagtalo rin sa kanya ang ilang
pilosopong Epicureo at Estoico, at sinabi
ng ilan: "Ano ba ang gustong sabihin ng
nagdudunung-dunungang ito?" Sinabi na-
man ng iba: "Parang tagapangaral siya ng
mga banyagang espiritu." Sapagkat
nangangaral siya tungkol kay Jesus at sa
Muling Pagkabuhay.
19 At isinama nila siya at iniharap sa
bulwagan ng Areopago, at sinabi: "Maaari
bang malaman namin kung ano itong
bagong aral na itinuturo mo? 20 Mga

---

paganong may kaunting pagsasanay? Nagpatuloy pala ito: tingnan ang Mga Sulat sa mga taga-Tesalonika.

• 16. Pinakabantog na siyudad ang Atenas sa bansang Griyego. Maging sa pagkawala ng kapangyarihang-pulitikal, nanatili itong pangunahing pook sa kalinangan ng imperyong Romano. Pumunta roon si Pablo na laging nagmimithing magbigay ng Ebanghelyo sa mga malalaking siyudad at daungan kung saan pinag-uusapan ang lahat at mula rito lumalaganap sa kapaligiran ang mga balita.

Binigyan si Pablo ng pagkakataong makapagsalita sa harapan ng mga pilosopo at pinunong taga-Atenas. Hindi siya nagdalawang-isip na tanggapin ito. Sinikap niyang ipagmarunong ang kanyang pahayag alang-alang sa mga marunong na iyon at pagkabigo lamang ang nakamit niya. Kaunti ang pagtanggap sa Ebanghelyo ng mga marunong na mausisa pa ukol sa narinig na anumang bago kaysa makiisa sa katotohanan.

Minarapat ni Pablong magsalita muna ng tungkol sa mga taong naghahanap sa Diyos. Pagkatapos makapagsasabi siyang dumating ang Diyos sa pamamagitan ni Jesus upang humanap sa tao at bigyan sila ng panahong mahikayat bago ang paghuhukom. Subalit hindi nila pinahintulutang tapusin ang kanyang pananalita.

Bigyang pansin natin ang pagpuri ni Pablo sa mga pagano at mga marunong nila. *Ginusto niyang hanapin nila ang Diyos.* Hindi hinuhusgahan ni Pablo ang mga marunong na walang pananampalataya. Sa kabila ng kanilang mga kamalian, kailangang pahalagahan ang pagnanais ng tao upang makarating sa Katotohanan, na ang Diyos. Ipinakikita ng Diyos ang kanyang sarili sa kalikasan at sa pamamagitan ng lahat ng uri ng pagpapala sa ating buhay. Ginigising sa atin ng Diyos ang pagmamalasakit na pagkaisahin ang lahat ng tao sapagkat *iisa* lamang *ang dugo* ng lahat.

*Ngayon, kinakailangang patungkulan ng may paggalang ang mga pagano at mga di-Kristiyanong relihiyon. Ang mga ito ang pagsisikap ng mga taong naghahanap sa Diyos, kumikilos sa kanila ang Espiritu Santo. Hindi sumisira ang Ebanghelyo, kundi umuunlad sa kalinangan, relihiyon at karunungan. Sa gayunding paraan, hindi natin maipapahayag ang Mabuting Balita sa mga karaniwang tao sa lunsod at sa mga manggagawa nang hindi iginagalang ang mga kilusang bumubuhay sa pag-asa ng katarungan para sa lahat at ang wakas ng pangingibabaw ng mga dayuhan sa maraming mga bansa.*

Sa bandang huli naman, binibigyang-diin ni Pablo na *minamabuti ng Diyos na di pansinin ang panahon ng kulang na kaalaman*. Dumating na si Kristo. Simula sa kanya na ulo (Col 1:18), titipunin sa iisang katawan ang nagkawatak-watak na mga anak ng Diyos (Jn 1:52; Ef 1:10). At sapagkat siya ang huling katotohanan dapat maniwala ang lahat sa Ebanghelyo. Sa pamamagitan niya maghuhukom ang Diyos sa mundo: maliligtas o mahahatulan ang mga tao at mga bansa sa pagtanggap o pagtatakwil sa Diyos na iyon na naparitong dukha at mapagpakumbaba.

katakatakang bagay ang ipinaaabot mo sa aming pandinig, at gusto naming malaman ang kahulugan ng mga ito."
21 Walang ibang pampalipas-oras ang mga taga-Atenas at ang mga banyagang tagaroon kundi ang pag-usapan at pakinggan ang anumang bago.
22 Kaya tumayo si Pablo sa gitna ng bulwagan ng Areopago, at sinabi: "Mga taga-Atenas, nakikita kong napakarelihiyoso ninyo.
23 Sapagkat sa paglalakad ko at pagmamasid sa inyong mga templo, may nakita rin akong altar na may nakasulat na ganito: *Sa di nakikilalang diyos*. At ngayon, ang sinasamba ninyong di nakikilala ang ipahahayag ko sa inyo.
24 Ang Diyos na may gawa ng daigdig at lahat ng naroroon, bilang Panginoon ng langit at lupa, ay hindi nananahan sa mga templong gawa ng tao.
25 Hindi rin siya napaglilingkuran ng mga kamay ng tao, na para bang may kinakailangan pa siya, dahil siya mismo ang nagbibigay ng buhay at hininga sa lahat ng tao at sa lahat ng bagay.
26 Mula sa iisang dugo ginawa niya ang bawat bansang maninirahan sa balat ng lupa at itinakda ang kanya-kanyang panahon at lupaing sasaklawin.
27 Ginusto rin niyang hanapin nila ang Diyos at matagpuan, kahit na sa pangangapa lamang. Ang totoo'y hindi siya malayo sa bawat isa sa atin;
28 *sa kanya tayo nabubuhay at kumikilos at umiiral* gaya ng sinabi ng ilan sa inyong mga makata na: *Kalahi niya tayo.*
29 Kung talagang kalahi tayo ng Diyos, huwag nating tumbasan ng ginto o pilak o bato o anumang likha ng kamay at isip ng tao ang pagka-Diyos.
30 Ngunit minamabuti ngayon ng Diyos na di pansinin ang mga panahon ng kulang na kaalaman at iniuutos niya sa lahat ng tao sa lahat ng dako na magbagong-loob.
31 May araw nga siyang itinakda para hatulan nang may katarungan ang sangkalupaan sa pamamagitan ng lalaking kanyang hinirang. At pinatunayan niya sa lahat ang lalaking ito nang buhayin niyang muli."
32 Pagkarinig nila ng tungkol sa muling pagkabuhay, pinagtawanan siya ng ilan at sinabi naman ng iba: "Pakikinggan ka naming muli tungkol dito."
33 Kaya iniwan sila ni Pablo.
34 Ngunit may mga sumama sa kanya at nanampalataya, isa na si Dionisio na kabilang sa Areopago at isang babaeng nagngangalang Damaris, at iba pa.

**Si Pablo sa Corinto**

**18** • 1 Pagkatapos nito, umalis si Pablo sa Atenas at naglakbay pa-Corinto.
2 Nakita niya roon si Akila na isang Judiong katutubo ng Ponto. Kararating pa lamang nito mula sa Italya, kasama ang kanyang maybahay na si Priscila, dahil sa utos ni Emperador Claudio na palayasin ang lahat ng Judio sa Roma.
Sumama sa kanila si Pablo;
3 at sapagkat kapwa sila mga manggagawa ng

• **18.**1 Corinto, pangunahing daungan ng mga Griyego na may 600,000 naninirahan, at kung saan 400,000 ay mga alipin, at pangunahing bayan ng lalawigan ng Acaya, sentro ng kalakalan, pang-espirituwal at kalinangan. Maraming templo rito na pinagsisilbihan ng libu-libong mga bayarang babae. Bantog ang siyudad sa pagkaluho at pangungurakot. Pumunta rito si Pablo at nanirahan ng 18 buwan hanggang sa katapusan ng taong 52. Tama ang petsang ito, sapagkat nagsasaad ang kasaysayan na si Galion ang naging gobernador ng Acaya noong taong 52.

Matutunghayan natin ang mag-asawang Akila at Priscila. Maaaring Kristiyano na sila noon subalit pinaalis ng kautusan ng Emperador ang lahat ng mula sa lahing Judio sa Roma.

Itinatalaga ni Akila at Priscila ang kanilang mga sarili upang tumulong sa mga gawain ni Pablo. Tutulungan siya nila sa iba't ibang pagkakataon sapagkat hindi sila nakatali sa anumang lunsod o bansa.

Pahalagahan natin ang sinabi ni Jesus tungkol sa pangitain. Hindi pinanghinaan ng loob ang apostol dahil lamang sa mga balakid. Alam niya na kadalasang pinadarami ng demonyo ang mga balakid kung pupunta ka sa kanyang teritoryo sapagkat natatakot siyang mawala ang kanyang paghahari. Datapwat sa sentrong ito ng pangungurakot, higit na makapangyarihan ang pagpapala.

tolda, nagtatrabaho siyang kasama nila.
4 Tuwing Araw ng Pahinga, nakikipagta-
lakayan siya sa sinagoga at kinukumbinsi
ang mga Judio at mga Griyego.

5 Nang dumating naman sina Silas at
Timoteo mula sa Macedonia, itinalaga ni
Pablo ang kanyang sarili sa pangangaral
para patunayan sa mga Judio na si Jesus
ang Kristo. 6 Nang salungatin siya at
insultuhin ng mga tao, ipinagpag niya ang
kanyang damit at sinabi: "Bahala kayo sa
inyong sarili! Wala na akong pananagutan
sa inyo. Mula ngayo'y pupunta ako sa
mga di-Judio."

7 Umalis nga siya sa lugar na iyon at
tumuloy sa bahay ng isang lalaking
nagngangalang Tito Justo, na kabilang sa
mga "may-takot sa Diyos." Katabi
lamang ng sinagoga ang bahay nito.
8 Sumampalataya rin sa Panginoon si
Crispong tagapamahala ng sinagoga,
kasama ng buo niyang sambahayan.
Marami ring taga-Corinto na nakarinig sa
salita ni Pablo ang sumampalataya at
nagpabinyag.

9 Isang gabi, sinabi ng Panginoon kay
Pablo sa isang pangitain: "Huwag kang
matakot. Patuloy kang mangaral, at
huwag tumahimik 10 sapagkat sumasaiyo
ako, at hindi ka sasaktan ninuman. May-
roon akong isang malaking sambayanan
sa lunsod na ito. 11 Kaya nanatili roon si
Pablo nang isang taon at anim na buwan,
at ipinangaral ang Salita ng Diyos.

12 Ngunit nang maging gobernador ng
Acaya si Galion, nagkaisa ang mga Judio
laban kay Pablo. Dinakip siya ng mga ito
at iniharap sa hukuman, 13 at pinara-
tangan: "Hinihikayat ng lalaking ito ang
mga tao para sambahin ang Diyos nang
labag sa Batas."

14 Magsasalita pa lamang si Pablo nang
sabihin ni Galion sa mga Judio: "Maki-
kialam ako kung may kinalaman ito sa
pagkakasala o krimen. 15 Pero mga
pagtatalo lamang ito tungkol sa salita at
mga pangalan batay sa inyong Batas,
kaya bahala kayo. Hindi ako hukom para
sa mga bagay na ito." 16 At pinalabas niya
sila sa hukuman.

17 Kayat sinunggaban ng mga ito si
Sostenes na tagapamahala ng sinagoga,
at ginulpi sa harap ng hukuman. Ngunit
hindi iyon pinansin ni Galion.

18 Tumigil pa nang ilang araw si Pablo
sa Corinto, bago iniwan ang mga kapatid,
at naglayag pa-Siria, kasama sina Akila
at Priscila. Pagdating sa siyudad ng
Senkreas, nagpagupit siya (mahaba na
ang buhok niya dahil sa panatang ginawa
niya).

19 Dumating sila sa siyudad ng Efeso.
At nang sumunod na Araw ng Pahinga,
iniwan niya sina Akila at Priscila, at siya
nama'y pumasok sa sinagoga at naki-
pagpaliwanagan sa mga Judio. 20 Pi-
nakiusapan nila siyang manatili pa roon
nang mas matagal, pero tumanggi siya.
21 Ngunit bago siya umalis, sinabi niyang:
"Babalikan ko kayo, kung kalooban ng
Diyos." At naglayag siya mula sa Efeso.

• 22 Pagkadaong sa Cesarea, dinalaw
niya't kinumusta ang Iglesya at saka
bumaba sa Antiokiya. 23 Matagal-tagal din
siya roon, bago siya muling naglakbay sa
iba't ibang lugar hanggang sa rehiyon ng

---

• 22. Sa maikling talatang ito, pinagsama ni Lucas ang pagtatapos ng ikalawa at ang simula ng ikatlong paglalakbay.

Hindi nanirahan si Pablo sa Efeso, pangunahing bayan sa lalawigan ng Asia. Matapos ang dalawa't kalahating taon ng kanyang misyon, nagmamadali siyang bumalik. Pumupunta siya sa Jerusalem at bumabalik sa Antiokiya, ang pinakauna sa mga Iglesya ng mundong pagano. Sa tuwing matatapos ang paglalakbay ni Pablo, pumupunta siya roon upang magpahinga. Pagkakataon din ito upang magpanibago sa kanyang mga pananaw sa pakikisalamuha niya sa pamayanang ito na mayaman sa mahahalagang tauhan na nakikibahagi sa kanyang pinagkakaabalahan.

Kung aalis muli si Pablo, dadalawin niya ang mga pamayanang itinatag niya sa kanyang ikalawang paglalakbay. Tatagal ito ng ilang buwan at sa pagdating niya sa Efeso sa taong 54, itinatatag na rito ang isang Iglesya.

Galasya at Frigia para patatagin ang mga alagad.

• 24 May dumating naman sa Efeso na isang Judio, si Apollo na taga-Alejandria. Mahusay siyang magsalita at malawak ang kaalaman sa Banal na Kasulatan. 25 May alam din siya sa Daan ng Panginoon, at dahil sa maalab na espiritung sumasakanya, nakapangangaral siya nang tama tungkol kay Jesus gayong ang pagbibinyag lamang ni Juan ang alam niya. 26 Buong-tapang siyang nagsasalita sa sinagoga nang marinig siya nina Akila at Priscila, kaya isinama siya ng mga ito, at mas malinaw na ipinaliwanag sa kanya ang Daan ng Diyos.

27 Nang balakin niyang makatawid sa Acaya, pinalakas ng mga kapatid ang loob niya, at sinulatan ang mga alagad na tanggapin siya. Pagdating doon ni Apollo, malaking tulong siya sa mga naging mananampalataya dahil sa awa ng Diyos. 28 Sapagkat mabisa niyang pinabulaanan ang sinasabi ng mga Judio sa publiko, at pinatunayan niya sa pamamagitan ng Kasulatan na si Jesus ang Kristo.

**Si Pablo sa Efeso**

**19** • 1 Nang nasa Corinto si Apollo, nagdaan naman si Pablo sa mataas na bahagi ng lupain hanggang makarating sa Efeso at natagpuan niya roon ang ilang alagad. 2 Sinabi niya sa mga ito: "Tinanggap ba ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y sumampalataya?" At sumagot sila: "Hindi! Hindi pa namin naririnig kailanman na may natatanggap palang Espiritu Santo."

3 At itinanong niya: "Kung gayo'y anong klase ng binyag ang inyong tinanggap?" Sumagot sila: "Ang binyag ni Juan." 4 At sinabi ni Pablo: "Binyag ng pagsisisi lamang ang binyag ni Juan. Sinabihan din niya ang bayan na sumampalataya sa taong darating na kasunod niya, at ito si Jesus." 5 Nakinig sila at nagpabinyag sa Ngalan ng Panginoong Jesus. 6 At nang ipatong sa kanila ni Pablo ang kanyang mga kamay, sumakanila ang Espiritu Santo; nagsalita sila sa ibang mga wika, at nagpropesiya. 7 Mga labindalawang lalaki sila.

8 Pumasok siya sa sinagoga at tatlong buwan siyang buong-tapang na nakipag-

---

• 24. Habang wala si Pablo, pinayabong nina Priscila, Akila at ng iba pang tumulong ang butong itinanim noong napadaan siya sa pook na ito. Isang mahalagang pangyayari ang pagkahikayat nila kay *Apollo* na magiging isa sa mga pinakabantog na misyonero (1 Cor 3:6; 4:6; 16:12).

*Ang Daan* (26). Narinig na natin ang katagang ito bilang tawag sa pamumuhay ng mga Kristiyano na hindi lamang panrelihiyon o pananampalataya o gawaing-asal, subalit higit pa sa mga nabanggit na ito.

• **19.**1 Tatlong taon nang ninanais ni Pablo na mangaral sa Efeso, na isa sa pinakamalawak at pinakamagandang siyudad sa buong kaharian ng mga Romano.

Pahalagahan din natin ang labindalawang alagad ni Juan Bautista. Mga mananampalataya at mabubuting tao man sila, kulang pa rin sila ng pinakamahalaga sa lahat – hindi nila natanggap ang Espiritu Santo. *Sumakanila ang Espiritu Santo* (6). Tingnan ang Mga Gawa 8:14. Mabuting maranasan ang mga kaloob ng Espiritu Santo sa sandali ng isang pagbabago; mabuti pa kung sa ating Kristiyanong gawain, bayaan nating gabayan tayo ng maka-Diyos na pagkukusa sa halip na pagtitiwala sa ating sariling kakayahan.

*Nagpabinyag sila sa Ngalan ng Panginoong Jesus.* Ipagpapalagay ba natin na noong unang panahon, sa pagbibinyag "Sa ngalan ni Jesus" ang ginagamit at hindi ang "Sa ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo"? Hindi ito tiyak. *Sa Ngalan*, nangangahulugang "sa pamamagitan ng kapangyarihan" at maaaring ang pagbibinyag sa "Ngalan ng Ama", tinatawag ding pagbibinyag sa ngalan ni Jesus upang makita ang pagkakaiba sa "pagbibinyag ni Juan" at sa marami pang mga pagbibinyag ng mga Judio at relihiyong pagano.

Subalit maaaring sa mga naunang salinlahi, bininyagan ang mga tao *sa Ngalan ni Jesus* at pagkatapos binago ang mga salitang ginamit upang maitangi sa mga naniniwala kay Jesus, na hindi tumatanggap sa kanya bilang Anak ng Diyos. Gayunpaman, wala sa lugar ang mga salungatan ng mga maliliit na Simbahang ito na sa akala nila'y natuklasan nilang muli ang Ebanghelyo sa pagkondena nila sa mga salitang ginamit sa loob ng dalawampung siglo na bumabanggit sa tatlong persona ng Diyos. Ang Iglesya ng mga apostol ang nagbigay ng unang mga salitang gagamitin, at siya rin ang nagbigay pagkatapos ng mga salitang gagamitin na mababasa sa Mt 28:19.

paliwanagan at kumumbinsi tungkol sa
Kaharian ng Diyos. 9 Ngunit nagmatigas
ang ilan at hindi sumampalataya; at sa
halip ay siniraan ang Daan ng Panginoon
sa publiko. Kaya humiwalay siya sa
kanila at bumukod kasama ang kanyang
mga alagad, at araw-araw na tinuruan
ang mga ito tungkol sa Salita sa Eskuwe-
lahan ni Tirano mula alas onse hanggang
alas kuwatro ng hapon.
10 Tumagal ito ng dalawang taon kaya
nalaman ng lahat ng Judio at Griyegong
taga-Asia ang Salita ng Panginoon.

• 11 Di karaniwan ang mga himalang
ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni
Pablo. 12 Kaya kahit na ang panyo o damit
na ginamit niya ay dinadala sa mga
maysakit, at gumagaling ang mga iyon, at
iniiwan din sila ng masasamang espiritu.
13 May ilan din sa mga eksorsistang
Judiong naggagala sa lugar na iyon ang
tumawag sa Ngalan ng Panginoong Jesus
sa mga inaalihan ng masasamang espi-
ritu, sa pagsasabing: "Sa Ngalan ng Jesus
na ipinangangaral ni Pablo, iniuutos kong
lumayas kayo."
14 Mga anak na lalaki ng isang paring
Judio na nagngangalang Esceva, ang
gumagawa nito. 15 Ngunit isang araw,
nang pumasok sila sa isang bahay at
pinangahasang gawin ito, sumagot ang
masamang espiritu: "Kilala ko si Jesus, at
may alam din tungkol kay Pablo pero sino
kayo?" 16 At nilundag sila ng lalaking
inaalihan ng masamang espiritu; natalo
nito ang una, pati na ang iba pa. Labis
siyang naging marahas sa kanila kayat
tumakas silang hubo't hubad at sugatan.
17 Nalaman ito ng lahat ng Judio at
Griyegong nasa Efeso, at natakot silang
lahat. At lalong dinakila ang Ngalan ng
Panginoong Jesus.
18 Dumating ang marami sa mga su-
masampalataya, at inamin at ibinunyag
ang ginawa nila. 19 Tinipon ng hindi la-
mang iilan sa mga gumagawa ng sala-
mangka ang kanilang mga libro at si-
nunog ang mga iyon sa harap ng lahat.
Nang kuwentahin ang halaga ng mga
libro, umabot ito sa limampung libong
pirasong pilak. 20 Ganito kalakas lu-
maganap ang salita ng Panginoon at
naging matatag.

**Ang panggugulo ng mga platero**

• 21 Nang maganap ang mga ito,
ipinasya ni Pablo sa inspirasyon ng Es-
piritu na pumunta sa Jerusalem at du-
maan sa Macedonia at Acaya. Sinabi
niya: "Pagkagaling ko roon, kailangan ko
ring dumalaw sa Roma." 22 Kaya pina-
punta niya sa Macedonia ang dalawa sa
kanyang mga katulong, sina Timoteo at
Erasto, at nagtagal-tagal pa siya sa Asia.
23 Nang mga panahon ding iyon nag-
karoon ng isang malaking gulo dahil sa
Daan. 24 May isang platerong Demetrio
ang pangalan. Gumagawa siya ng mga
maliliit na templong pilak ni Artemis at

---

• 11. Maraming mga tanda ang ipinangako ni Jesus sa mga mananampalataya (Mc 16:15-18). Katulad ng nangyayari ngayon sa Iglesya na misyonerong muli.

Namamangha tayo sa mga pagpapagaling. Higit na mahalaga ang tunay na pagbabago ng mga nangungumpisal ng kanilang pagkasalamangkero at pagsunog sa mga aklat na pinahahalagahan. Hindi nila ito ginawa noong binyagan sila, ngayon na lamang nang ganap na ang pagkaunawa sa pananampalataya.

• 21. Niyayanig ng tagumpay ng Ebanghelyo ang pagsamba sa mga diyus-diyusan. Gayunman, karibal ito ng maraming iba pang mga relihiyon. Punung-puno ang daigdig ng mga Romano ng pagkaabala sa relihiyon. Galing sa Asia ang maraming doktrina, kulto at mga pagtuturong makapagpapalaya raw sa tao sa kamatayan. Ngunit may kaibahan. Habang teorya lamang ang naituro ng mga doktrinang iyon, ipinahahayag naman ng mga apostol ang katotohanang saksi sila: nabuhay na uli ang isang Judiong nagngangalang Jesus.

Mayroong panggugulo. Ipinagsasanggalang ng mga gumagawa ng mga diyus-diyusan ang kanilang hanapbuhay. Nag-aalala ang mga Judiong nakikipamuhay nang may kapayapaan sa mga pagano na huwag mapagkamalan silang mga Kristiyano at gusto nilang ipagtanggol ang sarili.

nagbibigay ng malaking negosyo sa
kanyang mga panday. 25 Tinipon niya ang
mga iyon pati ang iba pang may kauring
hanapbuhay, at sinabi:
"Mga ginoo, alam ninyong sa negos-
yong ito galing ang ating kabuhayan. 26 At
nakita ninyo at narinig, hindi lamang sa
Efeso kundi sa halos lahat ng dako ng
Asia na kinumbinsi ng Pablong ito at
pinalayo ang maraming tao sa pagsa-
sabing hindi diyos ang mga gawa ng tao.
27 Dahil dito, siguradong mababale-wala
ang ating hanapbuhay; at magiging
kasiraan ng templo ng dakilang diyosang
si Artemis. Mawawala ang kanyang
katanyagan, siya pa namang sinasamba
ng buong Asia at ng daigdig."
28 Nang marinig ito ng mga panday,
sumiklab ang kanilang poot at nag-
sigawan: "Dakila si Artemis ng mga taga-
Efeso!" 29 Agad lumaganap ang gulo sa
lunsod at sumugod sila sa istadyum.
Kinaladkad nila sina Gayo at Aristarco na
mga taga-Macedoniang kasama ni Pablo
sa paglalakbay.
30 Gustong harapin ni Pablo ang mga
tao pero hindi siya pinayagan ng mga
alagad. 31 Maging ang ilang konsehal sa
probinsya na mga kaibigan niya ay nag-
pasabi sa kanya at iginiit na huwag siyang
magpapakita sa istadyum.
32 Naging napakagulo ng pagtitipon.
May kung anong isinisigaw ang ilan, at iba
naman ang sinasabi ng iba pa. Ngunit ni
hindi alam ng karamihan kung bakit sila
naroon.
33 Gusto ng ilan sa kanila na magta-
lumpati ang isang nagngangalang Alejan-
dro na itinulak naman ng mga Judio.
Balak sana niyang patunayan sa mga tao
na walang kasalanan ang mga Judio.
34 Ngunit napansin ng mga tao na Judio
siya kayat sabay-sabay na nagsigawan
ang mga iyon: "Dakila si Artemis ng mga
nasa Efeso!" Tumagal iyon nang dala-
wang oras.
35 Sa wakas, napatahimik ng sekre-
taryo ng lunsod ang mga tao, at sinabi:
"Mga taga-Efeso, sino ang di nakaaalam
na ang lunsod ng Efeso ang tagapag-ingat
ng templo ng dakilang Artemis at ng
imaheng hulog ng langit? 36 Dahil hindi
mapabubulaanan ang mga bagay na ito,
magsitahimik kayo at huminahon. 37 Ang
templo naman o ang ating diyosa ay hindi
naman nilapastangan ng mga taong
dinala ninyo rito. 38 Kung si Demetrio at
ang mga kasama niyang panday ay may
reklamo laban kaninuman, bukas ang
mga hukuman at may mga hukom. Sila
ang magharap ng sakdal. 39 At kung may
iba pa kayong ipaghahabol, pagpapas-
yahan iyon ng kapulungan ayon sa batas.
40 Sa totoo'y puwede pa tayong parata-
ngan ng paghihimagsik dahil sa nang-
yayari ngayon sapagkat wala ta-
yong anumang dahilan para magkagulo."
41 Pagkasabi niya nito, pinauwi na niya
ang pagtitipon.

**Ang pagbabalik ni Pablo sa Macedonia**

**20** • 1 Nang matapos ang gulo, ipina-
tawag ni Pablo ang mga alagad at
pinalakas ang kanilang loob. Nagpaalam
siya at umalis pa-Macedonia.
2 Naglakbay siya sa probinsyang ito at
pinasigla ang loob nila hanggang maka-
rating siya sa Gresya. 3 Tatlong buwan

---

• **20.**1 Sa Efeso, tumira ng dalawa't kalahating taon si Pablo. Sa pagbasa natin sa mga liham ni Pablo napatutunayan na hindi nababanggit ang maraming gawain ni Pablo sa ulat na ito ni Lucas. Pinagdaanan ni Pablo ang maraming mga pagpapakasakit. Maaaring nabilanggo siya. Noong mga buwang iyon, isinulat niya ang Liham sa mga taga-Galasya at ang unang liham sa mga taga-Corinto.

Pumupunta si Pablo sa Macedonia (lupain ng Tesalonika) at sa Gresya (kung saan nanahan siya ng mga ilang taon sa Corinto). Sa Corinto, habang tumitindi ang kanyang pagnanasang makarating sa Roma, sumulat siya sa kanila.

• 7. Hindi lamang nagkataon ang pagkabanggit ni Lucas na nagtitipon sila *sa unang araw ng sanlinggo*. Mula nang humiwalay ang mga Kristiyano sa mga Judio, pinalitan nila ang banal na Araw ng Pahinga at

siya roon. Nang malapit na siyang mag-
layag pa-Siria, nagkaroon ng pakana ang
mga Judio laban sa kanya. Kaya ipinasya
niyang bumalik at dumaan sa Macedonia.
4 Pag-alis niya papunta sa Asia, sumama
sa kanya ang ilan: si Sopatros na anak ni
Pirro na taga-Berea, sina Aristarco at
Segundo na taga-Tesalonika, si Gayong
taga-Derbe, at si Timoteo, at sina Tikico
at Trofimo na taga-Asia.
5 Nauna sila at hinintay kami sa Troas,
6 at naglayag naman kami mula sa Filipos
pagkatapos ng Piyesta ng Tinapay na
Walang Lebadura. Makalipas ang limang
araw, dumating kami at sumama sa
kanila sa Troas at pitong araw din kami
roon.

**Ang Eukaristiya sa Troas**

• 7 Sa unang araw ng sanlinggo, nag-
tipon kami para magpiraso ng tinapay.
Kinausap sila ni Pablo na may balak
umalis kinabukasan. Matagal siyang
nangaral hanggang hatinggabi, 8 marami
namang ilaw sa silid sa itaas na pinagtiti-
punan namin. 9 Nakaupo sa bintana ang
isang binatang nagngangalang Eutico, at
inantok ito dahil sa haba ng pagsasalita ni
Pablo. Sa himbing ng pagkakatulog,
nahulog siya mula sa ikatlong palapag at
patay na nang damputin.
10 Ngunit nanaog si Pablo at payukong
niyakap ito, at sinabi: "Huwag kayong
mabagabag, nasa kanya ang kaluluwa
niya." 11 Nang makapanhik na si Pablo,
pinira-piraso niya ang tinapay at kumain.
Nakipag-usap siya sa kanila hanggang
madaling-araw, at saka umalis. 12 Buhay
namang iniuwi nila ang binata, na lubos
nilang ikinagalak.
13 Nagpauna kaming sumakay sa bar-
ko, at naglayag pa-Asso para sunduin
doon si Pablo. Ito ang napagkasunduan
dahil naglakad siya papunta roon.
14 Nang salubungin niya kami sa Asso,
isinakay namin siya sa barko at nagtuloy
kami sa Mitilene. 15 Mula roo'y naglayag
naman kami at dumating kinabukasan sa
tapat ng Kios. Nang sumunod na araw,
tumawid kami sa Samos, at makaraan
ang isang araw pa ay nakarating kami sa
Mileto.
16 Ipinasya ni Pablo na laktawan ang
Efeso upang hindi maantala sa Asia
sapagkat balak niyang makarating sa
Jerusalem, kung maaari, sa Araw ng
Pentekostes.

**Ang pamamaalam ni Pablo sa matatanda ng Efeso**

• 17 Mula sa Mileto, ipinatawag niya sa
Efeso ang Matatanda ng Iglesya. 18 Nang
dumating ang mga iyon ay sinabi niya:
"Alam ninyo kung paano ako namuhay
sa inyong piling mula sa unang araw na
dumating ako sa Asia. 19 Naglilingkod ako
sa Panginoon nang buong kapakum-
babaan, sa gitna ng mga luha at mga

---

ipinagpaliban sa sumunod na araw, ang unang araw ng linggo. Ito ang pamamaraan ng pagdiriwang sa pagkabuhay na muli ni Jesus sa araw na iyon.

Nagkakatipon siyempre sila sa isang bahay at nagsisimula ang Kristiyanong pagtitipon na sama-samang pag-uusap, pagtuturo at pagninilay. Nakapagsasalita ang lahat. Tinatapos nila ito sa pagpapasalamat (Eukaristiya) at pagtanggap sa katawan ng Panginoon.

Ano ang nilalaman ng mahabang talumpati ni Pablo?

– Binabasa niya at inihahayag ang mga Kasulatang nagpapahayag kay Jesus.

– Inihahayag niya ang kanyang pananampalataya at paglilingkod kay Kristo.

– Isinalaysay niya ang maraming naganap na paggawa ng Espiritu sa kanyang misyon.

Tila masyadong tumagal ang kanyang pangangaral hanggang sa antukin ang ilan sa kanila. Subalit kinakailangang matapos ito sa *pagpira-piraso sa tinapay*, ang Eukaristiya. Dito muling nasaksihan ng mga kasapi ang kapangyarihan ng Diyos laban sa kamatayan (10:36).

• 17. Bumabalik si Pablo sa Palestina. Sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Espiritu Santo nadarama niya o nababatid na magsisimula ang bagong bahagi sa kanyang buhay. Ito ang mga taon ng pagkapiit at paglilitis. Kayat sa kanyang pamamaalam, minamarapat niyang mag-iwan ng mga huling habilin sa mga Matatanda ng mga pamayanang itinatag niya sa Asia.

Hindi sapat na pangalagaan ng mga pastol ng Iglesya ang mga kasapi ng pamayanan. Ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila ang kanyang sariling Iglesya kaya tungkulin nilang ihanda ito sa mga pagsubok na

pagsubok na pakana ng mga Judio.
20 Alam ninyong hindi ako umiwas na
sabihin sa inyo ang anumang puwedeng
maging kapaki-pakinabang sa inyo, at
mangaral nang hayagan at sa bahay-
bahay, 21 at ipinahayag ko sa mga Judio at
maging sa mga Griyego na magbalik sa
Diyos at sa pananampalataya sa ating
Panginoong Jesucristo.

22 At ngayon, pinipilit ako ng Espiritu
Santo na pumunta sa Jerusalem na hindi
ko alam kung ano ang mangyayari sa
akin doon, 23 maliban sa ipinahayag sa
akin ng Espiritu Santo na naghihintay sa
akin sa bawat lunsod ang pagkabilanggo
at mga paghihirap. 24 Ngunit hindi ko na
itinuturing na mahalaga pa ang aking
buhay, matupad ko lamang ang takbuhan
at paglilingkod na tinanggap ko sa Pangi-
noong Jesus: ang paghahayag ng
Ebanghelyo ng kagandahang-loob ng
Diyos.

25 At ngayon, makinig kayong mga pi-
nuntahan ko nang ipahayag ko ang ka-
harian; alam ko na hindi na ninyo ako
makikita pang muli. 26 Kaya sinasabi ko
sa inyo ngayon na wala akong panana-
gutan kaninuman, 27 sapagkat hindi ako
nagkulang na ipahayag sa inyo ang
tanang kagustuhan ng Diyos.

28 Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang
buong kawan, sapagkat kayo ang ginawa
ng Espiritu Santo na mga tagapag-ingat
nila para pangalagaan ang Iglesya ng
Panginoon, na binayaran niya ng sarili
niyang dugo. 29 Alam kong sa pag-alis
ko'y darating ang mababangis na asong-
gubat, at hindi patatawarin ang kawan.
30 Mula rin sa inyo mismo lilitaw ang mga
taong babaluktutin ang katotohanan at
hihikayatin ang mga alagad na sumunod
sa kanila.

31 Kaya magbantay kayo at alalahanin
na tatlong taon akong walang tigil, kahit
na lumuluha, sa pangangaral, araw at
gabi, sa bawat isa sa inyo. 32 At ngayon,
inihahabilin ko kayo sa Diyos at sa
Salitang tagapaghatid ng kanyang
kagandahang-loob. Ito ang makapagpa-
palakas sa inyo at makapagbibigay ng
pamana sa lahat ng pinabanal.

33 Hindi ko ninasa ang pilak o ginto o
damit ninuman. 34 Alam ninyong mga
kamay ko mismo ang tumugon sa aking
mga pangangailangan at pati ng mga
kasama ko. 35 Malinaw kong ipinakita sa
inyo na kailangan ninyong magtrabaho,
at sa ganito natin matutulungan ang
mahihina. Tandaan ninyo ang mga salita
ng Panginoong Jesus; siya nga ang nag-
sabing: 'Higit pang mapalad ang nagbi-
bigay kaysa tumatanggap'."

36 Pagkasabi niya nito, lumuhod siyang
kasama nila at nanalangin. 37 Umiyak
silang lahat at niyakap si Pablo at hinag-
kan. 38 Ang kanyang sinabi na hindi na
nila siya makikita pang muli ang lubhang
nakapagpalungkot sa kanila. At inihatid
nila siya sa barko.

**Pa-Jerusalem**

**21** 1 Nang makahiwalay kami sa
kanila, naglayag kami at dume-
retso sa Kos. Kinabukasa'y nagpunta

---

darating upang pangalagaan ng mga ito ang paniniwala ng mga apostol at manatiling nagkakaisa hanggang sa pagbabalik ni Kristo.

Makikita natin sa talumpati ni Pablo:

– ang pagmamalasakit. Ipinababatid ba niya sa kanila ang lahat na kailangan sa pagtupad ng kanilang tungkulin? Nararapat lamang na pagkaabalahan ito ng bawat apostol: paghahanda sa mga pinuno ng mga pamayanan na maging responsable sa mga ito at hindi na kailangang ipagtulakan pa.

– paanyayang sundin ang kanyang halimbawa. Bagamat hindi kahalintulad sa mga apostol ang tungkulin ng mga matatanda, hindi sila dapat sakim. Hindi sila maaaring sustentuhan ng pamayanan maliban kung may tunay na paglilingkod at buong pusong pagtatalaga. Dapat silang magmatyag. Huli na ang pag-aalala kung makapasok na ang kamalian at pagkakawatak-watak ng mga tao. Hindi sila ang may-ari ng Iglesya; kundi mga katulong lamang. Sa Panginoon ang Iglesya na binayaran niya ng kanyang sariling dugo.

– babala tungkol sa paghihirap na kahihinatnan ng mga naglilingkod kay Kristo.

Binanggit din sa talatang ito ang salitang "obispo"

kami sa Rodas, at mula roo'y nagtuloy naman kami sa Patara. 2 Nang may matagpuan kaming barko na tatawid pa-Fenicia, sumakay kami at naglayag. 3 Natanaw namin ang Ciprus ngunit iniwan namin ito pakaliwa at naglayag kami pa-Siria. Sa Tiro kami dumaong dahil doon dapat magbaba ng kargamento ang barko. 4 Hinanap namin doon ang mga alagad at pitong araw din kami roon. Pinagsabihan ng mga ito si Pablo mula sa Espiritu na huwag tumuloy sa Jerusalem.

• 5 Datapwat pagkalipas ng ilang araw ay umalis din kami at ipinagpatuloy ang aming paglalakbay. Sinamahan kami ng lahat hanggang sa labas ng lunsod pati ng kanilang mga asawa't mga anak. Sa dalampasigan kami lumuhod at nanalangin, at nagpaalaman sa isa't isa. 6 Pagkatapos, sumakay kami sa barko at umuwi naman sila.

7 Nagpatuloy kami mula sa Tiro at naglayag pa-Tolemaida. Kinumusta namin ang mga kapatid doon at maghapong tumigil doon kasama nila. 8 Umalis kami kinabukasan at pumunta sa Cesarea. Tumuloy kami sa bahay ni Felipeng ebanghelista na isa sa Pito, at nanatili roon. 9 May apat siyang anak na dalaga na nagpopropesiya.

10 Ilang araw na kami roon nang may dumating na isang propeta mula sa Judea na Agabo ang pangalan. 11 Nilapitan niya kami, at pagkakuha sa sinturon ni Pablo, iginapos niya ang sariling mga paa at kamay, at sinabi: "Ito ang sinasabi ng Espiritu Santo: Ganito gagapusin ng mga Judio sa Jerusalem ang may-ari ng sinturong ito at ibibigay sa mga dayuhan." 12 Nang marinig namin ito, pinakiusapan namin si Pablo, kami at ang iba pang naroon, na huwag na siyang tumuloy sa Jerusalem.

13 Ngunit sumagot si Pablo: "Bakit kayo umiiyak at sinusugatan ang aking puso! Nakahanda akong magpagapos at kahit na mamatay sa Jerusalem alang-alang sa Ngalan ng Panginoong Jesus." 14 Nang hindi namin siya mapigil, hindi na kami nagpumilit at sinabing: "Maganap nawa ang kalooban ng Diyos!"

15 Pagkaraan ng mga araw na iyon, gumayak kami at nagpunta sa Jerusalem. 16 Sinamahan kami ng mga alagad na taga-Cesarea, at inihatid kami sa bahay ni

---

(nangangahulugang tagapagsuri). Hindi natin alam kung sila ang mga Matatanda, o ang ilan sa kanila na nakahihigit sa pananagutan.

• 5. Maaaring mamangha tayo sa di mabilang na pagkilos ng *espiritu ng pagkapropeta* na matatagpuan sa Aklat ng Mga Gawa.

Akala ng ilang Kristiyanong pangkat ngayon na nagsimulang muli ito. Sabi naman ng iba na ilusyon lamang o hysteria ang nakikita.

Totoong maraming mga pangitain na pawang ilusyon lamang na dulot ng kakulangan sa pagkain at tulog. Sa kabilang dako, maraming tao ang matalas ang imahinasyon at naniniwalang nakakakita sila; datapwat, pangarap. Bukod dito kapag nagsasamasama ang mga tao sa matinding kasayahan at kaguluhan, may mga kakatwang pagpapakita na walang kinalaman sa Espiritu ni Jesus. Alam ito ng mga manggagamot na tumutulong sa mga biktima ng ganitong laro.

Ang mga kakatwang kalagayan kung saan sumasayaw, pumapadyak at wari'y tulalang nagsasalita ang mga tao (at kung minsa'y sabay-sabay pa sila) ay nakita sa maraming di-Kristiyanong bansa, lalo na sa Africa. Kayat kapag nangyayari ito sa isang Kristiyanong grupo, dapat nating itanong kung galing sa mabuting Espiritu, sa masama o sa hangal. Walang kinalaman ito sa Espiritu ng pagkapropeta.

Nagbabala ang Biblia tungkol sa mga "propetang hindi isinugo" o mga naniniwala sa kanilang sariling panaginip (Jer 29:8). Tinuturuan tayo ng Ebanghelyo kung paano kilalanin ang tunay na propeta at ang bulaang propeta sa pamamagitan ng kanilang mga gawa. (Tingnan sa 1 Cor 12:1-3).

Hindi naman tayo dapat mag-alinlangan sa paggalaw ng espiritu ng pagkapropeta sa Iglesya. Higit itong aktibo kung may malalim na pananampalataya at humaharap ang Iglesya sa mahirap na pagkakataon. Tingnan ang paliwanag sa 8:18.

Kung mas marilag ang pagpapakita, mas kahinahinala. Ipinahahayag ng Espiritu ang pinakamahalaga sa kaibuturan ng kaluluwa na Diyos lamang ang nakapapasok, nang wala ng salita o pangitain. Sa kabilang dako, napakatuso ng demonyo sa pagmumungkahi ng makapukaw-damdaming mga salita at di-kapanipaniwalang pangitain.

Nakikita ng taong tinatalikuran ang sarili at sumusunod kay Kristo ang Espiritung nagtatrabaho

Mnason na taga-Ciprus na matagal nang sumasampalataya. At doon kami tumuloy.

**Sinalubong si Pablo ng Iglesya sa Jerusalem**

• 17 Buong-galak naman kaming tinanggap ng mga kapatid pagdating
namin sa Jerusalem. 18 Kinabukasa'y
sinamahan namin si Pablo na nakipagkita kay Jaime; naroon ang lahat ng Matatanda.
19 Pagkabati niya sa kanila, isa-isa niyang isinalaysay ang mga bagay na ginawa ng Diyos sa piling ng mga di-Judio sa pamamagitan ng kanyang paglilingkod.
20 Nang marinig nila ito, pinuri nila ang Diyos. Ngunit sinabi rin naman nila sa kanya: "Alam mo, kapatid, ilang libo na sa mga Judio ang sumasampalataya, at masigasig pa rin sila sa pagtupad sa
Batas. 21 May nakapagsabi sa kanila na tinuturuan mo ang lahat ng Judio na nasa mga bansang pagano na talikuran na si Moises. Pinagsabihan mo raw silang huwag tuliin ang kanilang mga anak o
sundin ang mga kaugalian. 22 Ano ngayon ang gagawin natin? Dapat naming ipatawag ang Iglesya dahil tiyak na mababalitaan
nilang narito ka. 23 Gawin mo ang sasabihin namin.

May apat na lalaki rito sa amin na may
panata. 24 Ikaw ang maging ninong nila; dalisayin ang iyong sarili kasama nila at bayaran mo ang kanilang mga gastos para magpagupit sila. At malalaman ng lahat na hindi pala totoo ang nabalitaan nila tungkol sa iyo; sa halip ay tinutupad mo rin ang kautusan.
25 At para naman sa mga di-Judiong sumampalataya, sumulat na kami sa kanila tungkol sa pasya naming kailangang umiwas sila sa mga pagkaing inialay sa mga diyus-diyusan, sa dugo at sa hayop na binigti, at sa ipinagbabawal na pagtatalik."
26 Kaya naging ninong si Pablo ng mga lalaki. Nang sumunod na araw, dinalisay niya ang kanyang sarili kasama nila, at pumasok sa Templo para ihayag kung ilang araw tatagal ang paglilinis at kung kailan gagawin ang pag-aalay para sa bawat isa sa kanila.

**Inaresto si Pablo sa Templo**

• 27 Nang malapit nang matapos ang pitong araw, nakita siya sa Templo ng ilan sa mga Judiong taga-Asia. Sinulsulan nila ang mga tao.
Sinunggaban nila siya 28 at isinigaw:
"Mga Israelita, tulungan ninyo kami! Ito ang lalaking nagtuturo sa lahat ng tao

---

nang higit sa kanyang buhay. Nakakasanayan niyang talusin ang tahimik na inspirasyon ng Espiritu sa kanyang kalooban. Sa karanasan niya napatutunayan na tama nga ang inspirasyong ito kahit na iba ang pagkilos ng kanyang isip. Nakakasanayan niyang huwag magtiwala sa kanyang mga plano at manatiling bukas sa paggalaw ng Espiritu. At higit sa lahat kumbinsido siyang bale-wala ang kaloob ng pagkapropeta kung ihahambing sa Espiritu ng pag-ibig (1 Cor 13).

Ipinahahayag sa atin ng ulat ng paglalakbay ang pagmamahal ng mga kapatid na Kristiyano. Binigyang-diin ni Pablo sa kanyang mga sulat ang tungkuling patuluyin ang mga manlalakbay na galing sa ibang pamayanan. Higit ang kagalakan kung apostol o propeta ang darating, sapagkat ito ang pagkakataon para sa mga pagkilos ng Espiritu, para sa panlahat na pagninilay-nilay ng sambahayan at para sa mga balitang mula sa mga ibang Iglesya.

• 17. Pumupuri kay Pablo ang mga Kristiyanong mula sa lahing Judio, at humahamak din sa kanya. May sabi-sabing kumakalat na hindi lamang nag-aalis si Pablo sa Batas para sa mga nahikayat na pagano, kundi nagpapahintulot din siya na iwanan ng mga Judio ang Batas. Kayat pinapayuhan siyang makiisa sa isang kaugalian at mahal na maka-Judiong seremonyas.

Iginiit ito ng mga *Matatandang* kasama ni Jaimeng "kapatid ng Panginoon". Silang lahat ay mga Judiong taga-Palestina na mahilig pa sa kaugalian ng Lumang Tipan.

Binibigyang-diin nila ang kahalagahan ng pamayanan ng Jerusalem, (*ang mga libu-libong Judio*), upang makamit ang kanilang hangarin. Maaaring nakararami pa sila sa mga Kristiyanong nagmula sa paganong bansa: ito ang pasanin ng nakaraan. Tinanggap ito ni Pablo para sa kapakanan ng kapayapaan at ito ang naging daan ng kanyang pagbagsak.

• 27. Maraming pagkakatulad ang pagdakip kay Pablo at sa kay Esteban na nauna ng ilan taon (tingnan

saanman laban sa bayan, sa Batas at sa
lugar na ito. Isinama pa niya kahit na ang
mga Griyego sa Templo at nilapastangan
ang Banal na Lugar na ito!" 29 Sapagkat
nakita nilang kasama niya sa lunsod si
Trofimo na taga-Efeso, at inakalang isi-
nama iyon ni Pablo sa Templo.
30 Lumaganap ang gulo sa buong lun-
sod. Patakbong dumating ang mga tao,
dinakip si Pablo at kinaladkad palabas sa
Templo. At agad na isinara ang mga
pinto.
31 Tangka nilang patayin siya nang ma-
balitaan ng pinuno ng batalyon na nag-
kakagulo ang buong Jerusalem. 32 Agad
niyang isinama ang mga sundalo at mga
kapitan, at pumunta sa kinaroroonan ng
mga tao. Nang makita ng mga ito ang
pinuno at ang mga sundalo, itinigil nila
ang paggulpi kay Pablo.
33 Nilapitan ng pinuno si Pablo at di-
nakip siya at ipinakadena sa dalawang
tanikala. At saka itinanong ng pinuno
kung sino siya at kung ano ang kanyang
ginawa. 34 Ngunit may kung anong
isinisigaw ang ilan sa mga tao; at iba rin
naman ang sinabi ng ilan pa. At dahil hindi
malinawan ng pinuno ang katotohanan sa
gitna ng gulo, iniutos nitong dalhin si
Pablo sa Kuta. 35 Pagdating ni Pablo sa
hagdan, binuhat na siya ng mga sundalo
dahil sa ibayong karahasan ng mga tao.
36 Isinisigaw ng sumusunod na nagkaka-
gulong mga tao: "Patayin siya!"
37 Nang ipapasok na sa Kuta si Pablo,
sinabi niya sa pinuno: "Puwede ba kitang
makausap?" At sumagot ito: "Marunong
ka ba ng Griyego? 38 Hindi ba ikaw ang
Ehipsiyong kamakailan lamang ay nag-
himagsik at isinama sa ilang ang apat na
libong lalaking gerilya?" 39 Sumagot si
Pablo: "Ako'y Judiong taga-Tarso sa Cili-
cia, mamamayan ng isang di-pang-
karaniwang lunsod. Pabayaan mo sana
akong magsalita sa bayan."
40 Pumayag naman ang pinuno, at
tumindig si Pablo sa mga baytang at
sinenyasan ang mga tao. At nang tuma-
himik ang mga iyon, nagsalita siya sa
wikang Hebreo:

**Nagsalita si Pablo sa mga Judio**

**22** 1 "Mga kapatid at mga ama, pa-
kinggan ninyo ngayon ang aking
pagtanggol."
2 Lalo silang natahimik nang marinig
nilang nagsasalita siya sa Hebreo. At
sinabi niya:

• 3 "Ako ay Judio, ipinanganak sa Tarso
sa Cilicia, ngunit sa lunsod na ito mismo
ako lumaki at tinuruan ni Gamaliel ayon
sa mahigpit na pagtupad sa Batas ng
ating mga ninuno. At naging masigasig
akong tagapaglingkod ng Diyos, tulad
ninyo hanggang sa araw na ito. 4 Pinag-
usig ko upang malipol ang Daang ito, at
ipinagapos ko't ipinabilanggo lalaki man
o babae. 5 Makapagpapatotoo rito ang
Punong-pari at ang buong kapulungan ng

---

sa 6:9). Maraming paratang ang mga Judio ng Asia. Pinakamalubha rito ang pagdadala ni Pablo ng "di tinuling tao" sa templo. Kamatayan ang kaparusahan sa paglapastangang ito. *Nangangaral ang taong ito laban sa ating bayan, sa batas at sa templo*. May mga katulad na paratang kay Kristo at kay Esteban.

Mali ang parating na ito. Gayunpaman, hindi ganap na mali ang mga Judio. Humuhubog si Pablo ng mga Kristiyano na pinapalitan ng pananampalataya kay Kristo ang pagsamba sa Templo. Pinapalitan nila ng buhay ng pagtalima sa Espiritu ang Batas at ng pangkalahatang kapatiran ng Kristiyano ang pagkamakabayan ng Judio. Nakakatulad ng galit ng mga Judio ang sa ibang grupo ng mga Kristiyano na natatakot na ang pagbabago ng Iglesya ay maaaring magdulot ng paghamak sa kanilang mga debosyon at mga samahan, at maaaring makapinsala sa pampulitikang pagkakaisa ng mga Katoliko.

Katabi at nakatanaw sa Templo ang kutang himpilan ng mga Romanong sundalong sumasakop sa Jerusalem at nagpapanatili ng kaayusan. Dahil dito, nakapamagitan ang mga sundalo bago sinapit ni Pablo ang kapalaran ni Esteban.

• **22.**3. Upang maunawaan ang mga kabanatang may kinalaman sa paglilitis kay Pablo, dapat nating tandaan na lubhang organisado ang paglalapat ng katarungan sa Imperyong Romano. Nasa Roma ang Kataas-taasang Hukuman: ang Hukuman ni Cesar. Ang mga mamamayang Romano na nangangamba sa

Matatanda. Inirekomenda pa nga nila ako
sa mga kapatid sa pagsulat nila, at
naglakbay naman ako pa-Damasco para
dakpin ang mga Kristiyanong naroon at
dinalang nakagapos sa Jerusalem upang
parusahan.
6 Sa aking paglalakbay, nang malapit
na ako sa Damasco nang magtatangha-
ling-tapat, may nakasisilaw na liwanag
mula sa langit na biglang kumislap sa
paligid ko. 7 Bumagsak ako sa lupa at
may narinig akong tinig na nagsabi sa
akin: 'Saulo, Saulo, bakit mo ako inu-
usig?' 8 At sumagot ako: 'Sino ka,
Panginoon?' At sinabi niya sa akin: 'Ako si
Jesus ng Nazaret na siya mong inuusig.'
9 Nakita ng mga kasama ko ang liwanag
pero hindi narinig ang tinig na nagsasalita
sa akin. 10 At nagtanong ako: 'Panginoon,
ano ang gagawin ko?' At sumagot ang
Panginoon: 'Tumindig ka at pumunta sa
Damasco, at doon sasabihin sa iyo ang
lahat ng nakatakda mong gawin.' 11 Hindi
ako makakita dahil sa nakasisilaw na
liwanag, kayat inakay ako pa-Damasco
ng aking mga kasama.
12 Doo'y may isang lalaking maka-
Diyos ayon sa Batas at iginagalang ng
lahat ng Judiong naroon. Ang pangalan
niya'y Ananias. 13 Pagdating niya'y
tumayo siya sa tabi ko at sinabi: 'Kapatid
na Saulo, tanggapin mo ang iyong pani-
ngin.' At nang mga sandali ring iyo'y
nakita ko siya. 14 At sinabi niya: 'Hinirang
ka ng Diyos ng ating mga ninuno upang
malaman mo ang kanyang kalooban at
makita ang Makatarungan at marinig ang
kanyang tinig. 15 Ikaw ang magiging saksi
niya sa lahat ng tao sa makikita mo at
maririnig. 16 Ano pa ang hinihintay mo?
Tumindig ka at magpabinyag upang
mahugasan ang iyong mga kasalanan sa
pagtawag sa kanyang Pangalan.'
17 Nang magbalik ako sa Jerusalem at
habang nananalangin sa Templo, hinagip
ng Espiritu ang aking kaluluwa 18 at nakita
ko siya. At sinabi niya sa akin: 'Mag-
madali ka't umalis agad sa Jerusalem
pagkat hindi nila tatanggapin ang pag-
papatotoo mo tungkol sa akin.' 19 At
sumagot ako: 'Panginoon, sila mismo ang
nakaaalam na nilibot ko ang mga sina-
goga, ibinilanggo't ginulpi ang mga
sumasampalataya sa iyo. 20 At nang
ibuhos ang dugo ni Esteban na iyong
saksi, naroon ako at sumang-ayon, at bi-
nantayan ko pa nga ang mga damit ng
mga pumatay sa kanya.' 21 Ngunit sinabi
ng Panginoon sa akin: 'Lumakad ka na;
ipadadala kita sa malayo, doon sa mga
bansang pagano'."
22 Hanggang dito'y pinakikinggan siya
ng mga tao pero pagkatapos ng mga
salitang iyo'y nagsigawan sila: "Patayin
siya! Huwag siyang hayaang mabuhay!"
23 Sumisigaw ang mga tao at iwina-
wagwag ang kanilang mga damit at
nagsasaboy ng alikabok. 24 Kaya iniutos
ng pinuno na ipasok siya sa Kuta para
siyasatin at ipahampas upang malaman
kung bakit sumisigaw laban sa kanya ang
mga tao.
25 Ngunit nang maigapos na nila siya
para hampasin, sinabi niya sa kapitan na

---

di-makatarungang paglilitis sa kanilang lalawigan ay maaaring dumulog sa Hukuman ni Cesar. May mga gobernador (o prokurador) na nangangasiwa sa katarungan sa bawat lalawigan. Sa lupain ng mga Judio, ang mahahalagang kaso ay sinasarili ng mga Romanong sumakop sa lupain, ngunit ipinauubaya nila ang iba sa mga hukumang Judio lalung-lalo na ang mga hinggil sa relihiyon. Magdaraan si Pablo sa sari-saring hukuman, mula sa Sanhedrin o hukumang panrelihiyon ng mga Judio hanggang sa Hukuman ni Cesar.

Sa gayon, napatutunayan kay Pablo ang mga salita ni Jesus sa mga apostol nang pagkatiwalaan niya silang magpahayag sa mga Judio at sa mga awtoridad nito.

Sinisikap ni Pablo na gawing paksa ang Muling Pagkabuhay ni Kristo sa kanyang pamamahayag. Nagkaroon ng paglilitis upang hatulan si Jesus. Ngayon nama'y sinisikap ni Pablong bigyang-pansin ng gobernador ang Muling Pagkabuhay ni Jesus; at nagtatagumpay siya.

Sa bawat salinlahi, ganito rin ang matinding kasiglahan ng mga saksi ni Jesus kung paratangan sila: Ipakikita na hindi sila kumikilos sa sariling kapakanan o anumang motibo ng tao, kundi dahil mga lingkod sila ni Kristo.

naroon: “Puwede bang hagupitin ang
isang mamamayang Romano na hindi pa
nalilitis?”
26 Nang marinig iyon ng kapitan, lu-
mapit ito sa pinuno at sinabi: “Ano nga-
yon ang magagawa mo! Mamamayang
Romano iyan.” 27 Kaya nilapitan si Pablo
ng pinuno at sinabi sa kanya: “Mamama-
yang Romano ka nga ba?” At sumagot
siya: “Oo.” 28 Nagsalita ang pinuno: “Ma-
laki ang nagastos ko para maging
mamamayang Romano.” Sumagot
naman si Pablo: “Ako nama’y ipina-
nganak na Romano.”
29 Kaya nagsilayo ang mga nagsisi-
yasat sa kanya at natakot din ang pinuno
nang malamang mamamayang Romano
pala ang kanyang ipinagapos.

**Humarap si Pablo sa Sanhedrin**

30 Ngunit kinabukasan, sa hangad ng
pinuno na matiyak kung bakit siya pinara-
tangan ng mga Judio, pinakalagan niya si
Pablo at iniutos na magpulong ang mga
punong-pari at ang buong Sanggunian na
tinatawag na Sanhedrin. Ipinababa
naman niya si Pablo at iniharap sa kanila.

**23** 1 Tinitigan ni Pablo ang San-
hedrin at sinabi: “Mga kapatid,
namumuhay akong malinis ang budhi sa
harap ng Diyos hanggang sa araw na ito.”
2 At inutusan ng Punong-paring si Ananias
na suntukin sa bibig si Pablo ng mga
nakatayong malapit sa kanya. 3 Kaya
sinabi sa kanya ni Pablo: “Susuntukin ka
ng Diyos, ikaw na mapagkunwari! Naka-
luklok ka rito para hukuman ako ayon sa
Batas, pero ipinasusuntok mo ako nang
labag sa batas.” 4 Sinabi ng mga naroon:
“Nilalapastangan mo ba ang Punong-pari
ng Diyos?” 5 At sumagot si Pablo: “Mga
kapatid, hindi ko alam na siya pala ang
Punong-pari, sapagkat nasusulat: *Huwag
mong insultuhin ang pinuno ng iyong
bayan.*”
6 Ngunit alam ni Pablo na may mga
Sadduseo sa kanila at mga Pariseo naman
ang iba, kaya sumigaw siya sa gitna ng
Sanhedrin: “Mga kapatid, ako ay isang
Pariseo, anak ng mga Pariseo. Nililitis ako
ngayon dahil sa pag-asa kong muling
mabubuhay ang mga patay.”
7 Pagkasabi niya nito, nagtalu-talo ang
mga Sadduseo at mga Pariseo, at nahati
ang kapulungan. 8 Sapagkat sinasabi ng
mga Sadduseo na walang muling pagka-
buhay, walang anghel at walang espiritu.
Ngunit kinikilala naman ng mga Pariseo
ang lahat ng iyon. 9 Lalong lumakas ang
sigawan, at ilan sa mga guro ng Batas na
kakampi ng mga Pariseo ang tumayo at
nakipagtalo: “Wala kaming makitang
masama sa lalaking ito. Ano kung may
espiritu o anghel na nakipag-usap sa
kanya?”
10 Naging marahas ang pagtatalo.
Nangamba ang pinuno na baka lurayin ng
mga tao si Pablo kayat iniutos niyang
bumaba ang mga sundalo at agawin si
Pablo sa kanila at dalhin sa Kuta.
11 Nang sumunod na gabi, tumayo sa
kanyang tabi ang Panginoon, at sinabi:
“Lakasan mo ang iyong loob! Kung paano
ka nagpatotoo tungkol sa akin sa Jerusa-
lem, gayundin ang dapat mong gawin sa
Roma.”

**Ang sabwatan sa pagpatay kay Pablo**

12 Kinaumagahan, nagsabwatan ang
ilang Judio at sumumpang di sila kakain o
iinom hanggang hindi napapatay si Pablo.
13 Mahigit sa apatnapu ang sangkot sa
pakanang ito. 14 At humarap ang mga ito
sa mga punong-pari at Matatanda, at
sinabi: “Gumawa kami ng panata sa sarili
na hindi kami titikim ng anuman
hanggang hindi namin napapatay si
Pablo. 15 Kaya hilingin ninyo at ng
Sanhedrin sa pinuno ng batalyon na
iharap siyang muli sa inyo na kunwa’y
sisiyasating mabuti ang kanyang usapin.
At handa kaming patayin siya habang
paparito.”

16 Narinig ng anak na lalaki ng kapatid
na babae ni Pablo ang pakanang ito, kaya
pumasok ito sa Kuta at sinabi kay Pablo.
17 Tinawag ni Pablo ang isa sa mga
kapitan at sinabi: “Samahan mo ang
binatang ito sa pinuno dahil may
sasabihin siya sa kanya.” 18 Iniharap niya
ito sa pinuno at sinabi: “Tinawag ako ng
bilanggong si Pablo at pinakiusapang
iharap ko sa inyo ang binatang ito
sapagkat may sasabihin siya sa inyo.”
19 Hinawakan ng pinuno sa kamay ang
binata, inilayo at kinausap nang sarilinan:
“Ano ang sasabihin mo sa akin?” 20 At
sumagot ang binata: “Napagkaisahan ng
mga Judio na ipaharap sa inyo bukas sa
Sanhedrin si Pablo, na kunwa’y sisiyasatin
siyang mabuti. 21 Pero huwag kayong
maniniwala dahil mahigit sa apatnapu sa
kanila ang naghihintay para tambangan
siya. Napagkasunduan nga nilang hindi
kakain o iinom hanggang hindi nila
napapatay si Pablo at ngayo’y nakahanda
na sila, at hinihintay na lamang ang
inyong sagot.” 22 Pinaalis ng pinuno ang
binata at inutusan: “Huwag mong sasa-
bihin kaninuman na sinabi mo ito sa
akin.”

**Inilipat si Pablo sa Cesarea**

23 Tinawag niya ang dalawang kapitan
at sinabi: “Mamayang alas nuwebe ng
gabi, ihanda ninyo ang dalawandaang
sundalo at pitumpung kabayuhan at
dalawandaang may-sibat, at papuntahin
sila sa Cesarea. 24 Maghanda rin kayo ng
mga masasakyan ni Pablo para madala
siyang ligtas kay Gobernador Felix.”
25 At sumulat siya na ganito ang nilala-
man:
26 “Pagbati ni Claudio Lisias sa kaga-
lang-galang na Gobernador Felix:
27 Dinakip ng mga Judio ang lalaking ito,
at papatayin na sana nila ngunit dumating
ako kasama ng mga sundalo, at iniligtas
ko siya nang malaman kong Romano
siya. 28 Sa hangarin kong malaman ang
paratang nila laban sa kanya, iniharap ko
siya sa Sanhedrin. 29 Nabatid kong tung-
kol pala sa mga pagtatalo sa kanilang
Batas ang akusasyon sa kanya, pero wala
namang sakdal na dahilan para patayin
siya o ibilanggo. 30 At nang may nagsabi
sa akin na may pakana ang mga Judio
laban sa lalaking ito, ipinadala ko siya
agad sa iyo. Iniutos ko rin sa mga
nagsasakdal sa kanya na sa iyo iharap
ang kanilang usapin.”
31 Kayat kinuha ng mga sundalo si
Pablo, ayon sa mga utos sa kanila, at
dinala sa Antipatris kinagabihan. 32 Bu-
malik sila sa Kuta kinabukasan, ngunit
iniwan ang kabayuhan para samahan si
Pablo. 33 Pagdating nila sa Cesarea, ini-
abot nila ang sulat sa gobernador at
iniharap si Pablo. 34 Matapos basahin ang
sulat, itinanong ng gobernador kung taga-
saang probinsya si Pablo. 35 Nang
malaman niyang taga-Cilicia ito, sinabi
niya: “Diringgin ko ang iyong usapin
pagdating ng mga nagsasakdal sa iyo.” At
iniutos niyang bantayan si Pablo sa
palasyo ni Herodes.

**Iniharap ang usapin kay Felix**

**24** 1 Makaraan ang limang araw,
bumaba pa-Cesarea ang Punong-
paring si Ananias para iharap sa goberna-
dor ang kanilang demanda laban kay
Pablo. Kasama niya ang ilang Matatanda
at isang abogadong nagngangalang
Tertulo. 2 Tinawag si Pablo, at sinimulan ni
Tertulo ang kanyang pagsasakdal at
sinabi:
3 “Kagalang-galang na Felix, dahil sa
iyo kaya kami nagtatamasa ng kapaya-
paan, at dahil sa iyong karunungan,
maraming pagbabago ang naipasok sa
bansang ito. Kinikilala namin ito saanman
at sa lahat ng paraan at lubos kang
pinasasalamatan. 4 At para hindi ka na
labis na maabala pa, hinihiling kong
pakinggan sana kami kahit sandali ayon
sa iyong kagandahang-loob. 5 Napag-

alaman naming salot pala ang lalaking
ito. Siya ang pasimuno ng sekta ng mga
Nazareno at nanggugulo siya sa mga
Judio sa buong daigdig. 6 Tinangka
niyang lapastanganin pati na ang Templo
pero dinakip namin siya at hahatulan na
sana namin siya ayon sa aming Batas,
7 ngunit dumating si Lisias na pinuno ng
sanlibo, at marahas siyang inagaw sa
amin. 8 At iniutos na sa iyo humarap ang
mga nagsasakdal sa kanya. Kung sisiya-
satin mo siya, malalaman mo ang lahat
ng demanda namin laban sa kanya."

9 Nakiisa rin ang mga Judio sa de-
manda, at pinatunayan na ganoon nga
ang mga bagay.

10 Nang hudyatan ng gobernador si
Pablo para magsalita, sumagot siya:

"Sa pagkakaalam kong maraming taon
nang ikaw ang namumuno sa bansang ito,
buong pananalig kong ipagtatanggol ang
aking sarili. 11 Mapatutunayan mo na
labindalawang araw pa lamang ang naka-
raraan nang umahon ako sa Jerusalem
para sumamba. 12 At hindi nila ako naki-
tang nakikipagtalo kaninuman o nanggu-
gulo sa mga tao, maging sa templo o sa
sinagoga o sa lunsod. 13 Kaya hindi nila
mapatutunayan ang mga akusasyon nila
ngayon laban sa akin.

14 Ngunit inaamin ko sa inyo na sina-
samba ko ang Diyos ng aming mga
ninuno ayon sa Daang tinatawag nilang
sekta, at pinaniniwalaan ko ang lahat ng
itinakda ng Batas at nasusulat sa mga
Propeta. 15 At gayon din ang pag-asa ko
sa Diyos gaya nila na may pagkabuhay ng
mga makatarungan at di-makatarungan.
16 Kaya naman sinisikap kong magkaroon
ng malinis na budhi sa harap ng Diyos at
ng mga tao.

17 Makalipas ang maraming taon, nag-
balik ako para maghatid ng limos sa aking
bayan at mag-alay ng mga handog.
18 Habang ginagawa ko ito, nakita nila ako
sa Templo; malinis ako ayon sa Batas, at
wala akong kasama at walang anumang
gulo. 19 Ilang Judiong taga-Asia ang dapat
sanang narito sa harap mo para isakdal
ako, kung mayroon man silang demanda
laban sa akin. 20 O kaya'y ang mga narito
mismo ang magsabi kung anong
pagkakasala ang napatunayan nila nang
humarap ako sa Sanhedrin, 21 maliban sa
isinigaw ko sa harap nila: "Dahil lamang
sa muling pagkabuhay ng mga patay
kaya ako ninyo hinuhukuman ngayon."

22 Pinauwi sila ni Felix sapagkat may
ganap siyang kaalaman sa Daan, at
sinabi: "Pagdating ng pinunong si Lisias
saka ko hahatulan ang iyong usapin."
23 Pagkatapos ay inutusan niya ang
kapitan na bantayan si Pablo ngunit
maging maluwag sa kanya, at huwag
pagbawalan ang kanyang mga kaibigan
na tulungan siya.

24 Pagkalipas ng ilang araw, dumating si
Felix kasama ang kanyang asawang si
Drusila na isang Judio. 25 Ipinatawag niya
si Pablo at nakinig sa kanya tungkol sa
pananampalataya kay Kristo Jesus. Pero
nang talakayin nito ang tungkol sa kata-
rungan, sa pagpipigil sa sarili at sa da-
rating na paghuhukom, nabagabag si
Felix at sinabi: "Makaaalis ka na ngayon.
Sa ibang pagkakataon na lamang kita
ipatatawag." 26 Umaasa rin naman siyang
susuhulan siya ni Pablo, kaya malimit
niya itong ipinatatawag at kinakausap.
27 Makaraan ang dalawang taon, hinalin-
han ni Porcio Festo si Felix. Gusto ni Felix
na bigyang-lugod ang mga Judio kaya
iniwan niya si Pablo sa kulungan.

**Ang paglilitis sa harap ni Festo**

**25** 1 Tatlong araw pagkarating ni
Festo sa kanyang probinsya,
nagpunta siya sa Jerusalem mula sa
Cesarea. 2 Dumulog sa kanya ang mga
punong-pari at mga pinuno ng mga Judio
para isakdal si Pablo. 3 Pinakiusapan ng
mga ito si Festo bilang pabor sa kanila na
dalhin si Pablo sa Jerusalem; habang

binalak naman nilang tambangan at pata-
yin ito sa daan. 4 Sumagot si Festo na
nakakulong si Pablo sa Cesarea at siya
man ay dapat ding pumaroon sa lalong
madaling panahon. 5 Kaya idinugtong
niya: "Pasamahin ninyo sa akin ang ilan
sa inyong mga pinuno, at sila ang
magsakdal kung may nagawa mang
anuman ang lalaking iyon." 6 Mga walo o
sampung araw siyang tumigil doon at
saka nagpunta sa Cesarea.

Kinabukasan, naupo si Festo sa hu-
kuman at ipinatawag si Pablo. 7 Pagdating
ni Pablo, pinaligiran siya ng mga Judiong
galing sa Jerusalem, at nagharap ng
marami at grabeng akusasyon laban sa
kanya, ngunit hindi naman nila mapa-
tunayan. 8 Sa pagtatanggol sa kanyang
sarili, sinabi ni Pablo: "Wala akong gina-
wang paglabag sa Batas ng mga Judio o
sa Templo o sa Cesar."

9 Gusto naman ni Festo na pagbigyan
ang mga Judio, kaya sinabi niya kay
Pablo: "Gusto mo bang magpunta sa
Jerusalem upang doon hatulan sa harap
ko tungkol dito? 10 Ngunit sumagot si
Pablo: "Sa hukuman ng Cesar ako naka-
harap, at dito ako dapat hatulan. Gaya ng
alam mo, wala akong pagkakasala sa
mga Judio. 11 Kung nagkasala man ako at
dapat kong pagdusahan ng kamatayan,
hindi ako tumatangging mamatay. Ngunit
kung walang katotohanan ang kanilang
mga demanda laban sa akin, walang
makapagsusuko sa akin sa kanila. Mag-
hahabol ako sa Cesar."

12 Matapos kausapin ni Festo ang
kanyang Sanggunian, sinabi niya: "Sa
Cesar ka naghabol, sa Cesar ka paro-
roon."

13 Makalipas ang ilang araw, dumating
sa Cesarea si Haring Agripa at ang
kapatid na babae nitong si Bernice para
batiin si Festo. 14 Dahil sa pagtigil nila
roon nang ilang araw, iniharap ni Festo sa
hari ang usapin ni Pablo, sa pagsasabing:

"May iniwang bilanggo si Felix. 15 Nang
nasa Jerusalem ako, humarap sa akin
ang mga punong-pari at Matatanda ng
mga Judio at hininging hatulan ko ito.
16 Sinabi ko naman sa kanila na hindi
kaugalian ng mga Romano na isuko ang
sinuman hanggang hindi naihaharap sa
mga nagsasakdal sa kanya para maipag-
tanggol ang sarili. 17 Kayat pagdating nila
ritong kasama ko, hindi ako nag-aksaya
ng panahon, kundi naupo ako sa huku-
man nang sumunod na araw at iniutos na
iharap ang tao.

18 Ngunit nang tumayo sila para isakdal
siya, wala naman silang maiharap na
mabigat na paratang sa palagay ko.
19 Mga pagtatalo lamang na may kina-
laman sa kanilang relihiyon at sa isang
Jesus na namatay, na iginigiit naman ni
Pablong buhay. 20 Dahil hindi ko malaman
kung ano pa ang gagawin, tinanong ko
siya kung payag siyang magpunta sa Je-
rusalem para doon litisin. 21 Ngunit
naghabol si Pablo at mas gusto niyang
magpapigil upang ang emperador ang
humatol sa kanya. Kaya iniutos kong
pigilin siya hanggang maiharap sa Cesar."

22 Sinabi ni Agripa kay Festo: "Gusto
kong marinig ang taong iyon." Sinabi
naman ni Festo: "Maririnig mo siya
bukas."

23 Kinabukasan, maringal na pumasok
sina Agripa at Bernice sa hukuman,
kasama ang matataas na pinuno ng
militar at mga kinikilalang tao sa lunsod.
At iniutos ni Festo na ipasok si Pablo.
24 Sinabi ni Festo:

"Haring Agripa at lahat ng naririto nga-
yong kasama namin, nakikita ninyo ang
lalaking ito. Dahil sa kanya kaya nakiusap
sa akin ang buong pamayanan ng mga
Judio, sa Jerusalem man at pati na rito,
isinisigaw na hindi na siya dapat pang
mabuhay. 25 Ngunit wala akong makitang
anuman na dapat parusahan ng kama-
tayan, at dahil naghabol siya sa Em-
perador, ipinasya kong ipadala siya roon.
26 Ngunit wala akong tiyak na maisusulat

sa Emperador tungkol sa kanya. Kaya
inihaharap ko siya ngayon sa inyo, lalo na
sa iyo, Haring Agripa, para imbestigahan
siya at nang may maisulat ako.
27 Sapagkat sa palagay ko'y kalokohan
ang ipadala ang isang bilanggo nang hindi
tinutukoy ang mga sakdal laban sa
kanya."

**Ang talumpati ni Pablo sa harap ni Haring Agripa**

**26** • 1 Sinabi ni Agripa kay Pablo.
"May pahintulot kang magsalita
para sa iyong sarili." Kaya iniunat ni Pablo
ang kanyang kamay at sinimulan ang
kanyang pagtatanggol:
2 "Itinuturing kong mapalad ako, Haring
Agripa, na maipagtanggol ko ang aking
sarili laban sa lahat ng akusasyon sa akin
ng mga Judio sa iyong harap ngayon,
3 lalo na't alam mong lubos ang mga kau-
galian at mga magkakasalungat na pani-
nindigan ng mga Judio. Kaya pakinggan
mo sana ako.
4 Alam ng lahat ng Judio kung paano
ako namuhay sapul sa aking pagkabata,
noong una'y sa sariling bansa at pagka-
tapos ay sa Jerusalem. 5 Matagal na ni-
lang alam, kung gugustuhin nilang mag-
patotoo, na namuhay ako ayon sa pi-
nakamahigpit na sekta ng aming re-
lihiyon. Pariseo nga ako, 6 at narito ako
ngayon at nililitis dahil sa pag-asa sa
pangako ng Diyos sa aming mga ninuno.
7 Ito ang inaasahang makakamit ng aming
labindalawang tribu sa taimtim nilang
pagsamba araw at gabi. At ang pag-asa
ring ito ang dahilan ng pagsasakdal sa
akin ng mga Judio, O Mahal na Hari!
8 Bakit hindi kayo makapaniwalang
binubuhay na muli ng Diyos ang mga
patay?
9 Inakala ko mismo noon na dapat kong
labanan nang buong-lakas ang Pangalan
ni Jesus ng Nazaret. 10 At ito nga ang
ginawa ko sa Jerusalem. At sa kapangya-
rihang kaloob sa akin ng mga punong-
pari, ipinabilanggo ko ang maraming
sumasampalataya, at ako ma'y sumang-
ayon nang sila'y patayin.
11 At malimit kong pinupuntahan ang
mga sinagoga para parusahan sila at
piliting itakwil ang kanilang pananampa-
lataya. At sa matindi kong galit sa kanila,
inusig ko sila pati sa ibang mga lunsod.
12 Kaya naglakbay ako pa-Damasco,
taglay ang kapangyarihan at pahintulot
ng mga punong-pari. 13 Nang nasa daan
ako, O Mahal na Hari, at mga katanghali-
ang-tapat, nakita ko ang isang liwanag
mula sa langit, mas maningning pa kaysa
araw, na suminag sa paligid ko at sa aking
mga kasama. 14 Napasubasob kaming
lahat sa lupa, at may narinig akong tinig
na nagsalita sa akin sa wikang Hebreo:
'Saulo, Saulo, bakit mo ako inuusig?
Walang mangyayari sa iyong di pagsunod
sa mga sumbat at tawag.'
15 At sinabi ko: 'Sino ka, Panginoon?' At
sumagot ang Panginoon: 'Ako si Jesus na
iyong inuusig. 16 Bumangon ka ngayon at
tumindig. Napakita ako sa iyo para hira-
ngin kitang katulong at saksi sa mga
bagay na ipinakita ko at ipakikita pa sa

---

• **26.**1 Inilalahad ni Pablo ang isang pangyayari. Umaasa pa ang mga Judio sa kaligtasan. Hindi hadlang ang pagkakahati at pangungurakot ng kanilang mga pinuno sa kanilang paglilingkod sa Diyos at paghihintay na mamagitan siya sa tao.

Sinundan ito ng ulat ng kanyang pagbabago. Higit ang sinasabi niya hinggil sa kanyang pakikipag-usap kay Kristo kaysa kabanata 19-20.

*Nangaral ako upang magsisi sila*: ito ang naging turo ng mga propeta. *Kailangan niyang bumangon sa mga patay*: pinakapuso ng pananampalatayang Kristiyano. Naunawaan na ito ni Gobernador Felix sa 25:19, matapos mapakinggan si Pablo, kahit na wala siyang kaalaman ukol sa relihiyon.

Mas abala si Pablo na kumbinsihin ang iba kaysa ipagtanggol ang kanyang sarili. Mga tao lamang para sa kanya sina Agripa at Festo na nangangailangan din kay Kristo. Walang imik si Agripa, namamangha naman si Festo sa kaalaman ni Pablo sa Biblia at kasiglahan nito. Gayunman hindi nila naunawaan at hindi sila nakatugon sa pagtawag. Matapos ito, muli silang masasadlak sa kamunduhan, ang buhay at kaaliwan ng mga dakila.

iyo. 17 Ililigtas naman kita sa iyong bayan
at sa mga bansang di-Judiong kung saan
kita isusugo. 18 Ikaw ang magmumulat sa
kanilang mga mata, upang pabalikin sila
sa liwanag mula sa dilim, sa Diyos mula
sa kapangyarihan ni Satanas. At tatang-
gapin nila ang kapatawaran ng mga kasa-
lanan at ang pamana kasama ng mga
pinabanal sa pananampalataya sa akin.'
19 Kaya nga, Haring Agripa, hindi ako
sumuway sa pangitaing galing sa langit,
20 kundi nangaral ako, una sa mga nasa
Damasco, pagkatapos ay sa mga nasa
Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at
pati sa mga bansang di-Judio, upang
magsisi sila at magbalik-loob sa Diyos at
patunayan sa gawa ang kanilang
pagsisisi. 21 Dahil dito kaya ako dinakip ng
mga Judio sa Templo at tangkang
patayin. 22 Ngunit sumasaakin ang tulong
ng Diyos hanggang sa araw na ito kaya
nakatayo pa ako rito upang magpapato-
too maging sa maliliit o mga dakila.
Wala akong sinasabi liban sa ipina-
hayag ng mga propeta at pati ni Moises:
23 na kailangang maghirap ang Mesiyas,
at sa pagiging una niyang bumangon sa
mga patay, ipahahayag niya ang liwanag
sa kanyang bayan at sa mga bansa."
24 Sa bahaging ito ng pagtatanggol
ni Pablo, malakas na sinabi ni Festo:
"Baliw ka, Pablo. Nababaliw ka sa labis
mong karunungan." 25 Ngunit sinabi ni
Pablo: "Hindi ako baliw, kagalang-galang
na Festo. Katwiran at katotohanan la-
mang ang aking binigkas. 26 Alam ng hari
ang lahat ng ito kaya naman buong kata-
patan akong nagsasalita sa kanya. Tiyak
na wala ni isa man sa mga bagay na ito
ang nakalampas sa kanyang pansin dahil
hindi sa isang sulok lamang ito nangyari.
27 Haring Agripa, naniniwala ka ba sa mga
propeta? Alam kong naniniwala ka."
28 At sinabi ni Agripa kay Pablo: "San-
dali pa lamang at akala mo'y magiging
Kristiyano na ako!" 29 At sinabi ni Pablo:
"Maging sa maikli o mahabang panahon,
loobin nawa ng Diyos na hindi lamang
ikaw kundi ang lahat ng nakaririnig sa
akin ngayon ang maging tulad ko – ma-
liban sa mga tanikalang ito."
30 Pagkatapos ay tumindig ang hari,
pati ang gobernador at si Bernice at lahat
ng nakaupong kasama nila. 31 Sa kanilang
paglabas ay sinabi nila sa isa't isa: "Wa-
lang ginagawa ang lalaking ito para paru-
sahan ng kamatayan o pagkabilanggo."
32 At sinabi ni Agripa kay Festo: "Mapa-
lalaya na sana ang taong ito kung hindi
siya naghabol sa Cesar."

**Pag-alis patungong Roma**

27 • 1 Nang ipasyang maglalayag
na kami pa-Italya, ipinagkatiwala
si Pablo at ang iba pang mga bilanggo sa
kapitan ng batalyong Augusto, na nag-
ngangalang Julio. 2 Sumakay kami sa
isang barko ng Adramitio, na dadaan sa
mga baybayin ng Asia. Kasama naming
umalis si Aristarco na isang taga-Mace-
doniang galing sa Tesalonika. 3 Kinabu-
kasan, dumaong kami sa Sidon. Napaka-
buti ni Julio kay Pablo: pinabayaan pa nga
itong dumalaw sa kanyang mga kaibigan
at matulungan ng mga iyon. 4 Mula roo'y
naglayag kami't namaybay-dagat sa
Ciprus dahil pasalungat kami sa hangin.
5 Pumalaot kami at naglayag sa dagat ng
Cilicia at Panfilia, at nakarating kami sa
Mira sa Licia. 6 May nakita roon si Julio na
isang barkong galing Alejandria at pa-
Italya at pinasakay niya kami roon.

---

• **27.**1 Dinadala si Pablo sa Roma, kasama ang ilan pang mga bilanggo na pinaratangan at mahahatulan. Sa kanilang paglalayag may kapangyarihan sa kabila ng kapitan ng barko, ang opisyal Romano. Alam ng mga sundalo na sa pagkatakas ng isang bilanggo, kamatayan ang parusa sa tagapagbantay (tingnan sa 12:19 at 27:42). Nagpapakita ang ulat na sanay si Pablo sa ganitong paglalayag. Sa 2 Cor 11:25 sinabi niyang tatlong ulit na siyang nakaranas ng pagkabagbag ng barko.

Higit sa lahat taglay ni Pablo ang lakas ni Kristo. Sa bugso ng bagyo nanatiling matatag ang apostol.

7 Mabagal ang paglalayag namin sa loob ng maraming araw at nahirapan kami bago nakarating sa tapat ng Cnido. Dahil sa hangin hindi kami nakadaong doon kaya naglayag kaming nanganganlong sa Creta sa tapat ng Salmona. 8 Nahirapan din kami sa paglalayag hanggang makarating kami sa lugar na tinatawag na Magandang Daungan, malapit sa lunsod ng Lasea.

9 Maraming araw ang lumipas at lumipas na rin ang Araw ng Pag-aayuno kaya mapanganib na ang maglayag. At pinayuhan sila ni Pablo: 10 "Mga ginoo, nakikita kong mapanganib na ang paglalakbay na ito at siguradong masisira hindi lamang ang kargamento kasama ng barko, kundi maging ang ating buhay." 11 Ngunit mas pinaniwalaan ng kapitan ang tripulante at may-ari ng barko kaysa sinabi ni Pablo. 12 At dahil hindi angkop ang daungan para magparaan ng taglamig, ipinayo ng nakararami na ipagpatuloy ang paglalayag sa pag-asang makararating sila sa Fenice na isang pantalan sa Creta na nakaharap sa hilagang-kanluran at timog-kanluran, at doon magpalipas ng taglamig.

**Ang unos at ang pagkasira ng barko**

13 Nang umihip ang hangin mula sa timog, inakala nilang magtatagumpay sila. Kayat isinampa na ang angkla at namaybay-dagat sa Creta. 14 Ngunit hindi nagtagal at bumugso ang malakas na Hilagang-silangang hangin galing sa isla. 15 Tinamaan nito ang barko at hindi makasalungat sa hangin kayat nagpadala na lamang kami rito.

16 Sa panganganlong namin sa isang maliit na pulo na tinatawag na Cauda, hirap na hirap naming isinampa ang bangkang hila ng barko. 17 Pagkasampa sa bangka, pinatibay nila ang barko sa malalaking lubid, at sa takot na masadsad sa mga buhangin ng Sirte, ibinaba na lamang nila ang angklang nakalutang at nagpaanod.

18 Patuloy pa rin ang bagyo, kayat kinabukasan sinimulan nilang itapon sa dagat ang kargamento; 19 at sa ikatlong araw, itinapon na rin nila ang mga kagamitan ng barko. 20 Maraming araw nang hindi lumilitaw ang araw o mga bituin at patuloy pa rin ang bagyo, kayat nawalan na kami ng pag-asang maliligtas pa.

21 Matagal nang gutom ang mga tao, kaya tumayo sa harap nila si Pablo at sinabi: "Mga kasama, kung nakinig sana kayo sa akin at hindi umalis sa Creta, naiwasan sana natin ang kapahamakan at pinsalang ito. 22 Ngunit huwag kayong masisiraan ng loob, sapagkat walang buhay na mapapahamak kundi ang barko lamang. 23 Kagabi'y tumayo sa tabi ko ang isang anghel ng Diyos na siyang may-ari sa akin at siya kong sinasamba, 24 at sinabi niya sa akin: 'Huwag kang matakot, Pablo. Kailangang humarap ka sa Cesar; at ililigtas naman ng Diyos ang lahat ng kasama mong naglalayag.'

25 Kaya lakasan ninyo ang inyong loob, mga kasama, sapagkat nananalig ako sa Diyos na magaganap ito gaya nang sinabi niya sa akin. 26 Pero kailangan tayong sumadsad sa isang pulo."

27 Sa ikalabing-apat na gabi, ipinadpad kami sa Dagat Adriatico, at nang maghahatinggabi'y naramdaman ng mga mandaragat na malapit na ang lupa. 28 Sinukat nila ang lalim ng dagat at nakita nilang dadalawampung dipa lamang ito. Hindi nagtagal at muli nilang sinukat ang tubig at lalabinlimang dipa na lamang. 29 Sa pangambang baka sumalpok kami sa batuhan, inihulog nila ang apat na angkla sa hulihan ng barko, at hinangad na umumaga na sana. 30 Balak tumakas ng mga mandaragat, kaya ibinaba nila ang bangka sa dagat, na kunwa'y maghuhulog ng mga angkla sa unahan. 31 Ngunit sinabi ni Pablo sa kapitan at sa mga sundalo: "Kung hindi mananatili ang mga

taong ito sa barko, hindi kayo maliligtas."
32 Kayat nilagot ng mga sundalo ang lubid
ng bangka at binayaang mahulog.

33 Nang madaling-araw na, pinag-
payuhan silang lahat ni Pablo na kumain,
at sinabi: "Labing-apat na araw na kayong
balisang naghihintay, at gutom na kayo.
34 Kaya kumain kayo dahil kailangan
ninyo ito para maligtas kayo. Alam ninyo
na hindi maaano isa mang hibla ng buhok
sa inyong ulo." 35 Pagkasabi niya nito,
kumuha siya ng tinapay, nagpasalamat sa
Diyos sa harap ng lahat, piniraso iyon at
nagsimulang kumain. 36 Nabuhayan sila
ng loob, at kumain din. 37 Dalawandaa't
pitumpu't anim na lahat ang nasa barko.
38 Pagkakain nila nang sapat, itinapon nila
ang trigo para gumaan ang barko.

39 Nang umumaga na, hindi nila ma-
kilala ang lupang natatanaw pero may
nakita silang look na may dalampasigan,
at napagkaisahan nilang doon ipasadsad
ang barko kung maaari. 40 Kayat nilagot
nila ang tali ng mga angkla at iniwan na sa
dagat, at kinalag na rin ang mga lubid ng
timon. Itinaas nila ang layag sa unahan
para itulak ng hangin ang barko pa-
dalampasigan. 41 Ngunit sumadsad ito sa
bunton ng buhangin. Habang di-maka-
kilos ang unahan ng barko, nawasak
naman ang hulihan dahil sa kahahampas
ng mga alon.

42 Binalak ng mga sundalong patayin
na ang mga bilanggo para walang ma-
kalangoy at makatakas. 43 Ngunit gusto
ng kapitan na mailigtas si Pablo kaya
hinadlangan nito ang kanilang balak.
Iniutos niya sa mga marunong lumangoy
na maunang tumalon sa tubig at
lumangoy patungo sa pampang. 44 Ang
iba nama'y pinakuha niya ng tabla o
piraso ng barko. Kaya ligtas kaming
nakarating na lahat sa pampang.

**Sa Malta**

**28** • 1 Nang ligtas na kami, nalaman
naming Malta pala ang tawag sa
pulo. 2 Nagpakita sa amin ang mga
tagaroon ng di-karaniwang kabutihang-
loob. Nagparikit sila ng apoy at pinatuloy
kaming lahat dahil umuulan at maginaw.

3 Nanguha si Pablo ng mga tuyong
sanga at inilagay sa apoy, ngunit may
biglang lumabas na ulupong dahil sa init,
at kumabit ito sa kanyang kamay. 4 Nang
makita ng mga tagaroon ang ulupong na
nakabitin sa kanyang kamay, sinabi nila
sa isa't isa: "Tiyak na ito'y mamamatay-
tao. Nakaligtas nga siya sa dagat pero
hindi ipinahintulot ng Katarungan na
mabuhay pa siya." 5 Ngunit ipinagpag
lamang niya ang ahas sa apoy at hindi
siya naano. 6 Naghintay ang mga tao na
makita siyang mamaga o bigla na lamang
mabuwal at mamatay. Ngunit nang
matagal na silang naghihintay at wala
namang kakaibang nangyayari sa kanya,
nagbago sila ng isip at sinabing isa siyang
diyos.

**Mula Malta hanggang Roma**

• 11 Makaraan ang tatlong buwan,
sumakay kami sa isang barko na nag-
palipas din ng taglamig sa pulo. Galing sa
Alejandria ang barkong ito at taglay ang
sagisag ng Magkakambal. 12 Dumaong
kami sa Siracusa at tumigil doon nang
tatlong araw. 13 Mula roo'y lumigid kami at
dumating sa Regio. Kinabukasa'y bu-
mugso ang hangin galing sa timog, at
nang sumunod na araw kami dumating sa
Puteoles. 14 May ilang kapatid kaming
nakita roon na umimbita sa aming tumigil

• **28.**1 Nagpapaalaala ang nangyari sa ahas sa pangako ni Jesus sa mga misyonero (tingnan sa Mc 16:17-18). Tingnan ang unang ginagawa ni Pablo pagdating sa pulong hindi pa nakakarinig sa Ebanghelyo: pinagagaling niya ang mga maysakit.

• 11. Pagdating sa Roma, inasikasong mabuti si Pablo. Sa halip na ibilanggo, pinahintulutan siyang manirahan sa pansariling bahay (nakatali ang kanang kamay sa kaliwang kamay ng sundalo).

sa kanila nang pitong araw. Ganito kami
nakarating sa Roma.
15 Nang mabalitaan ng mga kapatid na
naroroon kami, sinalubong nila kami
hanggang Foro de Apio at Tres Tabernas.
Nang makita sila ni Pablo, nagpasalamat
siya sa Diyos at lumakas ang kanyang
loob. 16 Pagdating namin sa Roma, pina-
yagan si Pablo na bumukod ng tirahan,
kasama ang sundalong bantay niya.

**Tinipon ni Pablo ang mga Judio sa Roma**

• 17 Makalipas ang tatlong araw, ipina-
tawag ni Pablo ang mga pinuno ng mga
Judio, at nang nagkakatipon na ang mga
iyon, sinabi niya: "Mga kapatid, kahit wala
akong ginawa laban sa ating bayan o sa
kaugalian ng ating mga ninuno, dinakip
ako sa Jerusalem at ibinigay sa mga Ro-
mano. 18 Palalayain na sana nila ako
pagkasiyasat nila sa akin dahil wala silang
nakitang dahilan para parusahan ako ng
kamatayan. 19 Ngunit nang tumutol ang
mga Judio, napilitan akong maghabol sa
Cesar, kahit na wala naman akong iha-
harap na paratang laban sa aking bayan.
20 Dahil dito kaya ko hininging makita
kayo at makausap: nakatanikala nga ako
dahil sa pag-asa ng Israel."
21 At sinabi ng mga ito: "Wala kaming
natatanggap na sulat mula sa Judea
tungkol sa iyo, at walang sinuman sa mga
kapatid na dumating ang nagbalita o
nagsalita nang laban sa iyo. 22 Ngunit
gusto naming marinig ang iyong iniisip,
dahil alam nga naming sinasalungat ang
sektang ito sa lahat ng dako."
23 Nagtakda sila ng araw, at maraming
dumating sa tinutuluyan ni Pablo. Kaya
tinalakay niya ang mga bagay-bagay
mula umaga hanggang gabi. Ipinahayag
niya ang Kaharian ng Diyos at sinikap
silang kumbinsihin tungkol kay Jesus
batay sa Batas ni Moises at sa Mga
Propeta. 24 Nakumbinsi ang ilan sa
kanyang sinabi, samantalang hindi
naman naniwala ang iba. 25 Sa wakas,
hindi sila magkasundo sa isa't isa kaya
umalis sila nang sabihin ni Pablo: "Tama
ang sinabi ng Espiritu Santo sa inyong
mga ninuno sa pamamagitan ni Propeta
Isaias:
26 *Pumunta ka sa bayang ito at sabihin:*
*Makinig man kayo nang makinig, hindi*
*kayo makauunawa; tumingin man kayo*
*nang tumingin, ngunit hindi kayo*
*makakakita.*
27 *Sapagkat tumigas na ang puso ng*
*bayang ito; hindi na makarinig ang ka-*
*nilang mga tainga, at ipinikit na ang*
*kanilang mga mata, at baka makakita ang*
*kanilang mga mata, makarinig ang*
*kanilang mga tainga, makaunawa ang*
*kanilang puso, at magbalik-loob, at*
*pagalingin ko sila.*

28 Dapat din ninyong malaman na
ipinadadala rin sa mga di-Judio ang
pagliligtas na ito ng Diyos; at makikinig
sila." 29 Pagkasabi niya nito, umalis ang
mga Judio at sila-sila ang nagtalu-talo.

30 At nanirahan si Pablo sa Roma nang
dalawang buong taon sa bahay na
kanyang inuupahan, at tinatanggap
naman niya ang sinumang gustong ma-
kipagkita sa kanya. 31 Ipinangaral niya ang
Kaharian ng Diyos at buong katatagang
itinuro ang tungkol sa Panginoong Jesu-
cristo. At walang humadlang sa kanya.

---

• 17. Sa Roma, pinagkaabalahan niyang isaayos ang kanyang kalagayan sa mga Judio. Hindi niya gustong kilalaning taksil sa sariling bansa dahil sa mga paratang at paglilitis sa kanya.

Inuulit ng unang pagkatagpo ni Pablo sa mga Judio ang ating nabasa tungkol sa unang pagpapahayag niya (tingnan sa 13:46-47). Parang buod ng aklat ito: dapat munang ipahayag sa mga Judio ang Ebanghelyo, ngunit kung tatanggihan nila ito, hindi ito pipigil sa Salita ng Diyos na maipahayag sa iba. Dalawang taong nanatili si Pablo na tila isang bilanggo. Ito ang takda ng batas para sa pamigil na pagkapiit.

Ano ang nangyari matapos ito? Walang nabanggit si Lucas at ipinakita ng huling pahina ang pagtatagumpay ng Ebanghelyo sa gitna ng mga balakid.